



# Handbook ng Miyembro

Ang kailangan mong malaman tungkol sa iyong mga benepisyo

**UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.**

Pinagsamang Ebidensya ng Saklaw (EOC)  
at Form ng Pagsisiwalat

County ng San Diego

# Iba pang mga wika at format

---

## Iba pang mga wika

Makukuha mo ang Handbook ng Miyembro na ito at ang iba pang mga materyales ng plano nang libre sa ibang mga wika. Tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Libre ang tawag. Basahin ang Handbook ng Miyembro na ito upang malaman ang higit pa tungkol sa mga serbisyo ng tulong sa wika para sa pangangalagang pangkalusugan, tulad ng mga serbisyo ng interpreter at pagsasalin.

## Iba pang mga format

Puwede mong makuha ang impormasyong ito sa ibang format, tulad ng braille, print audio na may malaking 20 puntos, at makukuhang elektronikong mga format nang libre. Tumawag sa **1-866-270-5785**, (TTY **711**). Libre ang tawag.



## Mga serbisyo ng interpreter

Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay nagbibigay ng parehong nakasulat at binibigkas na serbisyo mula sa isang kuwalipikadong interpreter sa 24 oras na batayan, nang libre. Hindi mo kailangang gumamit ng kapamilya o kaibigan bilang interpreter. Hindi namin hinihikayat ang paggamit ng mga menor de edad bilang interpreter, maliban kung emerhensiya. Makukuha nang libre ang mga serbisyo ng interpreter, wika at kultura. Makakahingi ng tulong nang 24 oras isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para sa tulong sa wika o para makuha ang handbook na ito sa ibang wika, tumawag sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Libre ang tawag.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

---

## English

ATTENTION: If you need help in your language call 1-866-270-5785 (TTY: 711). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call 1-866-270-5785 (TTY: 711). These services are free of charge.

## الشعار بالعربية (Arabic)

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ 1-866-270-5785

(TTY: 711). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة برايل والخط الكبير.

اتصل بـ 1-866-270-5785

(TTY: 711). هذه الخدمات مجانية.

## Հայերեն պիտակ (Armenian)

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք 1-866-270-5785 (TTY՝ 711): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր: Զանգահարեք 1-866-270-5785 (TTY՝ 711): Այդ ծառայություններն անվճար են:

## 简体中文标语 (Chinese)

请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 1-866-270-5785 (TTY: 711)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如文盲和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电 1-866-270-5785 (TTY: 711)。这些服务都是免费的。

## ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ 1-866-270-5785 (TTY 711)

ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼ ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ 1-866-270-5785 (TTY 711)। ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

## हिंदी टैगलाइन (Hindi)

ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो 1-866-270-5785 (TTY: 711) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। 1-866-270-5785 (TTY: 711) पर कॉल करें। ये सेवाएं नि:शुल्क हैं।

**Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong)**

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau 1-866-270-5785 (TTY 711). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntauv su thiab luam tawm ua tus ntauv loj. Hu rau 1-866-270-5785 (TTY 711). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

**日本語表記 (Japanese)**

注意：日本語での対応が必要な場合は 1-866-270-5785 (TTY 711)へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。1-866-270-5785 (TTY 711)へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

**한국어 태그라인 (Korean)**

유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 1-866-270-5785 (TTY 711)번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. 1-866-270-5785 (TTY 711)번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

**ແທກວາຍພາສາລາວ (Laotian)**

ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-866-270-5785 (TTY: 711). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນມີການເຊື່ອມເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມີໂຕພິມໃຫຍ່ໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-866-270-5785 (TTY: 711). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

**Mien Tagline (Mien)**

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux 1-866-270-5785 (TTY 711). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hluc mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzaih bun longc. Douc waac daaih lorx 1-866-270-5785 (TTY 711). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

**ប្រជាភាសាខ្មែរ (Cambodian)**

ចំណាំ: បើអ្នកត្រូវការជំនួយជាភាសារបស់អ្នក សូមទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-866-270-5785 (TTY 711)។ ជំនួយនិងសេវាកម្មសម្រាប់ជនពិការ ដូចជាឯកសារជាអក្សរធំសម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារជាអក្សរពុម្ពធំក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ 1-866-270-5785 (TTY 711)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

## **مطلب به زبان فارسی (Farsi)**

توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با (TTY 711) 1-866-270-5785 تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با 1-866-270-5785 (TTY 711) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

## **Русский слоган (Russian)**

ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру 1-866-270-5785 (линия ТТУ: 711). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру 1-866-270-5785 (линия ТТУ: 711). Такие услуги предоставляются бесплатно.

## **Mensaje en español (Spanish)**

ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al 1-866-270-5785 (TTY 711). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al 1-866-270-5785 (TTY 711). Estos servicios son gratuitos.

## **Tagalog Tagline (Tagalog)**

ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa 1-866-270-5785 (TTY: 711). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa 1-866-270-5785 (TTY: 711). Libre ang mga serbisyonang ito.

## **แท็กไลน์ภาษาไทย (Thai)**

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-866-270-5785 (TTY: 711) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-866-270-5785 (TTY: 711) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

## **Примітка українською (Ukrainian)**

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер 1-866-270-5785 (TTY: 711). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер 1-866-270-5785 (TTY: 711). Ці послуги безкоштовні.

## **Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese)**

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số 1-866-270-5785 (TTY: 711). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số 1-866-270-5785 (TTY: 711). Các dịch vụ này đều miễn phí.

# Maligayang pagdating sa UnitedHealthcare Community Plan!

---

Salamat sa pagsali sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay isang planong pangkalusugan na para sa mga tao na may Medi-Cal. Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay nakikipagtulungan sa Estado ng California upang matulungan kang makuha ang pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo.

## Handbook ng Miyembro

Sasabihin ng Handbook ng Miyembro na ito ang tungkol sa iyong saklaw sa ilalim ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Mangyaring basahin ito nang maingat at buo. Makakatulong ito para maunawaan at magamit mo ang iyong mga benepisyo at serbisyo. Ipinapaliwanag din nito ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang isang miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Kung mayroon kang espesyal na mga pangangailangan sa kalusugan, tiyaking basahin lahat ng seksyon na naaangkop sa iyo.

Ang Handbook ng Miyembro na ito ay tinatawag din na Pinagsamang Ebidensya ng Saklaw (Combined Evidence of Coverage o EOC) at Form ng Paghahayag. Buod ito ng mga tuntunin at patakaran UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at nakabatay ito sa kontrata sa pagitan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan o Department of Health Care Services (DHCS). Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon, tumawag sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa **1-866-270-5785**, (TTY **711**).

Tumawag sa **1-866-270-5785**, (TTY **711**) upang humingi ng kopya ng kontrata sa pagitan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at DHCS. Maaari ka ring humiling ng isa pang kopya ng Handbook ng Miyembro nang walang bayad o bumisita sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na website sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan) upang tingnan ang Handbook ng Miyembro. Maaari ka ring humiling, nang walang bayad, ng kopya ng non-proprietary na klinikal at administratibong mga polisiya at pamamaraan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., o kung paano ma-access ang impormasyon na ito sa website ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).  
Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang  
7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado.  
Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
[myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## **Kontakin kami**

Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. upang tumulong. Kung may mga tanong ka, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag.

Maaari ka ring bumisita nang online anumang oras sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

Salamat sa iyo,

UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.  
4365 Executive Drive, Suite 500  
San Diego, CA 92121





---

# Talaan ng mga nilalaman

<b>Iba pang mga wika at format</b> .....	<b><a href="#">2</a></b>
Iba pang mga wika .....	<a href="#">2</a>
Iba pang mga format .....	<a href="#">2</a>
Mga serbisyo ng tagapagsaling-wika .....	<a href="#">3</a>
<b>Maligayang pagdating sa UnitedHealthcare Community Plan!</b> .....	<b><a href="#">7</a></b>
Handbook ng Miyembro .....	<a href="#">7</a>
Makipag-ugnayan sa amin .....	<a href="#">8</a>
<b>1. Pagsisimula bilang isang miyembro</b> .....	<b><a href="#">12</a></b>
Paano kumuha ng tulong .....	<a href="#">12</a>
Sino ang maaaring maging miyembro .....	<a href="#">13</a>
Mga Identification (ID) kard .....	<a href="#">14</a>
<b>2. Tungkol sa iyong planong pangkalusugan</b> .....	<b><a href="#">15</a></b>
Pangkalahatang-ideya sa planong pangkalusugan .....	<a href="#">15</a>
Paano gumagana ang iyong plano .....	<a href="#">16</a>
Pagpapalit ng mga planong pangkalusugan .....	<a href="#">17</a>
Mga estudyante sa kolehiyo na lumilipat sa isang bagong county o sa labas ng California ..	<a href="#">18</a>
Pagpapatuloy ng pangangalaga .....	<a href="#">19</a>
Mga gastos .....	<a href="#">21</a>
<b>3. Paano kumuha ng pangangalaga</b> .....	<b><a href="#">25</a></b>
Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan .....	<a href="#">25</a>
Primary care provider (PCP) .....	<a href="#">26</a>
Network ng tagapaglaan ng serbisyo .....	<a href="#">30</a>
Mga Appointment .....	<a href="#">36</a>
Pagpunta sa appointment mo .....	<a href="#">37</a>
Pagkansela at muling pag-iskedyul .....	<a href="#">37</a>
Pagbabayad .....	<a href="#">37</a>



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**.  
Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang  
7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado.  
Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
[myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

Mga Referral	<a href="#">38</a>
Paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	<a href="#">40</a>
Mga pangalawang opinyon	<a href="#">41</a>
Sensitibong pangangalaga	<a href="#">42</a>
Agarang pangangalaga	<a href="#">44</a>
Emergency na pangangalaga	<a href="#">46</a>
NurseLine	<a href="#">47</a>
Mga paunang direktiba	<a href="#">48</a>
Pag-donate ng organ at tissue	<a href="#">48</a>
<b>4. Mga benepisyo at serbisyo</b>	<b><a href="#">49</a></b>
Ang sinasaklaw ng iyong planong pangkalusugan	<a href="#">49</a>
Mga benepisyo ng Medi-Cal na saklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.	<a href="#">52</a>
Iba pang saklaw na benepisyo at programa ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.	<a href="#">70</a>
Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal	<a href="#">73</a>
Mga serbisyong hindi mo makukuha sa pamamagitan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. o ng Medi-Cal	<a href="#">77</a>
Pagsusuri sa bago at kasalukuyang mga teknolohiya	<a href="#">77</a>
<b>5. Mabuting pangangalaga sa bata at kabataan</b>	<b><a href="#">78</a></b>
Mga serbisyong pambata (mga batang mas bata sa edad 21)	<a href="#">78</a>
Mga pagpapatingin sa kalusugan at pampigil na pangangalaga ng malusog na bata	<a href="#">79</a>
Pagtesting sa pagkalason ng dugo sa tingga	<a href="#">80</a>
Tulungan ang bata at kabataang makakuha ng mga serbisyo sa mabuting pangangalaga	<a href="#">81</a>
Mga pagpapatingin ng ngipin	<a href="#">81</a>
<b>6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema</b>	<b><a href="#">83</a></b>
Mga reklamo	<a href="#">84</a>
Mga Apela	<a href="#">85</a>
Ano ang gagawin kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon sa isang apela	<a href="#">86</a>



---

Mga Reklamo at Independent Medical Reviews (IMR) sa Department of Managed Health Care .....	<a href="#">87</a>
Mga Pagdinig ng Estado .....	<a href="#">88</a>
Pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso .....	<a href="#">90</a>
<b>7. Mga karapatan at responsibilidad .....</b>	<b><a href="#">91</a></b>
Ang iyong mga karapatan .....	<a href="#">91</a>
Ang iyong mga responsibilidad .....	<a href="#">92</a>
Abiso ng hindi pandiskrimina .....	<a href="#">93</a>
Mga paraan para makalahok bilang isang miyembro .....	<a href="#">95</a>
Abiso ng mga gawain sa pagkapribado .....	<a href="#">96</a>
Abiso tungkol sa mga batas .....	<a href="#">101</a>
Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang tagabayad sa huling pagkakataon, iba pang saklaw ng kalusugan at pagbawi sa tort .....	<a href="#">101</a>
Abiso tungkol sa pagbawi ng ari-arian .....	<a href="#">102</a>
Abiso ng Pagkilos .....	<a href="#">102</a>
<b>8. Mahahalagang numero at salitang aalamin .....</b>	<b><a href="#">103</a></b>
Mahahalagang numero ng telepono .....	<a href="#">103</a>
Mga salitang aalamin .....	<a href="#">103</a>



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

# 1. Pagsisimula bilang isang miyembro

---

## Paano kumuha ng tulong

Nais ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na maging masaya ka sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Kung may anumang katanungan o alalahanin ka tungkol sa iyong pangangalaga, nais kang marinig ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.!

### Mga Serbisyo sa Miyembro

Narito ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. upang tumulong sa iyo. Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay maaaring:

- Sumagot ng mga katanungan tungkol sa iyong planong pangkalusugan at mga saklaw na serbisyo
- Tumutulong sa iyong pumili o magpalit ng Tagapaglaan ng Pangunahing Pangangalaga o Primary Care Provider (PCP)
- Sabihin sa iyo kung saan makakakuha ng pangangalagang kailangan mo
- Tulungan kang kumuha ng mga serbisyo ng tagapagsalin kung hindi ka nagsasalita ng Ingles
- Tutulungan kang kumuha ng impormasyon sa ibang wika at format

Kung kailangan mo ng tulong, tumawag sa **1-866-270-5785**, (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. Dapat tiyakin ng UnitedHealthcare Community Plan of California na mas kaunti sa 10 minuto ang ipaghihintay mo kapag tumatawag.

Maaari ka ring bumisita nang online anumang oras sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).



## Sino ang maaaring maging miyembro

Maaari kang maging kwalipikado para sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. dahil kwalipikado ka para sa Medi-Cal at naninirahan ka sa County ng San Diego. Maaari kang makipag-ugnayan sa Departamento ng Kalusugan at mga Serbisyo sa Tao ng County ng San Diego sa mga numero ng telepono na nakalista sa seksyon na Mahahalagang Numero ng Telepono ng handbook na ito. Maaari ka ring maging kwalipikado para sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Social Security dahil nakakatanggap ka ng SSI/SSP. Maaari mong makaugnayan ang Opisina ng Social Security Administration sa isa sa mga sumusunod na lokasyon:

1333 Front St, San Diego, CA 92101	Telepono: 1-844-772-6623
8505 Aero Dr, San Diego, CA 92123	Telepono: 1-866-262-9881
700 E 24th St A, National City, CA 91950	Telepono: 1-866-262-9881
846 Arnele Ave, El Cajon, CA 92020	Telepono: 1-866-262-9881

Para sa mga tanong tungkol sa pagpapatala, tumawag sa Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711). O bumisita sa <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/>.

## Transisyunal na Medi-Cal

Ang Transisyunal na Medi-Cal ay tinatawag din na “Medi-Cal para sa mga taong nagtatrabaho.” Maaari kang makakuha ng Transisyunal na Medi-Cal kung huminto kang makakuha ng Medi-Cal dahil:

- Nagsimula kang kumita ng mas maraming pera
- Nagsimulang tumanggap ang iyong pamilya ng dagdag na suporta para sa anak o asawa



Maaari kang magtanong tungkol sa pagiging kwalipikado para sa Transisyunal na Medi-Cal sa iyong lokal na tanggapan ng mga serbisyong pangkalusugan at pantao sa [www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx) o tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711).



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](http://myuhc.com/CommunityPlan).

## Mga kard ng pagkakailanlan (ID)

Bilang isang miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., makakakuha ka ng isang ID kard ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Kailangan mong ipakita ang iyong ID kard sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at ang iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) kapag kumukuha ka ng anumang serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan o mga reseta. Dapat lagi mong dala ang lahat ng iyong mga kard sa kalusugan. Narito ang isang sampol ng BIC at ID kard sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para ipakita sa iyo kung ano ang hitsura nito:



Kung hindi mo makukuha ang iyong ID kard sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa loob ng ilang linggo pagkatapos magpatala, o kung nasira, nawala o ninakaw ang iyong kard, tumawag kaagad sa mga Serbisyo sa Miyembro. Padadalhan ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ng bagong kard nang libre. Tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](http://myuhc.com/CommunityPlan).

## 2. Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

---

### Overview ng planong pangkalusugan

Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay isang planong pangkalusugan na para sa mga tao na may Medi-Cal sa mga lugar ng serbisyo na ito: County ng San Diego. Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay nakikipagtulungan sa Estado ng California upang matulungan kang makuha ang pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo.

Maaari kang makipag-usap sa isang kinatawan ng mga serbisyo sa miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. upang malaman ang higit pa tungkol sa planong pangkalusugan at kung paano ito gagana para sa iyo. Tumawag sa **1-866-270-5785**, (TTY **711**).

### Kailan magsisimula at magtatapos ang iyong saklaw

Kapag nagpalista ka sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., padadalhan ka namin ng ID kard sa loob ng dalawang linggo pagkaraan ng petsa ng pagpapalista mo. Kailangan mong ipakita ang iyong ID kard sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at ang iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) kapag kumukuha ka ng anumang mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan o mga reseta.

Kailangang ma-renew ang iyong saklaw sa Medi-Cal bawat taon. Kung hindi kayang ma-renew ng opisina ng lokal na county ang iyong Medi-Cal na saklaw gamit ang elektronikong pagkukunan, padadalhan ka ng County ng Medi-Cal na form sa pag-renew. Kumpletuhin ang form na ito at ibalik sa inyong lokal na ahensya ng county sa mga serbisyo sa tao. Puwede mong ibalin ang impormasyon mo nang online, personal, o sa pamamagitan ng telepono o iba pang elektronikong paraan kung makukuha sa iyong bansa.

Maaari mong hilingin na wakasan ang iyong saklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at pumili ng kahit anong planong pangkalusugan sa anumang oras. Para sa tulong sa pagpili ng bagong plano, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711). O bumisita sa [www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov). Maaari mo ring hilingin na wakasan ang iyong Medi-Cal.

Ang UnitedHealthcare Community Plan ng California, Inc. ay ang planong pangkalusugan para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa San Diego County. Hanapin ang inyong lokal na tanggapan sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](http://myuhc.com/CommunityPlan).

## 2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

---

Maaaring matapos ang pagiging karapat-dapat sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. kung totoo ang alinman sa sumusunod:

- Umalis ka sa San Diego County
- Nasa piitan o bilangguan ka
- Wala ka nang Medi-Cal
- Kapag naging karapat-dapat ka sa programa ng pagsasaisantabi na humihiling sa iyong magpalista sa FFS Medi-Cal

Kapag nawala ang iyong UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na saklaw ng Medi-Cal, maaari ka pa ring maging karapat-dapat sa Free-for-Service (FFS) Medi-Cal na saklaw. Kung hindi ka sigurado kung saklaw ka pa rin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., mangyaring tumawag sa **1-866-270-5785**, (TTY **711**).

### Espesyal na mga konsiderasyon para sa mga Amerikanong Indian sa pinamamahalaang pangangalaga


Ang mga Amerikanong Indian ay may karapatang hindi magpatala sa isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal o maaaring iwanan ang kanilang mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga sa Medi-Cal at bumalik sa FFS Medi-Cal sa anumang oras at sa kahit anong dahilan.

Kung isa kang Amerikanong Indian, may karapatan kang kumuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa Indian Health Care Provider (IHCP). Maaari ka ring manatili o umalis sa pagkakatala mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. habang kumukuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa mga lokasyon na ito. Para sa impormasyon tungkol sa pagpapatala at pag-alis mula sa pagkakatala tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

## Paano gumagana ang iyong plano

Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay isang plano ng pinamamahalaang pangangalagang pangkalusugan na nakipagkontrata sa DHCS. Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay nakikipagtulungan sa mga doktor, ospital, at iba pang mga tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan sa sineserbisyuhang lugar ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. upang maghatid ng pangangalagang pangkalusugan sa iyo, ang miyembro. Habang ikaw ay miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan ng California, Inc., maaari kang maging karapat-dapat na makakuha ng ilang karagdagang serbisyong ipinagkakaloob sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal. Kasama rito ang mga reseta ng outpatient, mga gamot na hindi nakareseta at ilang mga medikal na suplay sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal Rx.

Sasabihin ng mga Serbisyo sa Miyembro kung paano gumagana ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., paano makakakuha ng pangangalagang kailangan mo, paano magtakda ng mga appointment sa provider sa loob ng mga pamantayang oras ng pag-access, paano humiling ng libreng mga serbisyo sa pagsasalang-wika, at paano malaman kung kuwalipikado ka sa mga serbisyong transportasyon.

16  Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).



Upang malaman ang higit pa, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Makikita mo rin ang impormasyon ng Serbisyo sa Miyembro na online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

### Pagpapalit ng mga planong pangkalusugan

Maaari kang umalis sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at sumali sa ibang planong pangkalusugan sa iyong tinitirhang county sa anumang oras. Tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711) para pumili ng bagong plano. Maaari kang tumawag sa pagitan ng 8:00 a.m. at 6:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes. O bumisita sa <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/>.

Tumatagal nang hanggang 30 araw upang maproseso ang iyong kahilingan na umalis sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at magpatala sa ibang plano sa iyong county kung walang mga isyu sa kahilingan. Upang malaman ang katayuan ng iyong kahilingan, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711).

Kung gusto mong umalis nang mas maaga sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., maaari kang humingi sa mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan ng pinabilis (mabilis) na pag-alis mula sa pagkakatala. Kung ang dahilan para sa iyong kahilingan ay nakakatugon sa mga alituntunin para sa pinabilis na pag-alis mula sa pagkakatala, makakakuha ka ng isang sulat upang sabihin sa iyo na ikaw ay naalis na sa pagkakatala.

Ang mga miyembro na maaaring humiling ng pinabilis na pagkakaalis mula sa pagkakatala ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga batang tumatanggap ng mga serbisyo sa ilalim ng Foster Care o mga programang Tulong sa Pag-ampon, mga miyembrong may mga espesyal na pangangalagang pangkalusugan, at mga miyembrong nakatala na sa Medicare o iba pang Medi-Cal o komersyal na plano ng pinamamahalaang pangangalaga.

Maaaring hilingin mong umalis ka sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. nang personal sa lokal na tanggapan ng inyong county sa mga serbisyo sa kalusugan at tao. Hanapin ang inyong lokal na tanggapan sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>. O tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711).



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

# Mga estudyante sa kolehiyo na lumilipat sa isang bagong county o sa labas ng California

Kung lilipat ka sa isang bagong county sa California upang mag-aral sa kolehiyo, sasaklawin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyo sa emerhensiya room at agarang pangangalaga sa iyong bagong county. Magagamit ang mga emerhensiya na serbisyo sa lahat ng mga nagpatala sa Medi-Cal sa buong estado kahit ano pa ang tinitirhang county. Ang kalakaran at pang-iwas na pangangalaga ay sinasaklaw lang sa iyong tinitirhang county.

Kung nakatala ka sa Medi-Cal at mag-aaral ng kolehiyo sa ibang county sa California, hindi mo kailangang mag-apply para sa Medi-Cal sa county na iyon.

Kapag pansamantala kang lalayo mula sa tahanan upang mag-aral sa kolehiyo sa ibang county sa California may dalawang opsyon na nakahanda para sa iyo. Maaari mong:

- Abisuhan ang inyong lokal na tanggapan ng San Diego County na pansamantala kang lilipat para mag-aral ng kolehiyo at ibigay mo ang iyong address sa bagong county. I-update ng county ang mga talaan ng kaso sa iyong bagong address at code ng county sa database ng Estado. Gamitin ang pagpipiliang ito kung gusto mong makakuha ng karaniwan o pang-iwas sa sakit na pangangalaga sa iyong bagong county. Maaaring kailanganin mong magpalit ng mga planong pangkalusugan kung hindi gumagana ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa county kung saan ka magkokolehiyo. Para sa mga katanungan at upang maiwasan ang anumang pagkaantala sa pagpapatala sa bagong planong pangkalusugan, tawagan ang mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711).
- Piliin mong huwag palitan ang iyong planong pangkalusugan kapag pansamantala kang lilipat upang mag-aral sa kolehiyo sa ibang county. Magagawa mo lamang na ma-access ang mga serbisyo ng emerhensiya room at agarang pangangalaga sa bagong county para sa ilang kondisyon. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa Kabanata 3, “Paano kumuha ng pangangalaga.” Para sa karaniwan at pang-iwas sa sakit na pangangalagang pangkalusugan, kakailanganin mong gamitin ang regular na network ng mga provider ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na nasa county na tinitirhan ng puno ng sambahayan.

Kung aalis ka pansamantala sa California upang mag-aral ng kolehiyo sa ibang estado at gusto mong panatilihin ang iyong saklaw sa Medi-Cal, makipag-ugnay sa iyong manggagawa sa pagiging karapat-dapat sa iyong lokal na tanggapan ng San Diego County. Hanggang karapat-dapat ka, sasaklawin ng Medi-Cal ang mga serbisyong emerhensiya at agarang pangangalaga sa iba pang estado. Sasaklawin din namin ang emerhensiya na pangangalagang nagresulta sa pagkaospital sa Canada at Mexico kung aprubado ang serbisyo at natutugunan ng doktor at ospital ang mga tuntunin ng Medi-Cal. Ang kalakaran at pang-iwas na mga serbisyo sa pangangalaga, kasama ang nakaresetang mga gamot, ay hindi saklaw sa labas ng California. Kung gusto mo ang Medicaid sa ibang estado, kakailanganin mong mag-apply sa estado na iyon. Hindi ka magiging karapat-dapat para sa Medi-Cal at hindi magbabayad ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para sa iyong pangangalagang pangkalusugan.



### Pagpapatuloy ng pangangalaga

Bilang isang miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., makukuha mo ang iyong pangangalagang pangkalusugan mula sa mga provider sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Sa ilang mga kaso, maaari kang makapunta sa mga provider na wala sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga. Tawagan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc, at sabihin sa amin kung kailangan mong makipagkita sa isang provider na nasa labas ng network. Sasabihin namin sa iyo kung mayroong kang pagpapatuloy ng pangangalaga. Magagamit mo ang pagpapatuloy ng pangangalaga nang hanggang 12 buwan o higit pa sa ilang kaso kung tama ang lahat ng sumusunod:

- Mayroon kang kasalukuyang relasyon sa isang non-plan provider, bago ang pagpapatala sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.
- Ang non-plan provider ay gustong makipagtrabaho sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc, at pumapayag sa mga kailangan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.
- Natingnan ka ng non-plan provided nang hindi kukulangin sa minsan habang nasa labindalawang (12) buwan bago ang pagpapatala mo sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc, para sa hindi emerhensiyang pagbisita
- Natingnan ka ng non-plan provider nang hindi kukulangin sa minsan habang nasa anim (6) na buwan bago ang transisyon ng mga serbisyo mula sa Rehiyonal na Sentro tungo sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.
- Walang dokumentadong alalahaning kalidad ng pangangalaga sa non-plan provider ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Kapag hindi sumali sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang inyong mga provider sa katapusan ng 12 buwan, hindi pumayag sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na mga antas ng pagbabayad at hindi tumutugon sa mga kailangan sa kalidad ng pangangalaga, kailangan ninyong lumipat sa ibang provider sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. o tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**) para talakayin ang inyong mga opsyon.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

### Mga provider na aalis sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. o non-plan providers

Kung ginagamot ka ng isang provider para sa ilang kondisyong pangkalusugan na hindi provider ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. o humintong makipagtulungan sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang inyong provider, maaari ka pa ring kumuha ng mga serbisyo sa provider na iyon. Ito ay isa pang anyo ng pagpapatuloy ng pangangalaga. Ang mga serbisyong ipinagkakaloob ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para sa pagpapatuloy ng pangangalaga ay kinabibilangan ngunit hindi limitado sa:

- Malubhang kondisyon (isang medikal na usaping kailangan ng mabilis na pansin) -- hanggang tumatagal ang kondisyon
- Paulit-ulit na mga kondisyong pisikal at pag-uugali (isang medikal na usapang matagal na sa iyo) -- para sa panahong kailangang tapusin ang kurso ng paggamot at para ayusin ang ligtas na paglipat sa bagong doktor sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.
- Pagbubuntis -- habang nagbubuntis at pagkatapos na pagkatapos ng panganganak
- Mga serbisyong pangkalusugan sa pag-iisip ng ina
- Pangangalaga sa bagong silang na sanggol sa pagitan ng pagsilang at edad na 36 buwan hanggang 12 buwan mula sa simula ng petsa ng saklaw o petsa ng pagtatapos ng kontrata ng provider sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.
- Katapusang karamdaman (isang medikal na usaping banta sa buhay) -- hanggang tumatagal ang karamdaman. Ang pagkumpleto ng saklaw na mga serbisyo ay maaaring lumampas sa labindalawang (12) buwan mula sa petsa ng pakikipagtulungan ng provider sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.
- Pagsasagawa ng isang operasyon o iba pang medikal na pamamaraan mula sa isang non-plan provider hanggang saklaw ito, medikal na kailangan at awtorisado ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. bilang bahagi ng dokumentadong kurso ng paggamot at rekomendado at dokumentado ng provider -- pag-opera o iba pang medikal na pamamaraang magaganap sa loob ng 180 araw bago ang petsa ng pagtatapos ng kontrata ng provider o 180 araw mula sa epektibong petsa ng saklaw ng bagong miyembro

Para sa ibang kondisyong maaaring magkuwalipika, kontakin ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na Mga Serbisyo sa Miyembro.

Kung ayaw magpatuloy ng non-plan provider sa pagbibigay ng mga serbisyo, hindi pumapayag sa pagbabayad o iba pang termino sa pagbibigay ng pangangalaga, hindi ka makakatanggap kung gayon ng pagpapatuloy ng pangangalaga mula sa provider. Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**) para sa tulong sa pagpili ng nakakontratang provider para ipagpatuloy ang pangangalaga mo o kung may mga tanong o problema ka sa pagtanggap ng saklaw na mga serbisyo mula sa isang provider na hindi na bahagi ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.



Hindi kailangang magbigay ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ng pagpapatuloy na pangangalaga para sa mga serbisyong hindi saklaw ng Medi-Cal, matibay na medikal na kagamitan, transportasyon, iba pang pantulong na mga serbisyo at carved-out na mga provider ng serbisyo. Para ma malaman ang tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga at mga kwalipikasyon ng pagiging karapat-dapat, at para marinig ang tungkol sa lahat ng makukuhang serbisyo, tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro.

## Mga gastos

### Mga gastos ng miyembro

Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay nagsisilbi sa mga tao na kwalipikado para sa Medi-Cal. Sa karamihan ng kaso, ang mga miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay hindi kailangang magbayad para sa mga saklaw na serbisyo, premium o mga deductible. Maliban sa emerhensiyang pangangalaga, agarang pangangalaga o sensitibong pangangalaga, dapat kang kumuha ng paunang pag-apruba mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. bago magpatingin sa isang provider na nasa labas ng network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Kapag hindi ka kumuha ng paunang pag-apruba at pumunta ka sa provider sa labas ng network para sa pangangalagang hindi emerhensiyang pangangalaga, agarang pangangalaga o sensitibong pangangalaga, maaaring kailanganin mong bayaran ang pangangalaga mula sa mga provider na nasa labas ng network. Para sa listahan ng saklaw na mga serbisyo, pumunta sa “Mga benepisyo at serbisyo.”

### Para sa mga miyembrong may pangmatagalang pangangalaga at pagbahagi ng gastos

Maaaring kailanganin mong bayaran ang bahagi ng gastos bawat buwan para sa iyong pangmatagalang mga serbisyo sa pangangalaga. Ang halaga ng bahagi mo sa gastos ay depende sa iyong kita at mga mapagkukunan. Babayaran mo bawat buwan ang sariling medikal na mga bill kabilang pero hindi limitado sa Managed Long Term Support Service (MLTSS) na mga bill, hanggang ang halagang binayaran mo ay maging katumbas ng bahagi mo sa gastos. Pagkatapos nito, sasaklawin na ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang iyong pangangalaga para sa buwan na iyon. Hindi ka sasaklawin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. hanggang sa mabayaran mo ang iyong buong bahagi sa gastos ng pangmatagalang pangangalaga para sa buwan.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

### Paano nababayaran ang provider

Binabayaran ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga provider sa ganitong mga paraan:

- **Bayad pangkapital o capitation payments**

Binabayaran ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang ilang mga provider ng takdang halaga ng pera bawat buwan para sa bawat miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Tinatawag itong bayad pangkapital o capitation payment. Nagtutulungan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at ang mga provider sa pagpapasya sa halaga ng bayad.

- **FFS na mga bayad**

Ilang mga provider ang nagbibigay ng pangangalaga sa mga miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at pagkatapos ay pinapadalhan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ng bill para sa mga serbisyong ibinigay nila. Tinatawag itong FFS na bayad. Nagtutulungan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at ang mga provider sa pagpapasya sa halaga ng mga bayad para sa serbisyo.

Para sa higit na kaalaman tungkol sa kung paano binabayaran ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga provider, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

Nag-aalok kami ng insentibo sa kwalipikadong mga provider na nauugnay sa klinikal na mga aktibidad na nagsusulong ng pinahusay na kalidad ng pangangalagang pang-iwas sa sakit, mas mahusay na pamamahala sa kanilang populasyon ng pasyente at mas mahusay na pangangalaga para sa indibidwal na miyembro.

### Paghiling sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na bayaran ang bill

Ang saklaw na mga serbisyo ay mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugang responsibilidad na bayaran ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Kapag nakatanggap ka ng bill para sa mga bayad sa pangsuptang mga serbisyo, bayad sa copay o pagrehistro para sa saklaw na serbisyo, huwag bayaran ang bill. Tawagan kaagad ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).





### Paghiling sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na bayaran ang mga nagastos mo

Kung binayaran mo ang mga serbisyong natanggap mo na at gusto mong pabayaran (bayaran ka) sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., dapat mong matugunan lahat ng sumusunod na kondisyon:

- Ang serbisyong natanggap mo ay isang saklaw na serbisyong responsibilidad na bayaran ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Hindi ka bibigyan ng balik-bayad ng UnitedHealthcare Community Plan of California Inc. para sa serbisyong hindi saklaw ng alinman sa Medi-Cal o UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.
- Natanggap mo ang saklaw na serbisyo pagkatapos mong maging karapat-dapat na miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.
- Humiling ka ng balik-bayad sa loob ng isang taon mula sa petsang natanggap mo ang saklaw na serbisyo
- Nagbigay ka ng patunay na binayaran mo ang saklaw na serbisyo, tulad ng detalyadong resibo mula sa provider
- Natanggap mo ang saklaw na serbisyo mula sa nakalistang provider ng Medi-Cal sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Hindi mo kailangang matugunan ang kondisyong ito kung nakatanggap ka ng emerhensiyang mga serbisyo, mga serbisyo sa pagplano ng pamilya, o iba pang serbisyong pinapayagan ng Medi-Cal na gawin ng mga provider sa labas ng network nang walang paunang pag-apruba.
- Kung kailangan ng paunang pag-apruba ng saklaw na serbisyo, magbibigay ka ng patunay na nagpapakita ng medikal na pangangailangan para sa saklaw na serbisyo

Sasabihin sa iyo ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pasya nilang bayaran ka sa isang sulat na tinatawag na Abiso ng Aksiyon. Kung natutugunan mo lahat ng kondisyon sa itaas, ang Medi-Cal na provider na nasa listahan ay dapat magbayad sa iyo ng buong halaga. Kung tumatangging magbayad ang provider, babayaran ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para sa buong halagang ibinayad mo. Kung nakalista sa Medi-Cal ang provider pero wala sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at tumatangging bayaran ka, babayaran ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. pero hanggang sa halaga lang na babayaran ng FFS Medi-Cal. Babayaran ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para sa buong halaga ng ginastos mo para sa emerhensiyang mga serbisyo, mga serbisyo sa pagplano ng pamilya, o iba pang serbisyong pinapayagan ng Medi-Cal na ibigay ng mga provider na nasa labas ng network nang walang paunang pag-apruba. Kung hindi mo natutugunan ang isa sa mga kondisyon sa itaas, hindi ka babayaran ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

---

Hindi ka babayaran ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. kung:

- Humingi at tumanggap ka ng mga serbisyong hindi saklaw ng Medi-Cal tulad ng mga serbisyong kosmetiko
- Mayroon kang hindi natugunang Bahagi ng Gastos sa Medi-Cal
- Pumunta ka sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at pumirma ka sa isang form na nagsabing gusto mong matingnan gayon man at babayaran mo ang mga serbisyo
- Pinagbayad ka ng mga co-pay para sa mga resetang saklaw ng iyong Medicare Part D na plano





# 3. Paano kumuha ng pangangalaga

---

## Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

**Mangyaring basahin ang sumusunod na impormasyon upang malaman mo kung mula kanino o aling grupo ng mga provider maaaring kunin ang pangangalagang pangkalusugan.**

Maaari mong umpisahang kunin ang mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng iyong pagpapalista. Dapat lagi mong dalhin ang iyong ID kard sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC), at iba pang mga kard sa segurong pangkalusugan na hawak mo. Huwag kailanman hahayaang may ibang gagamit sa iyong BIC o ID kard sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Ang mga bagong miyembro ay kailangang pumili ng primary care provider (PCP) sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Ang network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay isang grupo ng mga doktor, ospital at iba pang mga provider na nakikipagtulungan sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Kailangan mong pumili ng isang PCP sa loob ng 30 araw mula sa panahon na naging miyembro ka sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Kung hindi ka pipili ng PCP, ipipili ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Maaari mong piliin ang parehong PCP o ibang mga PCP para sa lahat ng mga miyembro ng pamilya sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. hanggang makukuha ang PCP.

Kung mayroon kang doktor na nais mong panatilihin, o nais mong maghanap ng bagong PCP, maaari kang maghanap sa Direktoryo ng Provider. Mayroon itong listahan ng lahat ng mga PCP sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Ang Direktoryo ng Provider ay may ibang impormasyon na makakatulong sa iyong pumili ng PCP. Kung kailangan mo ng Direktoryo ng Provider, tumawag sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Mahahanap mo rin ang Direktoryo ng Provider sa website ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

Kung hindi mo makukuha ang pangangalagang kailangan mo mula sa kalahok na provider sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., kailangang humingi ang iyong PCP ng pahintulot mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. upang magpadala sa iyo ng provider na nasa labas ng network. Tinatawag itong referral. Hindi mo kailangan ng pag-apruba para pumunta sa isang provider na nasa la bas ng network para kumuha ng sensitibong mga serbisyong nakalarawan sa ilalim ng ulong “Sensitibong pangangalaga” mamaya sa kabanatang ito.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

### 3 | Paano kumuha ng pangangalaga

---

Basahin ang nalalabing bahagi ng kabanata na ito para sa higit pang kaalaman tungkol sa mga PCP, sa Direktoryo ng Provider at ang network ng provider.

Ang mga benepisyo sa parmasya ay ibinibigay na ngayon sa pamamagitan ng Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal Rx na programa. Para mas matutunan, basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” na seksiyon sa Kabanata 4.

## Primary care provider (PCP)

Dapat kang pumili ng PCP sa loob ng 30 araw pagkatapos magpatala sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Depende sa iyong edad at sex, maaari kang pumili ng general practitioner, OB/GYN, doktor ng pamilya, internist o pediatrician bilang iyong primary care provider (PCP). Ang isang nurse na practitioner (NP), assistant ng doktor (PA) o sertipikadong komadronang nurse ay maaari ring magsilbi bilang iyong PCP. Kung pipili ka ng isang NP, PA o sertipikadong komadronang nurse, maaari kang maitalaga sa isang doktor na susubaybay sa iyong pangangalaga. Kung ikaw ay parehong nasa Medicare at Medi-Cal, hindi mo kailangang pumili ng PCP.

Maaari ka ring pumili ng isang Indian Health Care Provider (IHCP), Federally Qualified Health Center (FQHC) or Rural Health Clinic (RHC) bilang iyong PCP. Depende sa uri ng provider, maaari mong magawang pumili ng isang PCP para sa iyong buong pamilya na mga miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. hanggang makukuha ang PCP.

**Tandaan:** Maaaring piliin ng mga Amerikanong Indian ang IHCP bilang PCP nila kahit wala sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang IHCP.

Kung hindi ka pipili ng isang PCP sa loob ng 30 araw pagkatapos ng pagpapatala, itatalaga ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa isang PCP. Kung naitalaga ka sa isang PCP at gusto mong magpalit, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Magaganap ang pagbabago sa unang araw ng susunod na buwan.

Ang iyong PCP ay:

- Aalam sa iyong kasaysayan at mga pangangailangang pangkalusugan
- Magpapanatili ng iyong mga talaang medikal
- Magbibigay sa iyo ng pang-iwas sa sakit at kalakarang pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo
- Magrekomenda (magpapapunta) sa iyo sa isang espesyalista kung kailangan mo ng isa
- Magsasaayos para sa pangangalaga sa ospital kung kailangan mo ito



Maaari mong tingnan ang Direktoryo ng Provider upang makahanap ng PCP ng network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Ang Direktoryo ng provider ay may listahan ng mga IHCP, FQHC at RHC na nakikipagtulungan sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Makikita mo ang Direktoryo ng Provider ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan). O maaari kang humiling ng Direktoryo ng Provider na ipapadala sa iyo sa pamamagitan ng koreo sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Maaari ka ring tumawag upang malaman mo kung ang PCP na gusto mo ay tumatanggap ng mga bagong pasyente.

## Pagpili ng mga doktor at iba pang mga provider

Ikaw ang pinakamahusay na nakakaalam sa mga pangangailangan mong pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamahusay kung ikaw ang pipili ng iyong PCP.

Pinakamahusay ang manatili sa isang PCP upang malaman niya ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Gayunpaman, kung nais mong lumipat sa isang bagong PCP, maaari kang lumipat anumang oras. Pipili ka ng PCP na nasa network ng provider ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Ang bagong pipiliin mo ang magiging bagong PCP mo sa unang araw ng susunod na buwan pagkatapos mong gawin ang pagbabago.

Upang palitan ang iyong PCP, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

Maaaring hilingin sa iyo ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na palitan mo ang iyong PCP kung ang PCP ay hindi tumatanggap ng mga bagong pasyente, umalis sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. o hindi nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyenteng ka-edad mo. Maaari ring hilingin sa iyo ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. o ng iyong PCP na lumipat ka sa isang bagong PCP kung hindi mo makasabayan o makasundo ang iyong PCP, o kung napapalampas o nahuhuli ka sa mga appointment. Kung kailangang palitan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang iyong PCP, ipapaalam ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ito sa iyo sa pamamagitan ng liham.

Kung magpapalit ka ng PCP, makakakuha ka ng bagong ID kard ng miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa pamamagitan ng koreo. Taglay nito ang pangalan ng iyong bagong PCP. Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa pagkuha ng bagong ID kard.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

### 3 | Paano kumuha ng pangangalaga

---

Ilang bagay na pag-iisipan sa pagpili ng PCP:

- Nangangalaga ba ng mga bata ang PCP?
- Nagtrabaho ba ang PCP sa isang klinikang gusto kong gamitin?
- Malapit ba sa bahay, trabaho o eskuwelahan ng mga anak ko ang opisina ng PCP?
- Malapit ba sa tirahan ko ang opisina ng PCP at madali bang puntahan ang opisina ng PCP?
- Sinasalita ba ng mga doktor at kawani ang wika ko?
- Nagtrabaho ba ang PCP sa ospital ng gusto ko?
- Nagbibigay ba ng mga serbisyong maaaring kailangan ko ang PCP?
- Bagay ba sa iskedyul ko ang mga oras ng opisina ng PCP?

### Paunang pagtatasa sa kalusugan o initial health assessment (IHA)

Inirerekomenda ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na, bilang isang bagong miyembro, bisitahin mo ang iyong bagong PCP sa loob ng unang 120 araw para sa panunang pagtatasa sa kalusugan o initial health assessment (IHA). Ang layunin ng IHA ay ang matulungan ang iyong PCP na malaman ang iyong kasaysayan at mga pangangailangan sa pangangalagan ng kalusugan. Maaaring magtanong ang iyong PCP ng ilang mga katanungan tungkol sa kasaysayan ng iyong kalusugan o maaaring hilingin sa iyong kumpletuhin ang isang kwestionaryo. Sasabihin din sa iyo ng iyong PCP ang tungkol sa pagpapayo at mga klase sa edukasyong pangkalusugan na maaaring makatulong sa iyo.

Kapag tumawag ka upang itakda ang iyong IHA na appointment, sabihin mo sa taong sumagot ng telepono na isa kang miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Ibigay ang numero ng iyong ID sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Dalhin ang iyong BIC kard at ang iyong ID kard sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa iyong appointment. Magandang ideya na ilista ang iyong mga medikasyon at mga tanong sa iyong pagbisita. Humanda sa pakikipag-usap sa iyong PCP tungkol sa iyong mga pangangailangan at alalahanin sa pangangalagang pangkalusugan.

Siguraduhing tawagan ang tanggapan ng iyong PCP kung mahuhuli ka o hindi ka makakapunta sa appointment.

Kung may mga tanong ka tungkol sa IHA, tumawag sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**.



## Karaniwang pangangalaga

Ang karaniwang pangangalaga ay isang regular na pangangalagang pangkalusugan. Kinabibilangan ito ng pangangalagang pang-iwas sa sakit, tinatawag din itong wellness o well care.

Nakakatulong ito sa iyong manatiling malusog at makakatulong itong iiwas ka sa pagkakasakit. Kabilang sa pangangalagang pang-iwas sa sakit ang mga regular na checkup at edukasyon sa kalusugan at pagpapayo. Makakatanggap ang mga bata ng kinakailangang mga maagang pang-iwas sa sakit na serbisyo tulad ng pag-screen ng pandinig at paningin, pagtatasa ng proseso ng pag-unlad at marami pang serbisyo na inirerekomenda ng mga alituntunin ng mga pediatrician sa Bright Futures. Bukod sa pangangalagang pang-iwas sa sakit, ang karaniwang pangangalaga ay kinabibilangan din ng pangangalaga kapag may sakit ka. Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang karaniwang pangangalaga mula sa iyong PCP.

Ang iyong PCP ay:

- Magbibigay sa iyo ng lahat ng iyong karaniwang pangangalaga, kabilang ang mga regular na checkup, mga bakuna, paggamot, mga reseta at medikal na payo
- Magpapanatili ng iyong mga talaang medikal
- Irekomenda (papuntahin) ka sa mga espesyalista kung kinakailangan
- Mag-atas ng mga X-ray, mammogram o pagsusuri sa laboratoryo kung kinakailangan mo ang mga ito

Kapag kailangan mo ng karaniwang pangangalaga, tatawagan mo ang iyong PCP para sa isang appointment. Tiyaking tatawagan mo ang iyong PCP bago ka kumuha ng pangangalagang medikal, maliban kung isa itong emerhensiya. Para sa isang emerhensiya, tawagan ang **911** o pumunta sa pinakamalapit na emerhensiya room.

Para matuto pa tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyo na sinasaklaw ng iyong plano, at kung ano ang hindi nito sinasaklaw, basahin ang “Mga benepisyo at serbisyo” at “Mabuting pangangalaga sa bata at kabataan” sa handbook na ito.

**Puwedeng gumamit ng mga pantulong at serbisyo ang UnitedHealthcare Community Plan of California para kausapin ang mga taong may kapansanan. Pero ka rin nilang kausapin sa ibang wika o format. Sabihin sa iyong provider o sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. kung ano ang kailangan mo.**



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## Network ng provider

Ang network ng provider ay ang grupo ng mga doktor, ospital, at iba pang mga provider na nakikipagtrabaho sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Makukuha mo ang iyong mga saklaw na serbisyo sa pamamagitan ng network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

**Tandaan:** Maaaring piliin ng mga Amerikanong Indian ang IHCP bilang PCP nila, kahit wala sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., ang IHCP.

Kung ang iyong PCP, ospital o iba pang provider ay may moral na pagtutol sa pagkakaloob sa iyo ng sinasaklaw na serbisyo, tulad ng pagplano ng pamilya o pagpapalaglag, tumawag sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Para sa higit pa tungkol sa mga pagtutol batay sa moralidad, basahin ang seksyong "Pagtutol batay sa moralidad" sa kabanatang ito.

Kung may moral na pagtanggap ang iyong provider, matutulungan ka niyang maghanap ng ibang provider na magbibigay ng kinakailangan mong mga serbisyo. Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay maaari ring makatulong sa iyo sa paghahanap ng provider na magsasagawa ng serbisyo.

## Mga provider na nasa loob ng network

Gagamit ka ng mga provider sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para sa karamihan ng mga kailangan mong pangangalagang pangkalusugan. Kukuha ka ng pangangalagang pang-iwas sa sakit at karaniwang pangangalaga mula sa iyong PCP. Gagamit ka rin ng mga espesyalista, ospital at iba pang mga provider sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Para kumuha ng Direktoryo ng Provider na nasa network, tumawag sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Makikita mo rin ang online na Direktoryo ng Provider sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan). Para makakuha ng kopya ng Contract Drug List, tumawag sa Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711). O bumisita sa website ng Medi-Cal Rx website sa <https://medicalrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Para sa emerhensiyang pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emerhensiya room.

Maliban sa emerhensiyang pangangalaga o sensitibong pangangalaga, dapat kang kumuha ng paunang pag-apruba mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. bago ka magpatingin sa labas ng network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Kung hindi ka nakakuha ng paunang pag-arpuba at pumunta ka sa provider na nasa labas ng network para sa pangangalaga na hindi emerhensiyang pangangalaga o sensitibong pangangalaga, maaaring kailanganin mong magbayad para sa pangangalaga mula sa mga provider na nasa labas ng network.





## Mga provider sa labas ng network na nasa loob ng sineserbisyuhang lugar

Ang mga provider na nasa labas ng network ay ang mga walang kasunduan upang makipagtrabaho sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Maliban sa pang-emerhensiya na pangangalaga, maaaring kailangan mong bayaran ang pangangalagang mula sa mga tagapaglaan na nasa labas ng network. Kung kailangan mo ng mga sinasaklaw na pangangalagang pangkalusugan, maaaring makuha mo ang mga ito sa labas ng network nang wala kang babayaran hanggang medikal na kinakailangan ang mga ito at hindi available sa network.

Maaaring aprubahan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang referral sa isang provider na nasa labas ng network kung ang mga serbisyong kailangan mo ay hindi makukuha sa loob ng network o matatagpuan nang napakalayo mula sa iyong tahanan. Kung bibigyan ka namin ng referral sa isang provider na nasa labas ng network, babayaran namin ang iyong pangangalaga.

Dapat kang kumuha ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) bago ka pumunta sa isang provider na nasa labas ng network sa loob ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na lugar ng serbisyo maliban sa emerhensiyang pangangalaga at sensitibong pangangalaga. Para sa agarang pangangalaga sa loob ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na lugar ng serbisyo, dapat kang makipagkita sa network provider ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba para makakuha ng agarang pangangalaga mula sa isang network provider. Kung hindi ka kumuha ng paunang pag-apruba, maaaring kailanganin mong bayaran ang agarang pangangalagang nakuha mo mula sa provider na nasa labas ng network sa loob ng lugar ng serbisyo ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Para sa dagdag na impormasyon sa mga serbisyo sa emerhensiyang pangangalaga, agarang pangangalaga at sensitibong pangangalaga, pumunta sa mga ulong iyon sa kabanatang ito.

**Tandaan:** Kung isa kang Amerikanong Indian, puwede kang kumuha ng pangangalaga sa isang IHCP sa labas ng aming provider network nang walang referral.

Kung kailangan mo ng tulong sa mga serbisyong nasa labas ng network, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

## Sa labas ng sineserbisyuhang lugar

Kung ikaw ay nasa labas ng sineserbisyuhang lugar ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at kailangan mo ng pangangalagang **hindi** emerhensiya o agaran, tawagan kaagad ang iyong PCP. O tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

Para sa emerhensiyang pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emerhensiya room. Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pang-emerhensiya na pangangalaga na nasa labas ng network. Kung naglalakbay ka sa Canada o Mexico at nangangailangan ng pangangalagang pang-emerhensiya na nangangailangan ng pagpapaospital, sasaklawin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pangangalaga sa iyo. Kung naglalakbay ka sa labas ng Canada o Mexico at nangangailangan ng emerhensiyang pangangalaga, **hindi** sasaklawin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pangangalaga sa iyo.

Kung babayaran mo ang mga serbisyong emerhensiya na kailangan ng pagpapaospital sa Canada o Mexico,



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

### 3 | Paano kumuha ng pangangalaga

---

puwede mong hilingin sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na bayaran ka. Rerepasuhin at pagpapasyahan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang iyong kahilingan.

Kung nasa ibang Estado ka, kasama ang mga teritoryo ng US (American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico at ang US Virgin Islands), saklaw ka ng emerhensiyang pangangalaga, pero hindi lahat ng ospital at doktor ay tumatanggap ng Medicaid (Medicaid ang tawag sa Medi-Cal sa ibang Estado). Kung kailangan mo ng emerhensiyang pangangalaga sa labas ng California, sabihin sa doktor ng ospital o emerhensiya romm na mayroon kang Medi-Cal at miyembro ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa lalong madaling panahon. Hilingin sa ospital na gumawa ng mga kopya ng iyong ID kard ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Sabihin sa ospital at mga doktor na pagbayarin ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Kapag nakatanggap ka ng bill para sa mga serbisyong natanggap mo sa ibang Estado, tawagan agad ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Makikipagtulungan kami sa ospital at/o doktor na ayusin sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na bayaran ang inyong pangangalaga.

Kung nasa labas ka ng California at may emerhensiyang pangangailagan na punuan ang outpatient na reseta ng gamot, pakipatawagan sa parmasya ang Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 para sa tulong.

**Tandaan:** Ang mga Amerikanong Indian ay maaaring makakuha ng mga serbisyo sa mga IHCP na nasa labas ng network.

Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan para sa California Children's Services (CCS) na karapat-dapat na kondisyong medikal at walang CCS na panel ng espesyalista sa network ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na puwedeng magbigay ng pangangalagang kailangan mo, maaari kang pumunta sa isang provider na nasa labas ng provider network nang walang gastos sa iyo. Para mas matutunan ang tungkol sa CCS na programa, basahin ang kabanata ng Mga Benepisyo at Serbisyo ng handbook na ito.


Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa pangangalagang nasa labas ng network o pangangalagang nasa labas ng sineserbisyuhang lugar, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Kung nakasara ang tanggapan at gusto mo ng tulong mula sa isang kinatawan, tumawag sa **1-866-270-5785**.

### Mga Doktor

Pipiliin mo ang iyong doktor o primary care provider (PCP) mula sa Direktoryo ng Provider ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Ang pipiliin mong doktor ay dapat isang network provider. Para kumuha ng kopya ng Direktoryo ng Provider ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). O hanapin ito online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

Kung pumipili ka ng bagong doktor, dapat ka ring tumawag upang tiyakin na tumatanggap ang gusto mong PCP ng mga bagong pasyente.

Kung mayroon kang doktor dati bago ka naging miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., at hindi bahagi ang naturang doktor sa network ng UnitedHealthcare Community

32  Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).



Plan of California, Inc., maaari mong mapanatili ang doktor na ito sa limitadong panahon. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga. Mababasa mo ang higit pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa handbook na ito. Upang malaman ang higit pa, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

Kung kailangan mo ng isang espesyalista, irerekomenda ka ng iyong PCP sa isang espesyalista sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Tandaan, kung hindi ka pipili ng PCP, ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pipili para sa iyo. Ikaw ang pinakamahusay na nakakaalam sa mga pangangailangan mong pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamahusay kung ikaw ang pipili. Kung ikaw ay parehong nasa Medicare at Medi-Cal, hindi mo kailangang pumili ng PCP.

Kung nais mong palitan ang iyong PCP, dapat kang pumili ng PCP mula sa Direktoryo ng Provider ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Tiyaking tumatanggap ang PCP ng mga bagong pasyente. Upang palitan ang iyong PCP, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**)

## Mga ospital

Sa isang emerhensiya, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na ospital.

Kung hindi ito isang emerhensiya at kailangan mo ng pangangalaga sa ospital, ang iyong PCP ang magpapasya kung aling ospital ang pupuntahan mo. Gagamit ka rin ng mga espesyalista, ospital at iba pang mga provider sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Ang mga ospital sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay nakalista sa Direktoryo ng Provider. Ang mga serbisyo ng ospital, maliban sa mga emerhensiya, ay nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

## Mga espesyalista sa kalusugan ng kababaihan

Maaari kang pumunta sa espesyalista sa kalusugan ng kababaihan sa loob ng network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para sa kinakailangang saklaw ng pangangalaga para maglaan ng mga serbisyong karaniwang pangangalaga at pang-iwas sa sakit na pangangalagang pangkalusugan ng mga kababaihan. Hindi mo kailangan ng isang referral mula sa iyong PCP para makuha ang mga serbisyong ito. Para sa tulong sa paghahanap ng espesyalista sa kalusugan ng kababaihan, maaari kang tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Maaari ka ring tumawag sa 24/7 na NurseLine sa **1-866-270-5785**.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).  
Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## Direktoryo ng Provider

Inililista ng Direktoryo ng Provider ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga provider na nakikilahok sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Ang network ay ang grupo ng mga provider na nakikipagtulungan sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Nakalista sa Direktoryo ng Provider ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga ospital, PCP, espesyalista, mga practitioner na nurse, komadronang nurse, mga assistant ng doktor, provider ng pagpapalano ng pamilya, kwalipikado sa Pederal na mga Sentro ng Kalusugan o Federally Qualified Health Centers (FQHC), provider sa kalusugan ng pag-iisip, mga pangmatagalang serbisyo at suporta (long-term services and supports o LTSS), mga Nagsasariling Sentrong Paanakan o Freestanding Birth Centers (FBC), mga Klinika para sa Kalusugan ng Indian (IHCP) at mga Rural na Klinikang Pangkalusugan o Rural Health Clinics (RHC).

Ang Direktoryo ng Provider ay naglalaman ng mga pangalan, espesyalidad, address, numero ng telepono, oras ng trabaho at wikang sinasalita ng provider sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Tutukuyin nito kung tumatanggap ang provider ng mga bagong pasyente. Ibinibigay din nito ang antas ng pisikal na aksesibilidad para sa gusali, tulad ng paradahan, mga rampa, hagdan na may hawakan, at mga kubeta na may maluluwang na pintuan at mga hawakan. Kung gusto mo ng impormasyon tungkol sa edukasyon, pagsasanay, at sertipikasyon ng board ng isang doktor, mangyaring tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

Makikita mo ang online na Direktoryo ng Provider sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

Kung kailangan mo ng nakaprint na Direktoryo ng Provider, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

Maaari kang makahanap ng listahan ng mga parmasya na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Medi-Cal Rx Pharmacy Directory sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Makakakita ka rin ng parmasyang malapit sa iyo sa pagtawag sa Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273** (TTY **1-800-977-2273** at pindutin ang **5** o **711**).



## Napapanahong access sa pangangalaga

Dapat mag-alok sa iyo ng appointment ang provider mo sa loob ng panahunang nakalista sa ibaba.

Minsan hindi problema ang paghihintay ng mas matagal para sa pangangalaga. Maaaring paghintayin ka ng matagal ng iyong provider kung hindi makasasama sa iyong kalusugan. Dapat itala sa rekord mo na hindi makasasama sa kalusugan mo ang mas matagal na paghihintay.

Uri ng appointment:	Dapat kang makakuha ng appointment sa loob ng:
Mga nakatakdang pagpapatingin para sa agarang pangangalaga na hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	48 oras
Mga nakatakdang pagpapatingin para sa agarang pangangalaga na nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	96 oras
Mga hindi agarang (kalakarang) nakatakdang pagpapatingin para sa pangunahing pangangalaga	10 araw ng negosyo
Mga hindi agarang (kalakarang) nakatakdang pagpapatingin para sa espesyalistang pangangalaga	15 araw ng negosyo
Mga hindi agarang (kalakarang) appointment para sa pangangalaga ng provider ng kalusugan ng isipan (hindi doktor)	10 araw ng negosyo
Hindi agarang appointment (kalakarang) para sa mga serbisyong ancillary (pansuporta) para sa dayagnosis o paggamot ng pinsala, sakit o iba pang kondisyon ng kalusugan	15 araw ng negosyo
Mga tagal ng paghihintay sa telepono sa mga normal na oras ng negosyo	10 minuto



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](http://myuhc.com/CommunityPlan).

## Tagal ng paglalakbay o distansiya patungo sa pangangalaga

Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay kailangang sumunod sa mga pamantayan sa tagal at distansiya para sa iyong pangangalaga. Makakatulong ang mga pamantayan na ito para matiyak na makakakuha ka ng pangangalaga nang hindi naglalakbay nang napakatagal o napakalayo mula sa tirahan mo. Ang mga pamantayan sa tagal ng paglalakbay at distansiya ay depende sa county na tinitirhan mo.

Kung hindi maibibigay ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pangangalaga sa iyo sa loob ng mga pamantayan sa tagal ng paglalakbay at distansiya na ito, maaaring aprubahan ng DHCS ang ibang pamantayan, na tinatawag na pamantayan sa alternatibong access. Para sa mga pamantayan sa tagal o distansiya ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para sa inyong lugar, bisitahin ang [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan). O tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

Kung kailangan mo ng pangangalaga mula sa isang provider at ang tagapaglaan na iyon ay malayo sa kung saan ka nakatira, tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Matutulungan ka nilang makahanap ng pangangalaga sa isang provider na matatagpuan sa malapit sa iyo. Kung hindi makakahanap ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ng pangangalaga para sa iyo sa isang mas malapit na provider, maaari mong hingin sa UnitedHealthcare of California, Inc. na ayusin ang transportasyon para sa iyo upang makapunta ka sa iyong provider, kahit na malayo ang tagapaglaan na ito mula sa tirahan mo. Kung kailangan mo ng tulong sa mga provider ng parmasya, pakitawagan ang Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711).


Itinuturing na malayo kung hindi ka makakarating sa naturang provider sa loob ng mga pamantayan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa tagal ng paglalakbay o distansiya para sa iyong county, hindi alintana ang anumang pamantayan sa alternatibong access na ginagamit ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para sa iyong ZIP Code.

## Mga Appointment

Kung kailangan mo ng pangangalagang pangkalusugan:

- Tawagan ang iyong PCP
- Ihanda mo ang numero ng iyong ID sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa pagtawag
- Mag-iwan ng mensahe kasama ang iyong pangalan at numero ng telepono kung sarado ang tanggapan
- Dalhin ang iyong BIC kard at ang iyong ID kard sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa iyong appointment
- Humiling ng transportasyon patungo sa iyong appointment, kung kinakailangan
- Humingi ng tulong sa wika o mga serbisyo sa pagsasalin, kung kinakailangan
- Dumating sa oras sa appointment mo, darating nang ilang minutong maaga para mag-sign in, magpuno ng mga form at sumagot sa anumang tanong ng PCP mo
- Tumawag kaagad kung hindi ka makakapunta o kung mahuhuli ka sa iyong appointment
- Ihanda ang iyong mga katanungan at impormasyon ng gamot kung sakaling kailangan mo ang mga ito

Kung mayroon kang emerhensiya, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

36  Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## Pagpunta sa appointment mo

Kung wala kang paraan para pumunta at umalis sa mga serbisyo at appointment sa pangangalagang pangkalusugan mo, makatutulong kaming mag-ayos ng transportasyon para sa iyo. Makukuha ang transportasyon para sa mga serbisyo at appointment na hindi kaugnay ng mga emerhensiyang serbisyo at makakakuha ka ng libreng sakay. Ang serbisyong ito, tinatawag na medikal na transportasyon, ay **hindi** para sa mga emerhensiya. Kung mayroon kang emerhensiya, tumawag sa **911**.

Pumunta sa seksiyon ng “Mga benepisyong transportasyon” para sa dagdag na impormasyon.

## Pagkansela at muling pag-iskedyul

Kung hindi ka makakapunta sa appointment mo, tumawag sa opisina ng provider mo agad-agad. Karamihan sa mga doktor ay humihiling sa iyong tumawag nang 24 oras (1 araw ng negosyo) bago ang appointment mo kung kailangan mong magkansela. Kapag nalaktawan mong paulit-ulit ang mga appointment mo, maaaring hindi ka na tingnan ng doktor mo bilang pasyente niya.

## Pagbabayad

Ikaw ay **hindi** kailangang magbayad para sa mga saklaw na serbisyo. Sa karamihan ng mga kaso, hindi ka makakakuha ng bill mula sa isang provider. Kailangan mong ipakita ang iyong ID kard sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at ang iyong Medi-Cal BIC kapag kumukuha ka ng anumang mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan o mga reseta para alam ng provider mo kung sino ang sisingilin. Maaari kang makakuha ng Paliwanag ng mga Benepisyo (EOB) o statement mula sa provider. Ang mga EOB at statement ay hindi mga bill.

Kung may matanggap kang bill, tumawag sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Kapag nakakuha ka ng bill para sa mga reseta, tumawag sa Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711). O bumisita sa website ng Medi-Cal Rx website sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Sabihin sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang halagang siningil, ang petsa ng serbisyo at ang dahilan para sa bill. Ikaw ay hindi responsableng magbayad sa provider para sa anumang halagang utang ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para sa anumang sinasaklaw na serbisyo. Dapat kang kumuha ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) bago ka pumunta sa isang provider na nasa labas ng network, maliban sa emerhensiyang pangangalaga o sensitibong pangangalaga at agarang pangangalaga (sa loob ng lugar ng serbisyo ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.).



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](http://myuhc.com/CommunityPlan).

### 3 | Paano kumuha ng pangangalaga

---

Kung hindi ka makakakuha ng paunang pag-apruba, maaaring kailanganin mong bayaran ang pangangalaga mula sa mga provider na wala sa network. Kung kailangan mo ng mga saklaw na serbisyong pangangalagang pangkalusugan, maaari mong makuha ang mga ito sa isang provider na nasa labas ng network nang wala kang babayaran, hangga't medikal na kinakailangan ang mga ito, hindi makukuha sa network at paunang inaprubahan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Para sa dagdag na impormasyong tungkol sa emerhensiyang pangangalaga, agarang pangangalaga, at sensitibong mga serbisyo, pumunta sa mga punong iyon sa kabanatang ito.

Kuna nakatanggap ka ng bill o piangbayad ng co-pay na inaakala mong hindi mo dapat bayaran, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Kung binayaran mo ang bill, puwede kang maghain ng paghahabol sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Kakailanganin mong sabihin sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. nang nakasulat kung bakit kinailangan mong bayaran ang item o serbisyo. Babasahin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang iyong paghahabol at magpapasya kung mababawi mo ang iyong pera. Para sa mga katanungan o upang humingi ng form ng paghahabol, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

Kung nakatanggap ka ng mga serbisyo sa sistema ng Veterans Affairs o hindi saklaw o hindi awtorisadong mga serbisyong natanggap sa labas ng California, maaaring magbayad ka.

Hindi ka babayaran ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. kung:

- Humingi ka at nakatanggap ng mga serbisyong hindi saklaw ng Medi-Cal tulad ng kosmetikong mga serbisyo
- Mayroon kang hindi natugunang Bahagi ng Gastos sa Medi-Cal
- Pumunta ka sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at pumirma ka sa isang form na nagsabing gusto mong matingnan gayon man at babayaran mo ang mga serbisyo
- Pinagbayad ka ng mga co-pay para sa mga resetang saklaw ng iyong Medicare Part D na plano

## Mga Referral

Bibigyan ka ng iyong PCP ng referral upang papuntahin ka sa isang espesyalista kung kailangan mo ito. Ang espesyalista ay isang doktor na may higit na edukasyon sa isang larangan ng medisina. Makikipagtulungan ang iyong PCP sa iyo sa pagpili ng espesyalista. Matutulungan ka ng tanggapan ng iyong PCP sa pagtatakda ng oras para pumunta sa espesyalista.

Ang iba pang mga serbisyo na maaaring mangailangan ng referral ay kinabibilangan ng mga pamamaraan sa loob ng tanggapan, mga X-ray, at pagsusuri sa laboratoryo.

Maaari kang bigyan ng iyong PCP ng form na dadalhin sa espesyalista. Pupunan ng espesyalista ang form at ipapadala ito pabalik sa iyong PCP. Gagamutin ka ng espesyalista hangga't sa tingin niya ay kailangan mo ng paggamot.



Kung mayroon kang problema na nangangailangan ng espesyal na pangangalagang medikal nang pangmatagalan, maaaring kailanganin mo ng isang nananatiling rekomendasyon. Ibig sabihin nito ay maaari kang pumunta sa parehong espesyalista nang mahigit sa isang beses nang hindi kumukuha ng rekomendasyon sa bawat pagkakataon.

Kung may problema ka sa pagkuha ng standing referral o gusto mong magkaroon ng kopya ng patakaran sa referral ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

Hindi mo kailangan ng referral para sa:

- Mga pagbisita sa PCP
- Mga pagbisita sa Obstetrics/Gynecology (OB/GYN)
- Mga pagpapatingin para sa pangangalagang agaran o pang-emerhensiya
- Mga sensitibong serbisyo para sa nasa hustong gulang, tulad ng pangangalaga sa biktima ng sekswal na pag-atake
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya (para sa higit pang kaalaman, tawagan ang Opisina ng Impormasyon sa Pagpapalano ng Pamilya at Serbisyo ng Referral sa California sa 1-800-942-1054)
- Pagsusuri at pagpapayo para sa HIV (12 taong gulang o mas matanda)
- Mga serbisyo sa impeksyon na nakukuha sa sekswal na paraan (12 taon o mas matanda)
- Mga serbisyong chiropractic (maaaring kailangan ang paunang pahintulot kapag ibinigay ng mga FQHC, RHC at IHCP na wala sa network)
- Paunang pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip

Puwedeng makakuha ang mga menor de edad ng ilang outpatient na mga serbisyo sa kalusugan ng isip, sensitibong mga serbisyo at mga serbisyo sa kawalan ng kaayhusan sa paggamit ng substance nang walang pagsang-ayon ng magulang. Para sa dagdag na impormasyong basahin ang “Mga serbisyong may pagsang-ayon ng menor de edad” at “Mga serbisyo sa paggamot ng kawalan ng kaayusan sa paggamit ng substance” sa handbook na ito.

Handa nang huminto sa paninigarilyo? Tumawag sa English: **1-800-300-8086** o Spanish: **1-800-600-8191** para malaman kung paano. O pumunta sa [www.kickitca.org](http://www.kickitca.org).



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](http://myuhc.com/CommunityPlan).



## Paunang pag-apruba (paunang pahintulot)

Para sa ilang uri ng pangangalaga, ang iyong PCP o espesyalista ay mangangailangang humingi ng permiso sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. bago mo makuha ang pangangalaga. Tinatawag itong paghingi ng paunang pahintulot o paunang pag-apruba. Ibig sabihin ay dapat tiyakin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na medikal na kinakailangan ang pangangalaga.

Ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan kung ito ay makatwiran at kinakailangan upang maprotektahan ang iyong buhay, maiiwas ka mula sa pagkakaroon ng malubhang karamdaman o kapansanan, o mabawasan ang malubhang kirot mula sa nadayagnos na sakit, karamdaman o pinsala. Para sa mga miyembrong mas bata sa 21, nagsasama ang Medi-Cal ng pangangalaga na medikal na kailangan para ayusin o tulungang gamutin ang pisikal o mental na karamdaman o kondisyon.


Ang sumusunod na mga serbisyo ay laging nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot), kahit na tatanggapin mo ang mga ito sa provider na nasa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.:

- Pagpapaospital, kung hindi isang emerhensiya
- Mga serbisyong nasa labas ng sineserbisyuhang lugar ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., kung hindi emerhensiya o agaran
- Operasyon sa outpatient
- Pangmatagalang pangangalaga sa isang pasilidad ng pangangalaga
- Mga espesyalisadong paggamot
- Mga serbisyo sa medikal na transportasyon kung hindi emerhensiya. Mga serbisyo ng emerhensiyang ambulansiya na hindi kailangan ng paunang pag-apruba.

Sa ilalim ng Health and Safety Code Section 1367.01(h)(1), ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang magpapasya para sa mga karaniwang paunang pag-apruba (mga paunang pahintulot) sa loob ng 5 araw na may trabaho kapag nakuha ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang impormasyon na makatwirang kinakailangan sa pagpapasya.

Para sa mga kahilingan na tinutukoy ng provider o tinutukoy ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na ang sumusunod na karaniwang haba ng panahon ay seryosong magsasapanganib sa iyong buhay o kalusugan o kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang maximum na paggana, gagawa ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ng desisyon na pinabilis (mabilis) na paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Magbibigay ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ng abiso sa pinakamabilis na paraan na kakailanganin ng kondisyon ng iyong kalusugan at hindi lalampas sa 72 oras pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa mga serbisyo.

Ang mga kahilingan sa paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) ay nirerebyu ng klinikal o medikal na kawani, tulad ng mga doktor, nurse at pharmacist.

40  Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).



Hindi binabayaran ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga tagapagrepaso upang tanggihan ang pagsaklaw o mga serbisyo. Kung hindi aaprubahan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang kahilingan, magpapadala ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ng liham ng Abiso ng Pagkilos (Notice of Action o NOA). Sasabihin ng liham na NOA sa iyo kung paano maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayan sa pasya.

Tatawagan ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. kung kailangan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang higit pang impormasyon o higit pang oras para repasuhin ang iyong kahilingan.

Hindi mo kailanman kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa pangangalagang pang-emerhensiya, kahit na ito ay nasa labas ng network ito at wala sa sineserbisyuhang lugar mo. Kabilang dito ang paghilab at panganganak kung ikaw ay buntis. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga sensitibong serbisyo, tulad ng pagpapalano ng pamilya, mga serbisyo sa HIV/AIDS, at mga outpatient na pagpapalaglag.

Para sa mga tanong tungkol sa paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon), tumawag sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**.


## Mga pangalawang opinyon

Maaaring kailangan mo ng pangalawang opinyon tungkol sa pangangalagang sinasabi ng iyong provider na kailangan mo o tungkol sa iyong diyagnosis o plano ng paggamot. Halimbawa, maaaring gusto mo ng pangalawang opinyon kung hindi ka sigurado na kailangan mo ng inireresetang paggamot o operasyon, o kung nasubukan mong sundin ang plano ng paggamot at hindi ito gumana.

Kung gusto mong makakuhan ng pangalawang opinyon, ipapakitala namin kayo sa isang kuwalipikadong network provider na puwedeng magbigay sa inyo ng pangalagawang opinyon. Para sa tulong sa pagpili ng isang provider, tumawag sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**.

Babayaran ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pangalawang opinyon kung hiningi mo ito o ng iyong network provider at kukunin mo ang pangalawang opinyon mula sa network provider. Kailangan mo ng pahintulot mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para makakuha ng pangalawang opinyon mula sa network provider. Gayunpaman, kung kailangan mo ng isang referral, maaaring matulungan ka ng iyong provider sa network na makakuha ng isang referral para sa pangalawang opinyon kung kailangan mo ng ganito.

Kung walang provider sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para magbigay sa iyo ng pangalawang opinyon, magbabayad ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para sa pangalawang opinyon mula sa provider na nasa labas ng network. Sasabihin sa iyo ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa loob ng 5 araw ng negosyo kung naaprubahan ang provider na pinili mo para sa pangalawang opinyon. Kung mayroon kang hindi gumagaling, malala o seryosong sakit, o nahaharap sa agaran at seryosong banta sa iyong kalusugan, kabilang, ngunit hindi limitado sa, pagkawala ng buhay, kamay at/o paa, o pangunahing bahagi ng katawan o paggana ng katawan, magpapasya ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa loob ng 72 oras.

 Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](http://myuhc.com/CommunityPlan).

### 3 | Paano kumuha ng pangangalaga

---

Kapag tinanggihan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang iyong kahilingan para sa pangalawang opinyon, maaari kang maghain ng reklamo. Para mas malaman ang tungkol sa mga reklamo, pumunta sa heading na “Mga Reklamo” sa Kabanatang may pamagat na “Pg-uulat at Paglutas ng mga Problema” sa handbook na ito.

## Sensitibong pangangalaga

### Mga serbisyo sa menor-de-edad na hindi nangangailangan ng pahintulot ng magulang

Maaari mo lamang makuha ang mga sumusunod na serbisyo nang walang pahintulot ng iyong magulang o tagapag-alaga kung ikaw ay 12 taong gulang o mas matanda:

- Outpatient na pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan (mga menor de edad lamang na 12 taong gulang o mas matanda):
  - Seksuwal na pagsalakay (walang mas mababang limitasyon sa edad)
  - Pakikiapid sa kamag-anak
  - Pisikal na pagsalakay
  - Pag-abuso sa bata
  - Kapag naiisip mong saktan ang iyong sarili o ang iba (mga menor-de-edad na 12 taon o mas matanda)
- Pagpigil/pagsusuri/paggamot ng HIV/AIDS
- Pagpigil/pagsusuri/paggamot sa mga impeksyon na naipapasa sa sekswal na paraan
- Paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya (mga menor-de-edad na 12 taon o mas matanda). Para sa dagdag na impormasyon tingnan ang “Mga serbisyo sa paggamot ng kawalang kaayusan sa paggamit ng substance” sa handbook na ito.

Kung ikaw ay mas bata sa 18 taong gulang, maaari kang pumunta sa isang doktor nang walang pahintulot mula sa iyong mga magulang o tagapag-alaga para sa mga ganitong uri ng pangangalaga:

- Pagbubuntis
- Pagpaplano ng pamilya/pamigil sa pagbubuntis (kabilang ang isterilisasyon)
- Mga serbisyo sa pagpapalaglag

Para sa pagsusuri sa pagbubuntis, mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya, pamigil sa pagbubuntis, o mga serbisyo sa impeksyon na naipapasa sa sekswal na paraan, ang doktor o klinika ay hindi kailangang bahagi ng network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Puwede mong piliin ang sinumang provider ng Medi-Cal at pumunta sa kanila para sa mga serbisyong ito nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Ang mga serbisyo mula sa isang provider na wala sa network na hindi nauugnay sa sensitibong pangangalaga ay maaaring hindi saklaw. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o klinika na nagbibigay ng mga serbisyong ito, o para sa tulong sa pagpunta sa mga serbisyong ito (kabilang ang transportasyon), maaari kang tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).



Maaaring makausap ng mga menor de edad ang kinatawan nang pribado tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 na NurseLine sa **1-866-270-5785**.

## Mga sensitibong serbisyo sa nasa hustong gulang

Bilang nasa hustong gulang (18 taong gulang o mas matanda), maaaring ayaw mong pumunta sa iyong PCP para sa ilang sensitibo o pribadong pangangalaga. Kung gayon, maaari kang pumili ng kahit sinong doktor o klinika para sa ganitong mga uri ng pangangalaga:

- Pagpapalano ng pamilya at pamigil sa pagbubuntis (kabilang ang sterilisasyon)
- Pagsusuri sa pagbubuntis at pagpapayo
- Paghadlang at pagsusuri sa HIV/AIDS
- Paghadlang, pagsusuri at paggamot sa mga impeksyon na naipapasa sa sekswal na paraan
- Pangangalaga sa sekswal na pag-atake
- Mga serbisyo sa pagpapalaglag ng outpatient

Ang doktor o klinika ay hindi kailangang bahagi ng network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Maaari kang pumili ng sinumang provider at pumunta sa kanila nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga serbisyong ito. Ang mga serbisyo mula sa isang provider na wala sa network na hindi nauugnay sa sensitibong pangangalaga ay maaaring hindi saklaw. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o klinika na nagbibigay ng mga serbisyong ito, o para sa tulong sa pagpunta sa mga serbisyong ito (kabilang ang transportasyon), maaari kang tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Maaari ka ring tumawag sa 24/7 na NurseLine sa **1-866-270-5785**.

## Moral na pagtangga

Ang ilang mga provider ay may moral na pagtutol sa ilang mga saklaw na serbisyo. Ibig sabihin nito ay may karapatan silang hindi mag-alok ng ilang mga saklaw na serbisyo kung moral na tumututol sila sa mga serbisyo. Kung may moral na pagtutol ang iyong provider, tutulungan ka niyang maghanap ng ibang provider para sa kinakailangan mong mga serbisyo. Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay maaari ring makipagtulungan sa iyo sa paghahanap ng provider.

Ang ilang mga ospital at ibang mga provider ay hindi nagbibigay ng isa o higit pa sa mga sumusunod na serbisyo na maaaring masaklawan sa ilalim ng kontrata ng plano mo at maaaring kailanganin mo o ng miyembro ng pamilya mo:

- Pagplano ng pamilya
- Pagplano ng pamilya, kasama ang kontrasepsiyon
- Sterilisasyon, kabilang ang tubal ligation sa oras ng paghilab at panganganak
- Mga paggamot sa pagkabaog
- Pagpapalaglag



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

### 3 | Paano kumuha ng pangangalaga

---

Dapat kang kumuha ng higit pang impormasyon bago ka magpatala. Tawagan ang iyong prospektibong doktor, medikal na grupo, samahan ng independiyenteng praktis, o klinika, o o tumawag sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa **1-866-270-5785 (TTY 711)** para matiyak na makakakuha ka ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na kailangan mo.

Ang mga serbisyong ito ay makukuha at kailangang tiyakin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na ikaw o ang miyembro ng iyong pamilya ay makapagpapatingin sa isang provider o makapasok sa isang ospital na magsasagawa ng mga saklaw na serbisyo. Tumawag sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa **1-866-270-5785 (TTY 711)** kung may mga tanong ka o kailangan ng tulong sa paghanap ng provider.

## Agarang pangangalaga

Ang agarang pangangalaga ay **hindi** para sa isang emerhensiya o kondisyong nakamamatay. Ito ay para sa mga serbisyong kailangan mo upang mahadlangan ang matinding pagkasira ng iyong kalusugan mula sa biglaang sakit, pinsala o kumplikasyon ng kondisyong taglay mo na. Ang mga appointment para sa agarang pangangalaga na hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) ay makukuha sa loob ng 48 oras mula sa iyong kahilingan para sa isang appointment. Kung ang mga serbisyo sa agarang pangangalaga na kailangan mo ay nangangailangan ng paunang pag-apruba, bibigyan ka ng appointment sa loob ng 96 na oras mula sa iyong kahilingan.

Para sa agarang pangangalaga, tawagan ang iyong PCP. Kung hindi mo matawagan ang iyong PCP, tumawag sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. O puwede mong tawagan ang NurseLine sa **1-866-270-5785**, para malaman kung ano ang pinakamabuti para sa iyo.

## NurseLine – Ang iyong 24-oras na sanggunian para sa impormasyong pangkalusugan

### Hindi sigurado kung anong uri ng pangangalaga ang kailangan mo?

Minsan, mahirap malaman kung anong uri ng pangangalaga ang kailangan mo, kaya mayroon kaming lisensyadong mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na handang tumulong sa iyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Narito ang ilang paraan kung paano sila makakatulong sa iyo: Masasagot nila ang mga tanong tungkol sa alalahanin sa kalusugan at matuturuan ka tungkol sa pangangalaga sa sarili sa bahay kung naaangkop. Mapapayuhan ka nila kung dapat ka bang kumuha ng pangangalagang medikal, at kung paano at saan makakakuha ng pangangalaga (halimbawa, kung hindi ka sigurado kung ang kundisyon mo ay isang Emergency na Kundisyong Medikal, matutulungan ka nilang magpasya kung kailangan mo ng Pang-emerhensiya na Pangangalaga o Agarang Pangangalaga at kung saan makukuha ang pangangalaga na iyon). Masasabi nila sa iyo kung ano ang gagawin kung kailangan mo ng pangangalaga at sarado ang Tanggapan ng Planong Medikal. Matatawagan mo ang isa sa mga lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na ito sa pamamagitan ng pagtawag sa toll-free na numerong ito **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Kapag tumawag ka, maaari kang tanungin ng may kasanayang tagasuportang tao para malaman kung saan ididirekta ang tawag mo.

44



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

### Ano ang mga serbisyong NurseLine?

Ang NurseLine ay nag-aalok ng iba't ibang impormasyon at sangguniang pangkalusugan. Ang mga rehistradong nurse ay nagbibigay ng impormasyon at suporta para sa anumang pangkalusugang tanong o alalahanin.

### Paano ito gumagana?

Tumawag sa toll-free na numero na **1-866-270-5785 (TTY 711)** para sa mga may kapansanan sa pandinig. Nakahanda ang mga nurse na talakayin ang mga alalahanin mo sa kalusugan at sasagutin ang iyong mga tanong.

### Kailan ako maaaring tumawag?

Makakatawag ka sa libre na NurseLine anumang oras, 24 oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Walang limitasyon sa dami ng beses kung kailan ka makakatawag.

### Paano ako matutulungan ng NurseLine?

Kung may sakit ka o napinsala, maaaring mahirap ang gumawa ng mga pagpapasya sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring hindi mo alam kung dapat kang pumunta sa emergency room, bumisita sa isang sentro ng agarang pangangalaga, magpatingin sa iyong doktor o gumamit ng pansariling pangangalaga. Matutulungan ka ng nurse ng NurseLine na magpasya. Maaaring gusto mo lang matuto pa tungkol sa isyung pangkalusugan. Sa NurseLine, isang tawag lang ang mga sagot.

### Anong mga uri ng usapin ang matutugunan ng NurseLine?

Matutugunan ng mga nurse ang maraming pangkalusugang usapin. Kabilang sa mga ito ang:

- Mga maliliit na pagkapinsala
- Mga karaniwang karamdaman
- Mga tip sa sariling pag-aalaga at mga opsyon sa paggamot
- Mga kamakailang diyagnosis at mga hindi-gumagaling na karamdaman
- Pagpili ng pangangalagang medikal
- Pag-iwas sa karamdaman
- Nutrisyon at kalakasan ng katawan
- Mga tanong para sa inyong doktor
- Paano ang ligtas na paggamit ng gamot
- Kalusugan ng mga lalaki, babae at mga kabataan

Kung kayo ay mayroong emerhensiya, tumawag sa **911** para sa tulong, o pumunta sa pinakamalapit na emergency room upang kayo ay matingnan.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

### 3 | Paano kumuha ng pangangalaga

---

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa labas ng sineserbisyuhang lugar, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga. Ang mga agarang pangangalaga ay maaaring sipon, masakit na lalamunan, lagnat, sakit sa tainga, nasaktang kalamnan o mga serbisyo sa buntis. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon). Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip, tawagan ang Plano sa Kalusugan ng Pag-iisip sa iyong county o ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Maaari kang tumawag sa Plano sa Kalusugan ng Pag-iisip sa iyong county sa iyong UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Behavioural Health Organization anumang oras, 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Upang makita ang mga libreng numero ng mga county nang online, bisitahin ang <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>.

## Emerhensiyang pangangalaga


Kung emerhensiya ito, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emerhensiya room (ER). Para sa pangangalagang pang-emerhensiya, **hindi** mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. May karapatan kang gamitin ang alinmang ospital o iba pang lugar para sa pangangalagang pang-emerhensiya, kasama ang Canada at Mexico. Hindi saklaw ang emerhensiyang pangangalaga at iba pang pangangalaga sa ibang bansa.

Ang pangangalagang pang-emerhensiya ay para sa isang nakamamatay na kundisyong medikal. Ang pangangalagang ito ay para sa isang sakit o pinsala na inaasahan ng maalam (makatwirang) regular na tao (hindi isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na may karaniwang kaalamang pangkalusugan at sa medisina na, kung hindi ka makakakuha ng pangangalaga kaagad ay maisasapanganib ang iyong kalusugan (o ang kalusugan ng iyong hindi pa naisisilang na sanggol), o mailalagay mo sa seryonsong pinsala ang mga paggana ng iyong katawan, organ ng katawan o parte ng katawan. Kasama sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa:

- Aktibong paghilab
- Nabaling buto
- Matinding kirot
- Pananakit ng dibdib
- Kahirapan sa paghinga
- Malalang pagkasunog
- Labis na dosis ng gamot
- Pagkahimatay
- Malalang pagdurugo
- Mga emerhensiya na kondisyong pangkaisipan, tulad ng matinding depression o saloobin ng pagpapakamatay

**Huwag pumunta sa ER para sa kalakarang pangangalaga o pangangalagang hindi agad kailangan.** Dapat kang kumuha ng karaniwang pangangalaga mula sa iyong PCP, na pinaka-nakakaalam sa kalusugan mo. Kung hindi ka sigurado kung isang emerhensiya ang iyong kundisyong medikal, tawagan ang iyong PCP. Maaari ka ring tumawag sa 24/7 na NurseLine sa **1-866-270-5785**.

Kung kailangan mo ng emerhensiya na pangangalaga na hindi sa tahanan, pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER), kahit na ito ay wala sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Kung pupunta ka sa isang ER, hilingin mo sa kanila na tawagan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Ikaw o ang ospital kung saan ka na-admit ay dapat tumawag sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa loob ng 24 oras

46  Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](http://myuhc.com/CommunityPlan).



pagkatapos mong makakuha ng pangangalagang pang-emerhensiya. Kung naglalakbay ka sa U.S., bukod sa Canada o Mexico, at nangangailangan ng pangangalagang pang-emerhensiya, **hindi** sasaklawin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pangangalaga sa iyo.

Kung mangangailangan ka ng pang-emerhensiya na transportasyon, tumawag sa **911**. Hindi mo kailangang sabihin muna sa iyong PCP o sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. bago ka pumunta sa ER.

Kung kailangan mo ng pangangalaga ng ospital na nasa labas ng network makalipas ang iyong emerhensiya (pangangalagang pagkatapos na mapahupa), tatawag ang ospital sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

**Tandaan:** Huwag tumawag sa **911** maliban kung ito ay isang emerhensiya. Kumuha lamang ng pangangalagang pang-emerhensiya para sa isang emerhensiya, hindi para sa karaniwang pangangalaga o sa isang hindi malalang sakit tulad ng sipon o masakit na lalamunan. Kung isa itong emerhensiya, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emerhensiya room.

Nagbibigay sa iyo ng libreng medikal na impormasyon at payo nang 24 oras isang araw, at araw-araw sa buong taon ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na NurseLine. Tumawag sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**.

## NurseLine

Nagbibigay sa iyo ng libreng medikal na impormasyon at payo nang 24 oras isang araw, at araw-araw sa buong taon ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na linya ng payo ng Nurse. Tumawag sa **1-866-270-5785 (TTY 711)** para:

- Kausapin ang isang nurse na sasagot sa medikal na mga tanong, magbibigay ng payo sa pangangalaga, at tutulong sa iyong magpaysa kung dapat kang magpatingin agad sa isang provider.
- Kumukha ng tulong sa medikal na mga kondisyon tulad ng diabetes o hika, kasama ang payo tungkol sa uri ng provider na maaaring tama para sa kondisyon mo

Ang linya ng payo ng Nurse ay **hindi** makatutulong sa mga appointment sa klinika o refill ng gamot. Tawagan ang opisina ng provider mo kung kailangan mo ng tulong sa mga ito.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).



## Mga paunang direktiba

Ang isang paunang direktiba sa kalusugan ay isang legal na form. Dito, maaari mong ilista ang mga pangangalagang pangkalusugan na gusto mo kung sakaling hindi ka na makapagsalita o makapagpasya kalaunan. Maaari mong ilista kung anong pangangalaga ang **ayaw** mo. Maaari kang pumili ng ibang tao, tulad ng asawa mo, na magpapasya para sa iyong pangangalagang pangkalusugan kung hindi mo na magawa ito.

Maaari kang kumuha ng form ng paunang direktiba sa mga parmasya, ospital, mga tanggapan ng batas at doktor.

Maaaring kailangan mong magbayad para sa form. Maaari ka ring makahanap at maka-download ng libreng form online. Maaari kang magpatulong sa iyong pamilya, PCP o sa isang pinagkakatiwalaan mo na punan ang form.

May karapatan kang ilagay ang iyong paunang direktiba sa iyong medikal na mga talaan. May karapatan kang baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba sa anumang oras.

May karapatan kang malaman ang tungkol sa mga pagbabago sa mga batas sa paunang direktiba. Sasabihan ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. tungkol sa mga pagbabago sa batas ng estado nang hindi lalampas sa 90 araw mula sa araw ng pagbabago.

Maaari kang tumawag sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa **1-866-270-5785** para sa karagdagang impormasyon.

## Pag-donate ng organ at tissue

Makakatulong ang mga nasa hustong gulang na makapagligtas ng mga buhay sa pamamagitan ng pagiging donor ng organ o tissue. Kung ikaw ay nasa pagitan ng edad 15 at 18, maaari kang maging donor sa pamamagitan ng nakasulat na pahintulot ng iyong magulang o tagapag-alaga. Maaari mong baguhin ang pasya mong mag-donate ng organ sa anumang oras. Kung nais mo ng higit na kaalaman tungkol sa pag-donate ng organ o tissue, kausapin ang iyong PCP. Maaari mo ring bisitahin ang website ng Departamento ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos [www.organdonor.gov](http://www.organdonor.gov).



# 4. Mga benepisyo at serbisyo

## Ang sinasaklaw ng iyong planong pangkalusugan

Ipinapaliwanag ng seksyon na ito ang iyong mga saklaw na serbisyo bilang miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Libre ang iyong mga saklaw na serbisyo hangga't medikal na kinakailangan ang mga ito at ibinibigay ng isang provider na nasa loob ng network. Kailangan kang humingi sa amin ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) kung ang pangangalaga ay nasa labas ng network maliban sa mga sensitibong serbisyo, mga serbisyong pang-emerhensiya o agaran. Maaaring saklawin ng iyong planong pangkalusugan ang mga medikal na kinakailangang serbisyo mula sa provider na nasa labas ng network. Pero dapat ka munang humingi ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para rito. Ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan kung ito ay makatwiran at kinakailangan upang maprotektahan ang iyong buhay, maiiwas ka mula sa pagkakaroon ng malubhang karamdaman o kapansanan, o mabawasan ang malubhang kirot mula sa nadayagnos na sakit, karamdaman o pinsala. Para sa mga miyembrong mas bata sa 21, nagsasama ang Medi-Cal na mga serbisyo ng pangangalagang medikal na kailangan para maayos o makatulong pahuapin ang pisikal o mental na karamdaman o kondisyon. Para sa higit pang mga detalye sa iyong mga saklaw na serbisyo, tumawag sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**.

Nakakakuha ng dagdag na benepisyo at serbisyo ang mga miyembrong mas bata sa 21 taong gulang. Basahin ang kabanata 5: Mabuting pangangalaga para sa bata at kabataan para sa dagdag na impormasyon.

Ilan sa batayang benepisyo sa kalusugan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na mga alok ang nakalista sa ibaba. Ang mga benepisyong may tala ( \* ) ay maaaring kailangan ng paunang pag-apruba.

- Acupuncture\*
- Mga serbisyo at terapi sa kalusugan sa bahay na malubha (panandaliang paggamot)
- Mga pagbabakuna ng nasa hustong gulang (mga pagturok)
- Mga testing at ineksiyon sa allergy
- Mga serbisyo ng ambulansiya para sa emerhensiya
- Mga serbisyo ng anesthesiologist
- Audiology\*
- Mga paggamot sa kalusugan sa pag-uugali\*
- Rehabilitasyon ng puso
- \*Mga serbisyong chiropractic
- Chemotherapy at Radiation therapy
- Mga serbisyo sa ngipin -- limitado (isinagawa ng medikal na propesyonal/PCP sa medikal na opisina)
- Mga serbisyo sa dialysis/hemodialysis
- Matibay na kagamitang medikal (DME)\*
- Mga pagbisita sa emergency room
- Enteral at parenteral na nutrisyon\*



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](http://myuhc.com/CommunityPlan).

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

---

- Mga pagbisita sa opisina at pagpapayo sa pagplano ng pamilya (puwede kang pumunta sa hindi kalahok na provider)
- Mga serbisyo ng habilitasyon at mga device\*
- Mga hearing aid
- Pangangalaga sa kalusugan sa tahanan\*
- Pag-aalaga sa hospisyo\*
- Inpatient na pangangalagang medikal at pag-oopera\*
- Lab at radiology\*
- Pangmatagalang mga terapi at serbisyo sa kalusugan sa bahay\*
- Pangangalaga sa buntis at bagong panganak
- Mayor na transplant ng organo\*
- Terapi na pantrabaho\*
- Orthotics/prostheses\*
- Mga supply ng ostomy at urology
- Mga serbisyo ng ospital para sa outpatient
- Mga pang-outpatient na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip
- Operasyon sa outpatient\*
- Pampahupang pangangalaga\*
- Mga pagbisita sa PCP
- Mga serbisyong para sa bata
- Physical therapy\*
- Mga serbisyo ng podiatry\*
- Rehabilitasyon ng baga
- Mga serbisyo ng habilitasyon at mga device\*
- Mga serbisyo ng bihasang pangangalaga
- Mga pagbisita sa espesyalista
- Speech therapy\*
- Mga serbisyo sa operasyon
- Telemedicine/Telehealth
- Mga serbisyo sa transgender\*
- Agarang pangangalaga
- Mga serbisyo para sa paningin\*
- Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng kababaihan

Ang mga depinisyon at paglalarawan ng saklaw na mga serbisyo ay matatagpuan sa Kabanata 8, “Mahalagang mga numero at salitang aalamin.”



**Ang mga serbisyong medikal na kailangan** ay makatwiran at kailangan upang maprotektahan ang iyong buhay, maiiwas ka sa pagkakaroon ng malubhang karamdaman o kapansanan, o mabawasan ang malubhang kirot mula sa nadayagnos na sakit, karamdaman o pinsala.

Kasama sa mga serbisyong medikal na kailangang iyong mga serbisyong kailangan para sa paglaki at pag-unlad ayon sa edad, o para makamit, mapanatili, o mabawi ang kakayahan sa pagganap.

Para sa mga miyembrong mas bata sa 21 taong gulang, ang isang serbisyo ay medikal na kailangan kung kailangan ito para iwasto o lunasan ang mga depekto at phisikal at mental na mga sakit o kondisyon sa ilalim ng federal na Early and Period Screening, Diagnostic and Treatment (EPSDT) na benepisyo. Kasama rito ang pangangalagang kailangan para ayusin o tumulong na pahupain ang pisikal o mental na karamdaman o kondisyon, o pigilang ang paglubha ng kondisyon ng miyembro.

Hindi kasama sa mga serbisyong medikal na kailangan ang:


- Mga paggamot na hindi nasuri o sinusuri pa
- Mga serbisyo o item na hindi tanggap na epektibo sa pangkalahatan
- Mga serbisyo sa labas ng normal na kurso at haba ng paggamot or mga serbisyong walang klinikal na mga patnubay
- Mga serbisyo para sa ginhawa ng caregiver o provider

Makikipag-ugnayan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa ibang programa para matiyak na tinatanggap mo lahat ng medikal na kailangang mga serbisyo, kahit ang mga serbisyong iyon ay saklaw ng ibang programa at hindi ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Kasama sa mga serbisyong medikal na kailangan ang saklaw na mga serbisyo na makatwiran at kailangan para:

- Pangalagaan ang buhay;
- Pigilan ang mabigat na karamdaman o mabigat na kapansanan;
- Pahupain ang matinding pananakit;
- Makait ang paglaki at pag-unlad na akma sa edad; at
- Makamit, mapanatili, at mabawi ang kakayahan sa pagganap.

Para sa mga miyembrong mas bata sa 21 taong gulang, kasama sa medikal na kailangan lahat ng saklaw na serbisyo, tinukoy sa itaas, at anumang ibang mahalagang pangangalaga sa kalusugan, mga serbisyo sa pagdayagnos, paggamot at ibang hakbang para iwasto o pahupain ang mga depekto at pisikal at mental na mga karamdaman at kondisyon, ayon sa hinihingi ng federal na Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment (EPSDT) na benepisyo.

 Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

---

Ang EPSDT ay nagbibigay ng malawak na hanay ng mga serbisyo sa pagpigil, pagdayagnos, at paggamot para sa mga sanggol, bata at kabataang mas bata sa 21 edad na mababa ang income. Mas malakas ang benepisyo ng EPSDT kaysa benepisyo para sa mga adult at nakadisenyo para tiyaking tumatanggap ang mga bata ng maagang pag-alam at pangangalaga, para maiwasan o madayagnos at magamot sa lalong madaling panahon ang mga problema sa kalusugan. Layunin ng EPSDT ang pagtiyak na makukuha ng indibidwal na mga bata ang pangangalaga ng kalusugang kailangan nila kapag kailangan nila -- ang tamang pangangalaga sa tamanga bata sa tamang oras sa tamang lugar.

Makikipag-ugnayan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa ibang programa para matiyak na tinatanggap mo lahat ng medikal na kailangang mga serbisyo, kahit ang mga serbisyong iyon ay saklaw ng ibang programa at hindi ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

## Mga benepisyo ng Medi-Cal na saklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

### Mga serbisyo sa outpatient (ambulatory)

#### Mga pagbabakuna ng nasa hustong gulang

Maaari kang makakuha ng mga bakuna (iniksyon) para sa nasa hustong gulang mula sa isang provider ng network nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga bakunang inirerekomenda ng Advisory Committee on Immunization Practices (ACIP) ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC), kasama ang mga pagturok na kailangan mo kapag nagbibiyaha ka.

Maaari ka ring makakuha ng ilang mga bakuna (iniksyon) para sa nasa hustong gulang sa isang parmasya sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

Para mas matutunan ang tungkol sa Medi-Cal Rx na programa, basahin ang Ibang Medi-Cal na mga programa at serbisyo na seksiyon sa kabanatang ito.

#### Pangangalaga sa allergy

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pagsusuri at paggamot sa allergy, kabilang ang allergy desensitization, hyposensitization o immunotherapy.

#### Mga serbisyo ng anesthesiologist

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyong anesthesia na medikal na kinakailangan kapag tatanggap ka ng pangangalagang pang-outpatient. Maaaring kasama rito ang pampamanhid para sa mga pamamaraan sa ngipin kapag ibinigay ng medikal na anesthesiologist.



### Mga serbisyong chiropractic

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyong chiropractic, limitado sa paggamot sa gulugod sa pamamagitan ng manu-manong pagmamanipla. Ang mga serbisyong chiropractic ay limitado sa dalawang serbisyo bawat buwan bilang kumbinasyon ng mga serbisyong acupuncture, audiology, terapiya na pantrabaho at terapiya sa pagsasalita (hindi angkop sa mga batang mas bata sa 21 ang mga limitasyon). Maaaring paunang pahintulutan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang ibang mga serbisyo bilang medikal na kinakailangan.

Ang mga sumusunod na miyembro ay karapat-dapat para sa mga serbisyong chiropractic:

- Mga batang mas mababa sa 21 ang edad
- Mga buntis na babae hanggang sa katapusan ng buwan na kinabibilangan ng 60 araw kasunod ng pagtatapos ng pagbubuntis
- Ang mga residente sa pasilidad ng dalubhasang pangangalaga, pasilidad ng intermediate na pangangalaga, o pasilidad ng subacute na pangangalaga
- Lahat ng miyembro kapag ang serbisyo ay ibinibigay sa mga departamento ng outpatient sa ospital, outpatient na mga klinika, mga FQHC o RHC na nasa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Hindi lahat ng FQHC, RHC o ospital ng county ay nag-aalok ng mga serbisyo chiropractic na outpatient.

### Mga serbisyo sa dialysis at hemodialysis

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga paggamot sa dialysis. Sinasaklaw din ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyong hemodialysis (chronic na dialysis) kung magsusumit ng kahilingan ang iyong doktor at aaprubahan ito ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

### Operasyon sa outpatient

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga pamamaraang operasyon sa outpatient. Nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) ang mga kinakailangan para sa mga layuning dayagnostik, mga pamamaraang itinuturing na elektibo, at mga partikular na pamamaraang medikal sa outpatient.

### Mga serbisyo ng doktor

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyo ng doktor na medikal na kinakailangan.

### Mga serbisyo sa podiatry (paa)

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyo sa podiatry na medikal na kinakailangan para sa diagnosis at medikal, surgical, mekanikal, manipulative at elektrikal na paggamot ng paa ng tao. Kasama rito ang bukung-bukong at tendon na pumapasok sa paa at ang hindi-operasyon na paggamot ng mga kalamnan at tendon ng binti na kumokontrol sa mga paggana ng paa.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).  
Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

---

### Paggamot na mga terapiya

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang iba't ibang mga paggamot na terapiya, kabilang ang:

- Chemotherapy
- Radiation therapy

### Pangangalaga sa buntis at bagong panganak

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyong ito sa pangangalaga ng buntis at bagong panganak:

- Edukasyon at tulong sa pagpapasuso
- Pangangalaga sa panganganak at pagkatapos ng panganganak
- Mga breast pump at supply
- Pangangalaga bago manganak
- Mga serbisyo ng sentro ng paanakan
- Sertipikadong Komadronang Nurse (Certified Nurse Midwife o CNM)
- Lisensyadong Komadrona (Licensed Midwife o LM)
- Dayagnosis ng mga diperensyang genetiko ng fetus at pagpapayo
- Mga serbisyong pangangalaga sa bagong silang

### Mga serbisyong telehealth

Ang Telehealth ay isang paraan ng pagkuha ng mga serbisyo nang hindi nasa parehong pisikal na lokasyon tulad ng iyong provider. Maaaring kasangkot sa Telehealth ang pagkakaroon ng isang live na pakikipag-usap sa iyong provider. Maaaring kasangkot sa Telehealth ang pagbabahagi ng impormasyon sa iyong provider nang walang live na pakikipag-usap. Maaari kang makatanggap ng maraming serbisyo sa pamamagitan ng telehealth. Pero ang telehealth ay maaaring hindi makuha para sa lahat ng saklaw na mga serbisyo. Maaari kang makipag-ugnay sa iyong provider upang malaman kung aling uri ng mga serbisyo ang maaaring makukuha sa pamamagitan ng telehealth. Mahalaga na pareho kayong sumang-ayon ng iyong provider na ang paggamit ng telehealth para sa isang partikular na serbisyo ay angkop para sa iyo. May karapatan ka sa mga serbisyong personal at hindi kailangang gumamit ng telehealth kahit pumapayag ang provider mo na akma ito para sa iyo.





## Mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip

### Mga pang-outpatient na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang isang miyembro para sa paunang pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip nang hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Maaari kang kumuha ng pagtatasa para sa kalusugan ng pag-iisip sa anumang oras mula sa isang provider sa kalusugan ng pag-iisip sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. nang walang rekomendasyon.

Gagawa ang iyong PCP o ang provider ng kalusugan ng pag-iisip ng rekomendasyon para sa karagdagang pagsasala para sa kalusugan ng pag-iisip sa isang espesyalista na nasa loob ng network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. upang matukoy ang antas ng iyong pinsala. Kung tutukuyin ng mga resulta sa pagsasala sa iyong kalusugan sa pag-iisip na ikaw ay nasa banayad o katamtamang karamdaman o mayroon kang kapansanan sa paggana ng pag-iisip, emosyon o pag-uugali, maaaring maglaan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip para sa iyo. Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip gaya ng:

- Pang-indibidwal at pang-grupong pagtatasa at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip (psychotherapy)
- Sikolohikal na pagsusuri kapag klinikal na kinakailangan upang suriin ang kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip
- Paglinang ng mga kakayanang pag-iisip upang mapahusay ang atensyon, memorya at paglutas ng mga problema
- Mga serbisyon pang-outpatient para sa mga layuning pagsubaybay sa terapiya ng gamot
- Outpatient na laboratoryo, mga medikasyon, suplay at suplemento
- Psychiatric na konsultasyon
- Terapi ng pamilya

Para sa tulong sa paghahanap ng higit pang impormasyon sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na ipinagkakaloob ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

Kung tutukuyin ng mga resulta sa pagsasala sa iyong kalusugan sa pag-iisip na maaaring mayroon kang mas mataas na antas ng pinsala at nangangailangan ka ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (SMHS), irerekomenda ka ng iyong PCP o ng tagapaglaan mo ng serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip sa plano ng kalusugan ng pag-iisip sa county upang makatanggap ng pagtatasa. Para mas malaman, basahin ang “Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip nang may espesyalidad” sa pahina 74.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

### Mga serbisyong pang-emerhensiya

#### Kailangan ng mga serbisyo ng inpatient at outpatient upang gamutin ang isang medikal na emerhensiya

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang lahat ng serbisyo na kinakailangan upang gamutin ang isang medikal na emerhensiya na magaganap sa U.S. (kasama ang mga teritoryong tulad ng Puerto Rick, U.S. Virgin Islands, atbp.) o mangangailangan para pumunta ka sa ospital sa Canada o Mexico. Ang isang medikal na emerhensiya ay isang kundisyong medikal na may malubhang kirot o seryosong pinsala. Napakaseryoso ng kondisyon na, kung hindi mabibigyan agad ng medikal na atensyon, ito ay aasahan ng sinumang may karaniwang kaalaman sa kalusugan at medisina na magreresulta sa:

- Seryosong panganib sa iyong kalusugan; o
- Seryosong pinsala sa mga paggana ng katawan; o
- Seryosong pagkasira ng alinman sa mga organo o bahagi ng katawan; o
- Sa kaso ng buntis na babae na aktibong humihilab, ibig sabihin ay paghilab sa panahong alinman sa mga sumusunod ay magaganap:
  - Walang sapat na oras para ligtas na mailipat ka sa ibang ospital bago ang panganganak
  - Ang paglipat ay maaaring makabanta sa iyong kalusugan o kaligtasan o sa iyong hindi pa naisisilang na anak

Kung bibigyan ka ng isang emergency room ng ospital ng hanggang 72 oras na supply ng outpatient na reseta ng gamot

bilang bahagi ng iyong paggamot, masasaklaw ang nakaresetang gamot bilang bahagi ng iyong saklaw na Emerhensiyang mga Serbisyo. Kung bibigyan ka ng isang emergency room ng ospital ng resetang kailangan mong dahil sa outpatient na parmasya para mapunan, magiging responsable ang Medi-Cal para sa saklaw ng resetang iyon.

Kung bibigyan ka ng pharmacist sa isang outpatient na parmasya ng emerhensiyang supply ng medikasyon, ang emerhensiyang supply na iyon ay sasaklawin ng Medi-Cal Rx at hindi ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Patawagin ang parmasya sa Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273** kung kailangan nila ng tulong sa pagbibigay sa iyo ng emerhensiyang medikal na supply.

#### Mga serbisyong transportasyong pang-emerhensiya

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyo ng ambulansya upang matulungan kang makarating sa pinakamalapit na lugar ng pangangalaga sa mga sitwasyon ng emerhensiya. Ibig sabihin nito ay seryoso ang iyong kondisyon na ang ibang paraan ng pagpunta sa lugar ng pangangalaga ay makabanta sa iyong kalusugan o buhay. Walang sinasaklaw na mga serbisyo sa labas ng U.S., maliban sa mga serbisyong pang-emerhensiya na nangangailangang sa iyong pumunta sa ospital sa Mexico o Canada. Kapag nakatanggap ka ng mga serbisyo ng emerhensiyang ambulansiya sa Canada at Mexico at hindi ka naospital sa panahon ng pangangalagang iyon, hindi sasaklawin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyo ng ambulansiya.



### Hospisyo at pangangalagang pampahupa

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pangangalagang hospisyo at pangangalagang palliative para sa mga bata at nasa hustong gulang, na makakatulong na makabawas sa kawalang ginhawang pisikal, emosyonal, sosyal at espirital. Ang mga nasa hustong gulang nas 21 taong o mas matanda ay maaaring hindi makatanggap ng parehong serbisyo sa hospisyo at pangangalagang pampahupa nang sabay.

#### Pangangalaga ng Hospisyo

Ang pangangalaga ng hospisyo ay isang benepisyo na nagbibigay ng serbisyo sa mga miyembro na may sakit ng may taning. Hinihingi ng pangangalaga sa hospisyo na ang miyembro ay may taning ang buhay na 6 na buwan o mas maikli. Ito ay isang interbensyon na pangunahing nakatuon sa pagkontrol sa pananakit at sintomas sa halip na pagalingin upang mapahaba ang buhay.

Ang pangangalaga ng hospisyo ay kinabibilangan ng:

- Mga serbisyong pangangalaga
- Mga serbisyong pisikal, pantrabaho o pagsasalita
- Mga medikal na serbisyo sa lipunan
- Mga serbisyo ng katulong sa kalusugan sa tahanan at tagapangalaga ng tahanan
- Mga medikal na supply at kasangkapan
- Ilang mga gamot at biyolohikal na serbisyo (ang ilan ay maaaring makuha sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal Rx)
- Mga serbisyong pagpapayo
- Nagpapatuloy na mga serbisyong pangangalaga sa 24 oras na batayan sa mga panahon ng krisis at kung kinakailangan upang mapanatili sa tahanan ang miyembrong may nataningang sakit
- Pang-inpatient na pangangalaga upang makapagpahinga ang tagapangalaga nang hanggang sa limang magkakasunod na araw sa bawat pagkakataon sa isang ospital, pasilidad ng dalubhasang pangangalaga o pasilidad ng hospisyo
- Panandaliang pangangalaga sa inpatient para sa pagkontrol ng pananakit o sintomas sa ospital, pasilidad ng dalubhasang pangangalaga o pasilidad ng hospisyo

#### Pamapahupang pangangalaga

Ang pangangalagang pampahupa ay pangangalagang nakatuon sa pasyente at pamilya na nagpapahusay sa kalidad ng buhay sa pamamagitan ng pag-abang, pag-iwas, at paggamot sa pagdurusa. Hindi kinakailangan ng pangangalagang palliative na ang miyembro ay mayroong taning sa buhay na anim na buwan o mas maikli. Ang pangangalagang palliative ay maaaring ibigay nang kasabay ng pangangalagang paggamot.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

---

Kasama sa pangangalagang pampahupa ang:

- Pagplano ng abanteng pangangalaga
- Konsultasyon at pagtatasa ng pampahupang pangangalaga
- Plano ng pangangalaga kasa pero hindi limitado sa:
  - Doktor ng medisina o osteopathy
  - Assistant ng doktor
  - Rehistradong nurse
  - Lisensiyadong bokasyonal na nurse o nurse practitioner
  - Manggagawang panlipunan
  - Pari
- Koordinasyon ng pangangalaga
- Pangangasiwa sa pananakit at sintomas
- Mga serbisyong panlipunan sa kalusugan ng pag-iisip at medikal

Ang mga nasa hustong gulang na edad 21 o mas matanda ay maaaring hindi makatanggap ng parehong serbisyo sa hospisyo at pangangalagang palliative nang sabay. Kung tumatanggap ka ng pampahupang pangangalaga at hindi natutugunan ang pagiging karapat-dapat sa hospisyong pangangalaga, puwede mong hilingin na lumipat sa pangangalaga ng hospisyo anumang oras.

### Pagkakaospital

#### Mga serbisyo ng anesthesiologist

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga medikal na kinakailangang serbisyo ng anesthesiologist sa panahon ng mga sinasaklaw na pananatili sa ospital. Ang isang anesthesiologist ay isang provider na nagpakadalubhasa sa pagbibigay ng anesthesia sa mga pasyente. Ang anesthesia ay isang uri ng gamot na ginagamit sa panahon ng ilang pamamaraang medikal.

#### Serbisyo ng ospital para sa mga inpatient

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang medikal na kinakailangang pang-inpatient na pangangalaga sa ospital kapag na-admit ka sa ospital.

#### Mga serbisyo sa operasyon

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga medikal na kinakailangang operasyon na isasagawa sa isang ospital.



### Ang Provisional Postpartum Care Extension Program

Ang Provisional Postpartum Care Extension (PPCE) Program ay nagbibigay ng pinalawig na saklaw para sa mga miyembro ng Medi-Cal na may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip ng ina habang nagbubuntis o sa panahon pagkatapos ng pagbubuntis.

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pangangalagang pangkalusugan ng pag-iisip ng ina para sa mga kababaihan sa panahon ng pagbubuntis at hanggang sa dalawang buwan pagkatapos ng pagtatapos ng pagbubuntis. Pinalalawak ng programang PPCE ang saklaw na iyon ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. nang hanggang 12 buwan pagkatapos ng dayagnosis o mula sa pagtatapos ng pagbubuntis, alinman ang mas nahuhuli.

Upang maging karapat-dapat para sa programa ng PPCE, dapat kumpirmahin ng iyong doktor ang iyong dayagnosis ng kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip ng ina sa loob ng 150 araw matapos ang pagtatapos ng pagbubuntis. Tanungin ang iyong doktor tungkol sa mga serbisyong ito kung sa palagay mo ay kailangan mo ang mga ito. Kung sa palagay ng iyong doktor dapat kang magkaroon ng mga serbisyo mula sa PPCE, kukumpletuhin at isusumite ng iyong doktor ang mga form para sa iyo.

### Mga serbisyo at aparato para sa (terapiya) rehabilitasyon at habilitasyon

Ang benepisyo na ito ay may kasamang mga serbisyo at aparato upang matulungan ang mga taong may pinsala, kapansanan o hindi gumagaling-galing na kondisyon upang makamit o mabawi ang mga kasanayan sa pag-iisip at pisikal.

Sinasaklaw ng plano ang:

#### Acupuncture

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyong acupuncture upang mapigilan, mabago o mabawasan ang sa tingin ay malala, patuloy na hindi gumagaling-galing na pananakit na dulot ng pangkabuuang kinikilalang kundisyong medikal. Ang mga serbisyong acupuncture sa outpatient (mayroon o walang elektronikong paggamit ng mga karayom) ay limitado sa dalawang serbisyo bawat buwan, na may kakumbinasyong mga serbisyong audiology, chiropractic, terapiya na pantrabaho at terapiya sa pagsasalita kapag ipinagkaloob ng isang doktor, dentista o acupuncturist (hindi naaayon ang mga limitasyon sa mga batang mas bata sa 21 edad). Maaaring paunang aprubahan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. (paunang pahintulutan ang karagdagang mga serbisyo bilang medikal na kinakailangan).

#### Audiology (pandinig)

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyong audiology. Ang outpatient na audiology ay limitado sa dalawang serbisyo bawat buwan bilang kumbinasyon ng mga serbisyong acupuncture, chiropractic, terapiya na pantrabaho at terapiya sa pagsasalita (hindi naaayon ang mga limitasyon sa mga batang mas bata sa 21 edad). Maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang karagdagang mga serbisyo bilang medikal na kinakailangan.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).  
Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado.  
Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

---

### Mga paggamot sa kalusugan sa pag-uugali

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc, ang behavioral health treatment (BHT) nga mga serbisyo para sa mga miyembrong mas bata sa 21 taong gulang sa pamamagitan ng Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment (EPSDT) na benepisyo. Kasama sa BHT ang mga serbisyo at programang paggamot, tulad ng applied behavior analysis at evidence-based behavior intervention na mga programa para paunlarin o ibalik, sa pinakasagad na hangganang maaari, ang paggana ng isang indibidwal na mas bata sa 21 taong gulang.

Ang mga BHT na serbisyo ay nagtuturo ng mga kakayanan gamit ang pag-oberba sa pag-uugali at pagsuporta, o sa pamamagitan ng pag-udyok upang ituro ang bawat hakbang ng pinupuntirang pag-uugali. Ang mga serbisyong BHT ay batay sa maaasahang ebidensya at hindi ito eksperimental. Ang mga halimbawa ng mga serbisyong BHT ay kinabibilangan ng mga interbensyon sa pag-uugali, mga package na interbensyon sa kognitibong pag-uugali, komprehensibong paggamot sa pag-uugali at inilalapat na pag-analisa sa pag-uugali.

Ang mga serbisyong BHT ay dapat medikal na pangangailangan, nireseta ng lisensiyadong doktor o psychologist, aprubado ng plano at nilaan sa paraan na sumusunod sa aprubadong plano ng paggamot.

### Rehabilitasyon ng puso

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyo sa inpatient at outpatient na rehabilitasyon ng puso.

### Matibay na Kagamitang Medikal (Durable Medical Equipment o DME)

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pagbili o pagrenta ng DME na mga suplay, kagamitan at iba pang serbisyong may reseta mula sa isang doktor, katulong ng doktor, nurse practitioner, at klinikal na espesyalistang nurse. Ang iniresetang DME na mga item ay maaaring masaklaw bilang medikal na kinakailangan upang mapanatili ang paggana ng katawan sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay o upang mapigilan ang malalang pisikal na kapansanan.

Sa pangkalahatan, hindi sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang sumusunod:

- Ginhawa, pampaginhawa o pangluhong kagamitan, katangian o supply, maliban sa mga pambomba ng suso na retail-grade tulad ng nakalarawan sa “Mga pambomba ng suso at supply” sa ilalim ng ulong “Panganganak at pangangalaga ng bagong silang” sa kabanatang ito
- Mga item na hindi nilayon sa pagmantini ng normal na mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay, tulad ng mga kagamitan sa ehersisyo (kasama ang mga device na nilayong magbigay ng dagdag na suporta para sa panlibangan o pampalakasang mga aktibidad)
- Mga kagamitan sa kalinisan, maliban kung medikal na kailangan para sa isang miyembrong mas bata sa edad 21
- Hindi medikal na mga item, tulad ng sauna bath at elevator
- Mga pagbabago sa iyong tahanan o kotse





- Mga device sa pagtesting ng dugo at iba pang substance ng katawan (pero ang blood glucose monitor, test strip at lanseta ng diabetes ay sakot ng Medi-Cal Rx)
- Elektronikong mga monitor ng puso o baga maliban sa mga monitor ng apnea ng sanggol
- Pagkumpuni o pagpalit sa kagamitan dulot ng pagkawala, pagnanakaw, o maling paggamit maliban kung medikal na kailgan para sa isang miyembrong mas bata sa edad 21
- Iba pang item na pangkalahatang ginagamit pangunahin sa pangangalaga ng kalusugan

Pero sa ilang pagkakataon, ang mga item na ito ay maaaring maaprubahan nang may Paunang Awtorisasyon (Paunang Pag-apruba) na isinumite sa iyong doktor.

### **Enteral at parenteral na nutrisyon**

Ang mga paraan na ito ng paghahatid ng nutrisyon sa katawan ay ginagamit kapag hinahadlangan ka ng kundisyong medikal sa normal na pagkain. Ang mga produktong para sa enteral at parenteral na nutrisyon ay sinasaklaw sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx kapag medikal na kinakailangan.

### **Mga hearing aid**

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga hearing aid kung nasusuri ka para sa pagkabingi, medikal na kailangan ang hearing aid, at mayroong reseta mula sa iyong doktor. Ang saklaw ay limitado sa pinakamababang halaga ng pantulong na tumutugon sa medikal na pangangailangan mo. Sasaklawin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang isang hearing aid puwera kung kailangan ng aid para sa bawat tenga para sa mga resultang mahalagang mas mabuti ang makukuha kung isa lang ang aid.

### **Mga hearing aid para sa mga miyembrong mas bata sa edad 21:**

Hinihingi ng batas ng estado na ipakilala ang mga batang kailangan ng hearing aid sa California Children's Services (CCS) na programa para matiyak kung karapat-dapat sa CCS ang bata. Kung karapat-dapat sa CCS ang bata, sasaklawin ng CCS ang gastos para sa medikal na kailangang mga hearing aid. Kung hindi karapat-dapat sa CCS ang bata, sasaklawin namin ang medikal na kailangang mga hearing aid bilang bahagi ng saklaw ng Medi-Cal.

### **Mga hearing aid para sa mga miyembrong edad 21 at mas matanda:**

Sa ilalim ng Medi-Cal, sinasaklaw namin ang sumusunod para sa bawat saklaw na hearing aid:

- Mga molde sa tenga na kailangan sa paglalapat
- Isang pamantayang pakete ng baterya
- Mga pagbisita para matiyak na gumagana nang tama ang aid
- Mga pagbisita para sa paglilinis at paglalapat ng iyong hearing aid
- Pagkumpuni ng iyong hearing aid



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).  
Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).



## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

---

Sa ilalim ng Medi-Cal, sasaklawin namin ang pagpapalit ng hearing aid kung:

- Hindi kayang iwasto ng kasalukuyang mong hearing aid ang pagkawala ng pandinig mo
- Nawala, nanakaw, o nasira ang hearing aid mo at hindi maaayos at hindi mo kasalanan. Dapat mo kaming bigyan ng tala na nagsasabi sa amin kung paano nangyari ito.

Para sa mga nasa wastong edad na 21 at mas matanda, hindi kasama sa Medi-Cal ang:

- Pagpapalit ng hearing aid at mga baterya

### **Mga serbisyo para sa kalusugan sa tahanan**

Sinsasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyong pangkalusugan na ibinibigay sa iyong tahanan, kapag inireseta ng iyong doktor at napag-alamang medikal na kinakailangan.

Limitado ang mga serbisyo sa kalusugan sa bahay sa mga serbisyong saklaw ng medi-Cal tulad ng:

- Part-time na bihasang pangangalaga ng nurse
- Part-time na katulong sa pambahay na kalusugan
- Mga medikal na serbisyo sa lipunan
- Medikal na mga supply

### **Mga medikal na suplay, kagamitan at kasangkapan sa bahay**

Saklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga supply na reseta ng katulong ng doktor, nurse practitioner, at klinikal na espesyalistang nurse. Ang ilang mga medikal na suplay ay sinasaklaw sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal Rx at hindi ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Hindi saklaw ng Medi-Cal ang sumusunod:

- Karaniwang item sa bahay kasama pero hindi limitado sa:
  - Pandikit na tape (lahat ng uri)
  - Pamahid na alkohol
  - Mga kosmetiko
  - Bola at swab ng bulak
  - Pulbos na pang-alikabok
  - Pamunas na tissue
  - Witch hazel



- Karaniwang panlunas sa bahay kasama pero hindi limitado sa:
  - Puting petrolatum
  - Langis at lotion para sa tuyong balat
  - Mga produktong kombinasyon ng talc at talc
  - Mga ahenteng pang-oxidize tulad ng hydrogen peroxide
  - Carbamide peroxide at sodium perborate
- Mga shampoo na walang reseta
- Mga preparasyong pamahid na nagtataglay ng benzoic at salicylic acid na ointment, salicylic acid na cream, ointment o likido at zinc oxide paste
- Iba pang item na ginagamit sa pangkalahatan pangunahin para sa pangangalaga ng kalusugan at regular at pangunahing ginagamit ng mga taong walang partikular na medikal na pangangailangan sa mga ito.

### Terapiya na pantrabaho

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyo sa terapiya na pantrabaho, kabilang ang mga serbisyong pagtatasa, pagpapalano ng paggamot, pagbibigay ng tagubilin at konsultasyon para sa terapiya na pantrabaho. Ang mga serbisyong terapiya na pantrabaho ay limitado sa dalawang serbisyo bawat buwan bilang kumbinasyon ng mga serbisyong acupuncture, audiology, chiropractic at terapiya sa pagsasalita (hindi naaangkop ang mga limitasyon sa mga batang mas bata sa edad 21). Maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang karagdagang mga serbisyo bilang medikal na kinakailangan.

### Orthotics/prostheses

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga aparato at serbisyong orthotic at prosthetic na medikal na kinakailangan at inirereseta ng iyong doktor, podiatrist, dentista, o providerng medikal na hindi doktor. Kabilang dito ang implanted na mga aparato sa pandinig, prosthesis ng suso/mga mastectomy na bra, compression burn na mga kasuotan at mga prosthetics upang maibalik ang dating paggana o mapalitan ang isang bahagi ng katawan, o upang masuportahan ang humina o nadepermang bahagi ng katawan.

### Mga supply ng ostomy at urology

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga ostomy bag, mga catheter sa pag-ihing, mga draining bag, mga suplay ng irigasyon at mga adhesive. Hindi ito kinabibilangan ng mga suplay na para sa kaginhiwaan, pagkakumbinyente o pangluho na kagamitan o tampok.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

---

### Physical therapy

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyo sa pisikal therapy, kabilang ang mga serbisyong pagtatasa, pagpapalano para sa paggamot, paggamot, pagbibigay ng tagubilin, konsultasyon at pagpahid ng mga medikasyon.

### Rehabilitasyon ng baga

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang rehabilitasyon ng baga na medikal na kinakailangan at inirereseta ng isang doktor.

### Mga serbisyo ng pasilidad ng dalubhasang pangangalaga

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyo ng pasilidad ng dalubhasang pangangalaga na medikal na kinakailangan kung may kapansanan ka at kailangan mo ng mataas na antas ng pangangalaga. Ang mga serbisyong ito ay kinabibilangan ng kwarto at pagkain sa isang lisensyadong pasilidad na may dalubhasang pangangalaga sa 24-oras na batayan bawat araw.

### Speech therapy

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang therapy sa pagsasalita na medikal na kinakailangan. Ang mga serbisyo sa terapiya sa pagsasalita ay limitado sa dalawang serbisyo bawat buwan, na may kakumbinyang mga serbisyong acupuncture, audiology, chiropractic at terapiya na pantrabaho (hindi naaangkop ang mga limitasyon sa mga batang mas bata sa edad 21). Maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang karagdagang mga serbisyo bilang medikal na kinakailangan.

### Mga serbisyo sa transgender

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyo sa transgender (mga serbisyong pagpapatibay ng kasarian) bilang benepisyo kapag medikal na kinakailangan o kapag natugunan ng mga serbisyo ang mga pamantayan para sa reconstructive na operasyon.

### Klinikal na mga pagsubok

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang karaniwang gastos sa pangangalaga ng pasyente para sa mga pasyenteng tinanggap sa Yugto I, Yugto II, Yugto III o Yugto IV na mga klinikal na pagsubok kung ito ay nauugnay sa paghadlang, pagtuklas o paggamot ng kanser o iba pang nakamamatay na kondisyon at kung ang pag-aaral ay isinasagawa ng U.S. Food and Drug Administration (FDA), Centers for Disease Control and Prevention (CDC) o Centers for Medicare and Medicaid Services (CMS). Ang mga pag-aaral ay kailangang aprubahan ng National Institutes of Health, ng FDA, ng Department of Defense o ng Veterans Administration. Sinasaklaw ng Medi-Cal Rx, isang Medi-Cal FFS na pograma, ang karamihan ng outpatient na nakaresetang mga gamot. Basahin ang “Outpatient na nakaresetang mga gamot” na seksiyon sa dulo ng kabanatang ito para sa dagdag na impormasyon.



### Mga serbisyo ng laboratoryo at radiology

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang outpatient at inpatient na mga serbisyong laboratoryo at X-ray kapag medikal na kinakailangan. Ang iba't ibang advanced imaging na pamamaraan, gaya ng mga CT scan, MRI at PET scan, ay sinasaklaw batay sa medikal na pangangailangan.

### Mga serbisyong pang-iwas sa sakit at serbisyong pangkasiglahan at pangangasiwa sa hindi gumagaling na sakit

Sinasaklaw ng plano ang:

- Mga inirerekomendang bakuna ng Komite ng Pagpapayo para sa mga Kasanayan sa Pagbabakuna
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya
- Mga rekomendasyon ng American Academy of Pediatrics Bright Futures
- Mga serbisyo na pang-iwas sa sakit para sa mga kababaihan na inirerekomenda ng American College of Obstetricians and Gynecologists
- Tulong upang tumigil sa paninigarilyo, na tinatawag ding mga serbisyo sa pagtigil sa paninigarilyo
- Mga serbisyong pang-iwas sa sakit na inirerekomenda ng United States Preventive Services Task Force A at B

Ang mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya ay ibinibigay sa mga miyembro na nasa edad na puwedeng manganak upang pahintulutan ang mga ito na matukoy ang bilang at espasyo ng mga bata. Ang mga serbisyong ito ay kinabibilangan ng ilang paraan ng pagkontrol ng panganganak na inaprubahan ng FDA. Ang mga espesyalista ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na PCP at OB/GYN ay available para sa mga serbisyong pagpapalano ng pamilya.

Para sa mga serbisyo sa pagplano ng pamilya, maaari ka ring pumili ng isang doktor o klinika na hindi konektado sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. nang hindi kumukuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Ang mga serbisyo mula sa isang provider na nasa labas ng network na hindi nauugnay sa pagplano ng pamilya ay maaaring hindi saklawin. Upang malaman ang higit pa, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

Basahin ang “Kabanata 5: Mabuting pangangalaga sa bata at kabataan” para sa pang-iwas na pangangalaga na impormasyon para sa mga kabataang 20 taong gulang at mas bata.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).  
Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

### Programang Pampigil sa Diabetes

Ang Programang Paghadlang sa Diabetes (DPP) ay isang batay sa ebidensyang programa sa pagbabago ng estilo ng buhay. Dinisenyo ito upang iwasan o iantala ang pagsimula ng type 2 diabetes sa mga indibidwal na nadiyagnos na may prediabetes. Tumatagal ang programang ito nang isang taon. Maaari itong aabot sa ikalawang taon para sa mga miyembrong kwalipikado. Ang aprubadong programang suporta sa estilo ng buhay at mga pamamaraan ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa:

- Pagbibigay ng peer coach
- Pagtuturo ng pansariling pagsubaybay at paglutas ng problema
- Pagbibigay ng pag-asa at feedback
- Pagbibigay ng mga materyales ng impormasyon upang suportahan ang mga layunin
- Pagsubaybay sa mga karaniwang pagtimbang upang makatulong sa pagkamit ng mga layunin

Kailangang matugunan ng mga miyembro ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat upang makasali sa DPP. Tumawag sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para sa higit pang kaalaman tungkol sa programa at pagiging karapat-dapat.

### Mga serbisyo sa reconstructive na operasyon

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang operasyon upang itama o ayusin ang mga abnormal na istruktura ng katawan upang mapahusay o makalikha ng normal na itsura hanggang sa posible. Ang mga abnormal na istruktura ng katawan ay yaong dulot ng mga depekto pagkapanganak, mga abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksyon, mga tumor, sakit, o pag-aayos sa suso matapos ang mastectomy. Ang ilang mga limitasyon at pagbubukod ay maaaring mailapat.

### Mga serbisyo sa pagsasala sa kawalang kaayusan sa paggamit ng substance

Sinasaklaw ng plano ang:

- Mga pag-screen sa maling paggamit ng alkohol at pag-screen ng ipinagbabawal na gamot

Tingnan ang “Mga serbisyo sa paggamot sa kawalan ng kaayusan sa paggamit ng substance” sa dulo ng kabanatang ito para sa saklaw ng paggamot sa buong county.



### Mga benepisyo sa paningin

Sinasaklaw ng plano ang:

- Kalakarang pagsusuri ng mata minsan tuwing 24 buwan. Karagdagan at mas madalas na mga pagsusuri ng mata ay saklaw kung medikal na kailangan para sa mga miyembro, tulad ng mga may diabetes.
- Mga salamin sa mata (balangkas at lente) minsan tuwing 24 na buwan, kung may tamang reseta ka
- Pamalit na mga salamin sa mata sa loob ng 24 na buwan kung nagbago ang reseta mo o nawala, nanakaw, o nasira ang mga salamin sa mata mo (at hindi maaayos), at hindi mo kasalanan. Bigyan mo kami dapat ng tala na nagsasabi kung paano nawala, nanakaw, o nasira ang mga salamin mo sa mata.
- Mga device para sa malabong paningin para sa mga may sira ang paningin at hindi maiwawasto ng pamantayang mga salamin, contact lens gamot, o pag-opera na nakasagabal sa kakayahan ng taong isagawa ang pang-araw-araw na mga aktibidad (iyon ang macular degeneration kaugnay ng edad)
- Medikal na kailangang mga contact lens.  
Ang pagtesting ng contact lens at mga contact lense ay maaaring masaklaw kung hindiposible ang paggamit ng mga salamin sa mata dahil sa sakit o kondisyon sa mata (iyon ang nawawalang tenga). Kasama sa medikal na mga kondisyong kuwalipikado para sa espesyal na contact lens pero hindi limitado sa aniridia, aphakia, at keracotonus.

### Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyong hindi emerhensiya

Mayroon kang medikal na transportasyon kung may medikal na mga pangangailangan kang hindi nagpapahintulot sa iyong gumamit ng kotse, bus o taksi sa mga appointment mo. Puwedeng ibigay ang medikal na transportasyon para sa saklaw na mga serbisyong tulad ng medikal, dental, kalusugan ng pag-iisip, paggamit ng substance, at mga appointment sa parmasya. Kung kailangan mo ng medikal na transportasyong, puwede kang kumiling nito sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iyong doktor. Magpapasya ang iyong doktor ng tamang uri ng transportasyon upang matugunan ang iyong mga pangangailangan. Kapag nakita nilang kailangan mo ng medikal na transportasyon, irereseta nila ito sa pamamagitan ng pagkumpleto sa form at pagsumite nito sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Sa sandaling maaprubahan, sapat para sa isang taong ang pag-apruba depende sa medikal na pangangailangan. Bilang dagdag, walang mga limitasyon sa dami ng pagsakay na makukuha mo. Kakailanganin ng doktor mong tasahin muli ang medikal na pangangailangan mo para sa medikal na transportasyon at aprubahan ulit tuwing 12 buwan.

Ang medikal na transportasyon ay isang ambulansiya, litter van, wheelchair van o air transport. Pinahihintulutan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pinakamababang gastos sa medikal na transportasyon para sa mga medikal mong pangangailangan kapag kailangan mo ng sasakyan para sa iyong appointment. Nangangahulugan ito na, halimbawa, kung pisikal o medikal kang madadala gamit ang wheelchair van, hindi magbabayad ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para sa ambulansiya. May karapatan ka lamang sa transportasyong panghimpapawid kung hindi posible sa iyong kundisyong medikal ang panlupang transportasyon.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).  
Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado.  
Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

---

Dapat gamitin ang medikal na transportasyon kung:

- Ito ay pisikal o medikal na kinakailangan ayon sa natukoy na may nakasulat na pahintulot ng doktor o iba pang provider dahil hindi mo kayang pisikal o medikal na gumamit ng bus, taksi, kotse o van upang makarating ka sa iyong appointment
- Kailangan mo ang tulong ng drayber patungo at mula sa iyong tirahan, sasakyan o lugar ng paggamot dahil sa pisikal o mental na kapansanan

Para humingi ng medikal na transportasyong inireseta ng iyong doktor para sa hindi agarang (kalakarang) appointment, mangyaring tawagan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa **1-866-270-5785** o 1-844-772-6623 nang hindi bababa sa 3 araw ng negosyo (Lunes – Biyernes) bago ang iyong appointment. Para sa mga agarang appointment, mangyaring tumawag sa lalong madaling panahon. Pakidala ang iyong ID kard bilang miyembro kapag tumawag ka.

**Mga limitasyon ng medikal na transportasyon:** Magbibigay ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ng pinakamurang medikal na transportasyong tumutugon sa medikal na pangangailangan mo sa pinakamalapit na provider mula sa bahay mo kung saan makukuha ang appointment. Hindi ilalaan ang medikal na transportasyon kung ang serbisyo ay hindi nasasaklawan ng Medi-Cal. Kapag sinasaklaw ng Medi-Cal ang uri ng appointment ngunit hindi sa pamamagitan ng planong pangkalusugan, maglalaan o tutulong ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na itakda ang iyong transportasyon. Ang listahan ng mga nasasaklawang serbisyo ay nasa Handbook ng Miyembro na ito. Hindi saklaw ang transportasyon sa labas ng network o lugar ng serbisyo maliban kung paunang inaprubahan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Para sa dagdag na impormasyon o para humingi ng medikal na transportasyon, pakitawagan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa **1-866-270-5785** o 1-844-772-6623.

**Gastos ng miyembro:** Walang gastos kapag inayos ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang transportasyon

### Paano kumuha ng hindi medikal na transportasyon

Kasama sa mga benepisyo mo ang pagkuha ng sasakyan sa mga appointment mo kung saklaw ng Medi-Cal ang appointment. Puwede kang makakuha ng sasakyan, nang libre, kung ikaw ay:

- Bumibiyahe patungo o mula sa isang appointment para sa serbisyong Medi-Cal na pinahintulutan ng iyong provider; o
- Pagkuha ng mga reseta at medikal na suplay.





Pinahihintulutan ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na gumamit ng kotse, taxi, bus o iba pang pampubliko/pribadong paraan para makapunta sa iyong medikal na nakatakdang pagpapatingin para sa sinasaklaw ng Medi-Cal na mga serbisyo. Sasaklawin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pinakamurang halagang uri ng hindi medikal na transportasyong tumutugon sa iyong mga pangangailangang medikal. Minsan, puwedeng magbigay ng balik-bayad ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para sa mga pagsakay sa pribadong sasakyang inayos mo. Dapat itong aprubahan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. bago ka kumuha ng sasakyan, at dapat mong sabihin sa amin kung bakit hindi ka makakuha ng ibang sasakyan, tulad ng bus. Puwede mong sabihin sa amin sa pagtawag, pag-email, o personal sa amin. Hindi mo puwedeng ipagmaneho ang sarili mo at makatanggap ng balik-bayad.

Hinihingi ng balik-bayad sa milyahe ang lahat ng sumusunod:

- Linsensiya ng drayber ng drayber
- Rehistro ng sasakyan ng drayber
- Patunay ng insurance ng kotse para sa drayber

Upang humiling ng sasakyan sa mga serbisyong pinahintulutan, tumawag sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa **1-866-270-5785** o 1-844-772-6623 nang hindi bababa sa 3 araw ng negosyo (Lunes – Biyernes) bago ang iyong appointment o tumawag sa lalong madaling panahon kapag mayroon kang agarang appointment. Pakidala ang iyong ID kard bilang miyembro kapag tumawag ka.

**Tandaan:** Maaaring kontakin ng mga Amerikanong Indian ang kanilang lokal na Indian Health Clinic para humiling ng hindi medikal na transportasyon.

**Mga limitasyon ng hindi medikal na transportasyon:** Nagbibigay ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ng pinakamurang hindi medikal na transportasyong tumutugon sa mga pangangailangan mo sa pinakamalapit na provider mula sa bahay mo kung saan makukuha ang appointment. Ang mga miyembro ay hindi maaaring ipagmaneho ang kanilang sarili o direktang maibalik ang kanilang ibinayad. Para sa higit na impormasyon, pakitawagan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa **1-866-270-5785** o 1-844-772-6623.

**Hindi naaangkop ang hindi medikal na transportasyon kung:**

- Medikal na kailangan ang ambulansiya, litter van, wheelchair van, o iba pang uri ng medikal na transportasyon para makapunta sa serbisyong saklaw ng Medi-Cal
- Kailangan mo ang tulong ng drayber patungo at mula sa iyong tirahan, sasakyan o lugar ng paggamot dahil sa kundisyong pisikal o kundisyong medikal
- Naka-wheelchair ka at hindi makagalaw papasok at palabas ng sasakyan nang walang tulong mula sa drayber
- Ang serbisyo ay hindi sinasaklaw ng Medi-Cal

**Gastos ng miyembro:** Walang gastos kapag ang medikal na transportasyon ay inayos ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

# Iba pang saklaw na benepisyo at programa ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

## Pinamamahalaang pangmatagalang mga serbisyo at suporta (MLTSS)

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga benepisyong LTSS para sa mga miyembrong kwalipikado:

- Pangmatagalang mga serbisyo ng pasilidad na aprubado ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Kung may mga tanong ka tungkol sa MLTSS, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

## Koordinasyon ng pangangalaga

Iniaalok ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyo sa pangangasiwa ng kaso para makatulong sa iyong makipag-ugnayan para sa iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan nang wala kang babayaran. Makikipag-ugnayan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa ibang programa para matiyak na tinatanggap mo lahat ng medikal na kailangang mga serbisyo, kahit ang mga serbisyong iyon ay saklaw ng ibang programa at hindi ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Kung mayroon kang mga katanungan o alalahanin tungkol sa iyong kalusugan o sa kalusugan ng iyong anak, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).


## Mga benepisyo ng Coordinated Care Initiative (CCI)

Ang Inisyatibong Nakakoordina na Pangangalaga (CCI) ng California ay nagtatrabaho para mapahusay ang koordinasyon ng pangangalaga para sa mga dual eligible (mga kwalipikadong tao para sa parehong Medi-Cal at Medicare). Ang CCI ay may dalawang pangunahing bahagi:

### Cal MediConnect

Nilalayan ng programang Cal MediConnect na pahusayin ang koordinasyon ng pangangalaga para sa mga benepisyaryo na dual eligible para sa Medicare at Medi-Cal. Hinahayaan sila nitong magpatala sa isang solong plano upang mapangasiwaan ang lahat ng kanilang mga benepisyo, sa halip na magkaroon ng magkahiwalay na mga planong Medi-Cal at Medicare. Nakatuon din ito sa de-kalidad na pangangalaga na tumutulong sa mga tao na manatiling malusog at nasa kanilang mga tahanan hangga't maaari.

Hindi inaalok ng UnitedHealthcare Community Plan ang programang Cal MediConnect sa San Diego.

70  Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

### Managed Long-Term Services and Supports (MLTSS)

Ang mga indibidwal na karapat-dapat para sa Medicare at Medi-Cal o mga Senior o mga Taong may Kapansanan (SPD) ay kailangang magpalista sa Medi-Cal lang at dapat sumali sa isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal upang matanggap ang kanilang mga benepisyong sa Medi-Cal, kabilang ang mga wrap-around na benepisyong sa MLTSS at Medicare.

### Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang Enhanced Care Management (ECM) na mga serbisyo para sa mga miyembrong labis na masalimuot na mga pangangailangan. Ang ECM ay isang benepisyong nagbibigay ng dagdag na mga serbisyo para tulungan kang makakuha ng pangangalagang kailangan mo para manatiling malusog. Inuugnay nito ang pangangalagang nakukuha mo mula sa iba't ibang doktor. Tumutuloy ang ECM na iugnay ang pangunahing pangangalaga, malubhang pangangalaga, kalusugan ng pag-uugali, pagpapaunlad, kalusugan ng bibig, pangmatagalang mga serbisyo at suportang nakabatay sa komunidad (LTSS), at mga referral na makukuha sa mga mapagkukunan ng komunidad.

Kung kuwalipikado ka, maaaring kontakin ka tungkol sa mga serbisyo ng ECM. Puwede mo ring tawagan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para malaman kung tatanggap ka ng ECM at kung kailan. O kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan na puwedeng makaalam kung kuwalipikado ka sa ECM at kung kailan at paano mo matatanggap ito.

### Mga serbisiyong saklaw ng ECM

Kung kuwalipikado ka sa ECM, magkakaroon ka ng sarili mong pangkat ng pangangalaga, kasama ang tagapag-ugnay ng pangangalaga. Kakausapin ka ng taong ito at ang iyong mga doktor, espesyalista, parmasyutiko, mga manager ng kaso, mga provider ng serbisiyong panlipunan at iba pa para matiyak na nagtutulong-tulong ang lahat para makuha mo ang pangangalagang kailangan mo. Matutulungan ka rin ng tagapag-ugnay ng pangangalaga na humanap at mag-apply para sa ibang serbisyo sa iyong komunidad. Kasama sa ECM ang:

- Pagpapaabot at pagsangkot
- Komprehensibong pagtatasa at pamamahala ng pangangalaga
- Pinahusay na pag-uugnay ng pangangalaga
- Pagsusulong ng kalusugan
- Komprehensibong pangangalaga sa panahon ng paglipat
- Mga serbisiyong suporta sa miyembro at pamilya
- Koordinasyon at referral sa komunidad at panlipunang mga suporta

Para malaman kung tama ang ECM para sa iyo, kausapin ang kinatawan o provider ng pangangalaga ng kalusugan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

---

### Gastos ng miyembro

Walang gastos ang miyembro para sa mga serbisyo ng ECM.

### Mga Suporta ng Komunidad

Maaaring makuha ang mga suporta ng komunidad sa ilalim ng iyong Individualized Care Plan. Ang mga Suporta ng Komunidad ay isang medikal na akma at matipid na alternatibong mga serbisyo o setting para sa saklaw ng Medi-Cal State Plan. Ang mga serbisyong ito ay opsiyonal para tanggapin ng mga miyembro. Kung kuwalipikado ka, ang mga serbisyong ito ay maaaring makatulong sa iyong mabuhay nang mas independiyente. Hindi pinapalitan ng mga ito ang mga benepisyong nakukuha mo na sa ilalim ng Medi-Cal. Kung kailangan mo ng tulog o gustong malaman kung anong mga Suporta ng Komunidad ang makukuha mo, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**) o tawagan ang iyong health care provider.

## Mayor na transplant ng organo

### Mga transplant para sa mga batang mas bata sa edad 21

Hinihingi ng batasng estado na ipakilala sa California Children's Services (CCS) na programa ang mga batang kailangan ng transplant para makita kung karapat-dapat sa CCS ang bata. Kung karapat-dapat sa CCS ang bata, sasaklawin ng CCS ang mga gastos para sa transplant at kaugnay na mga serbisyo. Kung hindi karapat-dapat ang bata para sa CCS, ipapakila ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang bata kung gayon sa isang kuwalipikadong sentro ng transplant para sa ebalwasyon.

Kung nakumpirma ng sentro ng transplant na kakailanganin at ligtas ang transplante, sasaklawin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang transplant at kaugnay na mga serbisyo.

### Mga transplant para sa mga nasa wastong gulang na edad 21 o mas matanda

Kapag nagpasya ang doktor mong maaaring kailangan mong mayor na transplant ng organo, ipapakilala ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa isang kuwalipikadong sentro ng transplant para sa isang ebalwasyon. Kapag nakumpirma ng sentro ng transplant na kailangan at ligtas ang transplant para sa medikal na kondisyon mo, sasaklawin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang transplant at iba pang kaugnay na mga serbisyo.

Kasama pero hindi limitado ang sumusunod na mayor na transplant ng organong saklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.:

- Ubod ng buto
- Puso
- Puso/Baga
- Bato
- Bato/Lapay
- Atay
- Atay/Maliitna bituka
- Baga
- Lapay
- Maliit na bituka



## Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal

### Mga ibang serbisyo na makukuha mo sa pamamagitan ng Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal o iba pang mga programa ng Medi-Cal

Minsan, hindi sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyo, pero makukuha mo pa rin ang mga ito sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal o iba pang mga programa ng Medi-Cal. Makikipag-ugnayan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa ibang programa para matiyak na tinatanggap mo lahat ng medikal na kailangang mga serbisyo, kahit ang mga serbisyonang iyon ay saklaw ng ibang programa at hindi ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Upang malaman ang higit pa, tumawag sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**.

### Outpatient na nakaresetang mga gamot

#### Nakaresetang mga gamot na saklaw ng Medi-Cal Rx

Ang nakaresetang mga gamot ng isang parmasya ay saklaw ng Medi-Cal Rx, isang Medi-Cal FFS na programa. Ilang gamot ang maaaring ibigay ng provider sa opisina o klinika na maaaring saklaw ng ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Maaaring resetahan ka ng iyong provider ng mga gamot na nasa Listahan ng mga Gamot sa Kontrata ng Medi-Cal Rx.

Minsan, kailangan ang isang gamot at wala sa Listahan ng Gamot sa Kontrata. Ang mga gamot na ito ay kailangang maaprubahan bago mapunan ang mga ito sa parmasya. Susuriin at pagpapasyahan ng Medi-Cal Rx ang mga kahilingang ito sa loob ng 24 oras.

- Maaari kang bigyan ng parmasyutiko o emergency room ng ospital ng 72 oras na suplay na pang-emerhensiya kung sa tingin nila ay kailangan mo ito. Babayaran ng Medi-Cal Rx ang suplay ng medikasyong pang-emerhensiya na ibinigay ng outpatient na parmasya
- Maaaring tanggihan ng Medi-Cal Rx ang isang kahilingang hindi emerhensiya. Kung hindi ang kanilang sagot, padadalhan ka nila ng isang sulat upang sabihin sa iyo kung bakit. Sasabihin nila sa iyo kung ano ang iyong mga pagpipilian. Tingnan ang seksiyon ng “Mga Reklamo” sa Kabanata 6 Pag-uulat at paglutas sa mga problema para sa dagdag na impormasyon.

Upang malaman kung ang isang gamot ay nasa Listahan ng Gamot sa Kontrata o upang makakuha ng kopya ng Listahan ng Gamot sa Kontrata, tawagan ang Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711), bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

---

### Mga parmasya

Kung pinupunan o pinupunan mo ulit ang isang reseta, kailangan mong kunin ang iyong mga nakaresetang gamot mula sa isang parmasya na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx. Maaari kang makahanap ng listahan ng mga parmasya na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Medi-Cal Rx Pharmacy Directory sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Maaari ka ring makahanap ng parmasya na malapit sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711).

Sa sandaling nakapili ka na ng parmasya, dalhin ang iyong reseta sa parmasya. Maaari rin itong ipadala ng iyong provider sa parmasya para sa iyo. Ibigay sa parmasya ang iyong reseta kasama ang iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC). Siguraduhing alam ng parmasya ang tungkol sa lahat ng medikasyon na ginagamit mo at anumang mga allergy na mayroon ka. Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa iyong reseta, tiyaking itanong ito sa parmasyutiko.

Maaari ring makatanggap ng mga serbisyo sa transportasyon ang mga miyembro mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para makapunta sa mga parmasya. Para mas matutunan ang tungkol sa mga serbisyo sa transportasyon, basahin ang “Mga benepisyo sa transportasyon” sa handbook na ito.

### Mga espesyal na serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip

Ang ilang mga serbisyong pangkalusugan ng pag-iisip ay ibinibigay ng mga plano sa kalusugan ng pag-iisip sa county sa halip na UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Kasama rito ang espesyal na mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (SMHS) para sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakakatugon sa mga alituntunin sa pangangailangang medikal. Ang SMHS ay maaaring kabilangan ng mga serbisyong outpatient, pantahanan at inpatient:

#### Mga outpatient na serbisyo:

- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (mga pagtatasa, paggawa ng plano, terapiya at rehabilitasyon, at collateral)
- Mga serbisyong suporta sa gamot
- Mga serbisyong intensibong paggamot sa araw
- Mga serbisyo ng rehabilitasyon sa araw
- Mga serbisyong interbensyon sa krisis
- Mga serbisyong pangpahupa sa krisis
- Mga serbisyong pangangasiwa na nakatuon na kaso
- Mga therapeutic na serbisyo sa pag-uugali (saklaw para sa mga miyembro na wala pang 21 taong gulang)
- Koordinasyon ng masinsinang pangangalaga (intensive care coordination, ICC) (saklaw para sa mga miyembro na wala pang 21 taong gulang)
- Masinsinang mga serbisyong nakabase sa bahay (intensive home-based services, IHBS) (saklaw para sa mga miyembro na wala pang 21 taong gulang)
- Therapeutic foster care (TFC) (saklaw para sa mga miyembro na wala pang 21 taong gulang)





### Mga serbisyo sa tinitirhan:

- Mga serbisyo sa nasa hustong gulang na paggamot sa tinitirhan
- Mga serbisyong paggamot sa krisis sa tinitirhan

### Mga serbisyong inpatient:

- Mga serbisyo para sa malalang psychiatric inpatient sa ospital
- Mga propesyonal na serbisyo sa psychiatric inpatient sa ospital
- Mga serbisyo ng pasilidad sa psychiatric na kalusugan

Para sa higit pang kaalaman tungkol sa mga espesyalidad na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na ibinibigay ng plano sa kalusugan ng pag-iisip sa county, maaari mong tawagan ang plano sa kalusugan ng pag-iisip sa iyong county. Upang makita ang mga toll-free na numero ng lahat ng county online, bisitahin ang [dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx](https://dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx).

### Mga serbisyong paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya

Nagbibigay ang county ng mga serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng substansya sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakakatugon sa mga panuntunan sa pangangailangang medikal. Ang mga miyembro na natutukoy para sa mga serbisyo sa paggamot sa karamdaman sa paggamit ng substansya ay inire-refer sa departamento ng kanilang county para sa paggamot. Upang makita ang mga numero ng lahat ng county online, bisitahin ang [https://dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD\\_County\\_Access\\_Lines.aspx](https://dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx).

### Mga serbisyo para sa ngipin

Sinasaklaw ng Medi-Cal (sa pamamagitan ng Medi-Cal Dental Program) ang ilang mga serbisyo sa ngipin, kasama ang:

- Dayagnostik at pang-iwas sa sakit na dental hygiene (tulad ng mga eksaminasyon, X-ray, at paglilinis ng ngipin)
- Mga emerhensiya na serbisyo para sa pagkontrol ng kirot
- Mga pagbunot ng ngipin
- Mga pagpasta
- Mga paggamot ng root canal (anterior/posterior)
- Mga crown (prefabricated/laboratoryo)
- Scaling at root planning
- Kumpleto at partial na mga pustiso
- Orthodontics para sa mga batang kwalipikado
- Ipinapahid na fluoride



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).



## 4 | Mga benepisyo at serbisyo

---

Kung may mga tanong ka o gusto mong malaman ang higit pa tungkol sa mga serbisyo para sa ngipin, tawagan ang Medi-Cal Dental Program sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922 o 711). Maaari mo ring bisitahin ang Medi-Cal Dental Program na website sa <https://www.dental.dhcs.ca.gov> o <https://smilecalifornia.org/>.

### Mga Serbisyo sa mga Bata ng California (California Children’s Services o CCS)

Ang CCS ay isang programa ng Medi-Cal na gumagamot sa mga bata na wala pang 21 taon na may mga partikular na kondisyon sa kalusugan, mga sakit o hindi gumagaling-galing na mga problema sa kalusugan at nakatutugon sa mga panuntunan ng programang CCS. Kung naniniwala ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. o ang iyong PCP na may kondisyon ang iyong anak na kwalipikado sa CCS, siya ay irekomenda sa programang CCS ng county para matasa para sa pagiging karapat-dapat.

Magpapasya ang tauhan ng programang CCS kung kwalipikado ba ang iyong anak para sa mga serbisyonang CCS. Hindi nagpapasya ang ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa pagiging karapat-dapat sa CCS. Kung kwalipikado ang iyong anak na makuha ang ganitong uri ng pangangalaga, gagamutin siya ng mga provider ng CCS para sa CCS na kondisyon. Magpapatuloy ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa pagsaklaw sa mga ganitong uri ng serbisyo na walang kinalaman sa CCS na kondisyon tulad ng mga pisikal, mga bakuna at mga well-child na pagpapatingin.

Hindi sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyo na ibinibigay ng programang CCS. Para saklawin ng CCS ang mga serbisyonang ito, kailangang aprubahan ng CCS ang provider, mga serbisyo at kagamitan.

Hindi sinasaklaw ng CCS ang lahat ng mga kondisyon sa kalusugan. Sinasaklaw ng CCS ang karamihan sa mga kondisyon ng kalusugan na pisikal na pumipinsala o nangangailangan na gamutin gamit ang mga medisina, operasyon o rehabilitasyon (rehab). Sinasaklaw ng CCS ang mga bata na may mga kondisyon sa kalusugan na tulad ng:

- Congenital na sakit sa puso
- Mga kanser
- Mga tumor
- Hemophilia
- Sickle cell anemia
- Mga problema sa thyroid
- Diabetes
- Seryoso na hindi gumagaling-galing na mga problema sa bato
- Sakit ng atay
- Sakit sa mga bituka
- Cleft lip/palate
- Spina bifida
- Pagkabingi
- Mga katarata
- Cerebral palsy
- Pangingsay sa ilalim ng ilang mga pangyayari
- Rheumatoid arthritis
- Muscular dystrophy
- AIDS
- Malalang mga pinsala sa ulo, utak o gulugod
- Mga malalang pagkasunog
- Malalang baluktot na ngipin



Nagbabayad ang Medi-Cal para sa mga serbisyo ng CCS. Kung hindi kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyong programa ng CCS, patuloy siyang makakatanggap ng medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa CCS, maaari mong bisitahin ang CCS web page sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/ccs>. O tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY 711).

## Pang-institusyong pangmatagalang pag-aalaga

Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pangmatagalang pangangalaga.

# Mga serbisyong hindi mo makukuha sa pamamagitan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. o Medi-Cal

May ilang mga serbisyo na hindi sinasaklaw ng alinman sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. o ng Medi-Cal, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:


- Mga eksperimental na serbisyo
- Pagpapanatili ng pertilidad
- In Vitro Fertilization (IVF)
- Mga Modipikasyon sa Tahanan
- Pagbabago ng sasakyan
- Kosmetikong Operasyon

Maaaring saklawin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang hindi benepisyo kung mapatunayan ang medikal na pangangailangan. Dapat magsumite ang provider mo ng Paunang Awtorisasyon sa UnitedHealthcare Community Plan Prior Authorization Requests nang may mga dahilan kung bakit medikal na kailangan ang hindi benepisyo.

Upang malaman ang higit pa, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY 711).

## Ebalwasyon ng bago at kasalukuyang mga teknolohiya

Tinitingnan at sinusuri namin ang mga bagong teknolohiya, na kinabibilangan ng mga bagong paggamot, gamot, aparato at pamamaraan. Upang magawa ito, tinitingnan namin ang mga siyentipikong ulat at impormasyon ng pamahalaan, at impormasyon mula sa medikal na komunidad. Ginagawa namin ito upang makapagpasya kung sasaklawin ang bagong teknolohiya. Maaaring hilingin sa amin ng mga miyembro at provider na suriin namin ang bagong teknolohiya.

 Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY 711). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](http://myuhc.com/CommunityPlan).

# 5. Mabuting pangangalaga sa bata at kabataan

---

Ang mga miyembrong bata at kabataan na mas bata sa 21 taong gulang ay puwedeng makakuha ng espesyal na mga serbisyo sa kalusugan sa sandaling naipalista sila. Tinitiyak nito na makukuha nila ang tamang pampigil, dental, kalusugan ng pag-iisip at pangkaunlaran at espesyalidad na mga serbisyo. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga serbisyong ito.

## Mga serbisyong pambata (mga batang mas bata sa edad 21)

Ang mga miyembrong mas bata sa 21 taong gulang ay saklaw para sa kailangang pangangalaga. Kasama sa sumusunod na listahan ang pangangalagang medikal na kailangang serbisyo para gamutin o pahupain ang mga depekto at pisikal, pangkaisipang dayagnosis. Kabilang sa saklaw na mga serbisyo ang:

- Mga pagbisita ng mabuting bata at pagpapatingin ng tinedyer (Mahalagang mga pagbisitang kailangan ng mga bata)
- Mga imunisasyon (bakuna)
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (ang espesyalidad na mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ay saklaw ng county)
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, kasama ang testing ng pagkalason ng dugo sa tingga
- Kalusugan at pampigil na edukasyon
- Mga serbisyo sa paningin
- Mga serbisyo sa ngipin (saklaw sa ilalim ng Medi-Cal Dental)
- Mga serbisyo sa pandinig (saklaw ng CCS para sa mga batang kuwalipikado. Sasaklawin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyo para sa mga batang hindi kuwalipikado sa CCS).

Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment (EPSDT) na mga serbisyo. Ang EPSDT na mga serbisyong rekomendado ng Bright Futures na patnubay ng mga pediatrician para tulungan ka at anak mong manatiling malusog ay saklaw nang libre.



## Mga pagpapatingin sa kalusugan at pampigil na pangangalaga ng malusog na bata

Kasama sa pampigil na pangangalaga ang regular na mga pagpapatingin ng kalusugan, pagsasala para matulungan ang doktor mong makita nang maaga ang mga problema, at mga serbisyo ng pagpapayo para makita ang mga karamdaman, sakit, o medikal na mga kondisyon bago magdulot ng mga problema ang mga ito. Tinutulungan ng regular na pagpapatingin ang iyong anak at doktor ng iyong anak na hanapin ang anumang problema. Puwedeng kasama sa mga problema ang kawalang kaayusang medikal, dental, paningin, pandinig, kalusugan ng pag-iisip, at anumang paggamit ng substance). Sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga pagpapatingin para salain ang mga problema (kabilang ang pagtatasa para sa antas ng lead sa dugo) anumang oras kung kailangan ang mga ito, kahit na ito ay hindi sa iyong regular na pagpapatingin o ng iyong anak.

Gayundin, ang mga pangangalagang pang-iwas sa sakit ay maaaring mga bakuna na kailangan mo o ng iyong anak. Kailangang tiyakin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na lahat ng nakatala na bata ay makakakuha ng mga kinakailangang bakuna sa kahit anumang pagbisita para sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga serbisyong pang-iwas sa sakit at pag-screen ay magagamit nang walang gastos at walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Dapat magpatingin ang anak mo sa ganitong mga edad:

- 2-4 araw pagkasilang
- 1 buwan
- 2 buwan
- 4 buwan
- 6 buwan
- 9 buwan
- 12 buwan
- 15 buwan
- 18 buwan
- 24 buwan
- 30 buwan
- Minsan isang taon mula 3 hanggang 20 taong gulang

Kabilang sa pagpapatingin ng kalusugan ng malusog na bata ang:

- Kumpletong kasaysayan at ulo hangang daliri ng paa na eksaminasyong pisikal
- Mga pagturok na akma sa edad (sinusunod ng California ang iskedyul ng American Academy of Pediatrics Bright Futures Periodicity)
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, kasama ang testing ng pagkalason ng dugo sa tingga
- Edukasyon sa kalusugan
- Paagsasala sa paningin at pandinig
- Pagsasala para sa kalusugan ng bibig
- Pagtatasa sa kalusugan ng pag-uugali



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 5 | Mabuting pangangalaga sa bata at kabataan

---

Kapag may natuklasang problema sa kalusugang pisikal o mga isyung pangkalusugan ng pag-iisip sa panahon ng pagsusuri o pagsasala, maaaring may pangangalaga na makakaayos o makakatulong sa problema. Kung ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan at pananagutan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pagbabayad para sa pangangalaga, sasaklawin kung gayon ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pangangalaga nang wala kang babayaran. Ang mga serbisyong ito ay kinabibilangan ng:

- Pangangalaga ng doktor, nurse na practitioner, at ospital
- Mga bakuna upang mapanatili kang malusog
- Mga terapiya na pisikal, pagsasalita/wika, at pantrabaho
- Mga serbisyo sa kalusugan sa tahanan, na maaaring medikal na kagamitan, mga suplay, at kasangkapan
- Paggamot sa mga problema sa paningin, kasama ang mga salamin sa mata
- Paggamot sa mga problema sa pandinig, kasama ang mga hearing aid kung hindi saklaw ng CCS ang mga ito
- Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali para sa mga autism spectrum disorder at iba pang mga kapansanan habang lumalaki
- Pangangasiwa ng kaso at edukasyon sa kalusugan
- Reconstructive na operasyon, na isang operasyon upang itama o ayusin ang hindi normal na istruktura ng katawan na dulot ng mga depekto pagkapanganak, mga abnormalidad habang lumalaki, trauma, impeksyon, mga tumor, o karamdaman para mapahusay ang paggana o makalikha ng normal na hitsura

## Pagtesting sa pagkalason ng dugo sa tingga

Lahat ng batang nakalista sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay dapat kumuha ng pagtesting sa pagkalason ng dugo sa tingga sa 12 at 24 na buwan o pagitan ng edad 36 at 72 buwan kung hindi sila natesting nang mas maaga.



## Tulongan ang bata at kabataang makakuha ng mga serbisyo sa mabuting pangangalaga

Tutulongan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc, ang mga miyembrong mas bata sa 21 taong gulang at mga pamilya nilang makakuha ng mga serbisyong kailangan nila. Ang tagapag-ugnay ng pangangalaga ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay puwedeng:

- Sabihin sa iyo ang tungkol sa makukuhang mga serbisyo
- Tumulong na humanap ng network provider o mga provider na nasa labas ng network, kung kailangan
- Tumulang sa pagkuha ng mga appointment
- Ayusin ang medikal na transportasyon para makarating sa kanilang appointment ang mga bata
- Tumulong na makipag-ugnayan para sa mga serbisyong makukuha sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal, tulad ng:
  - Mga serbisyong paggamot at rehabilitasyon para sa kalusugan ng pag-iisip at mga karamdaman sa paggamit ng substance
  - Paggamot para sa mga problema sa ngipin, na maaaring kabilangan ng orthodontics

## Mga ibang serbisyo na makukuha mo sa pamamagitan ng Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal o iba pang mga programa ng Medi-Cal

### Mga pagpapatingin ng ngipin

Panatilihing malinis ang gilagid ng iyong sanggol sa pamamagitan ng marahang pagpunas sa mga gilagid ng tela araw-araw. Sa halos apat o anim na buwan, magsisimula ang “pagngingipin” dahil magsisimulang lumabas ang ngipin ng sanggol. Dapat kang makipag-appointment para sa unang pagbisita sa dentista ng iyong anak sa sandaling lumabas ang unang ngipin o sa kanyang unang kaarawan, alinman ang mauna.

Ang sumusunod na mga serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal ay libre o murang mga serbisyo para sa:

#### Mga sanggol na edad 1 hanggang 4

- Unang pagbistia ng sanggol sa dentista
- Unang eksaminasyon ng ngipin ng sanggol
- Mga eksaminasyon ng ngipin (tuwing 6 buwan; tuwing 3 buwan mula pagsilang hanggang edad 3)
- Mga x-ray
- Paglilinis ng mga ngipin (tuwing 6 buwan)
- Barnis ng fluoride (tuwing 6 buwan)
- Mga pagpasta
- Pagbunot ng ngipin
- Mga serbisyong pang-emerhensiya
- Mga outpatient na serbisyo
- Pagpapakalma (kung medikal na kailangan)



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 5 | Mabuting pangangalaga sa bata at kabataan

---

### Mga batang edad 5-12

- Mga eksaminasyon ng ngipin (tuwing 6 buwan)
- Mga x-ray
- Barnis ng fluoride (tuwing 6 buwan)
- Paglilinis ng mga ngipin (tuwing 6 buwan)
- Pagpasta sa mga bagang
- Mga pagpasta
- Root canal
- Mga serbisyong pang-emerhensiya
- Mga outpatient na serbisyo
- Pagpapakalma (kung medikal na kailangan)

### Mga batang edad 13-17

- Mga eksaminasyon ng ngipin (tuwing 6 buwan)
- Mga x-ray
- Barnis ng fluoride (tuwing 6 buwan)
- Paglilinis na mga ngipin (tuwing 6 buwan)
- Orthodontics (braces) para sa mga kuwalipikado
- Mga pagpasta
- Mga korona
- Root canal
- Pagbunot ng ngipin
- Mga serbisyong pang-emerhensiya
- Mga outpatient na serbisyo
- Pagpapakalma (kung medikal na kailangan)

Kung may mga tanong ka o gusto mong malaman ang higit pa tungkol sa mga serbisyo para sa ngipin, tawagan ang Medi-Cal Dental Program sa 1-800-322-6384 ) TTY 1-800-735-2922 o 711). Maaari mo ring bisitahin ang website ng Medi-Cal Dental Program sa <https://smilecalifornia.org/>.

## Karagdagang mga serbisyong referral sa edukasyong pampigil

Kung nag-aalala kang nahihirapan ang anak mo sa pagsali at pag-aaral sa eskuwelahan, kausapin ang Primary Care Doctor ng iyong anak, mga guro o mga administrador ng eskuwelahan. Bilang dagdag sa medikal na mga benepisyo mong saklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., may mga serbisyong dapat ibigay ng eskuwelahan para matulungan ang iyong anak na matuto at hindi mahuli.

Kasama sa mga halimbawa ng mga serbisyong maaaring ibigay para matulungang matuto ang anak mo ang:

- Mga serbisyo sa pagsasalita at wika
- Mga serbisyong sikolohikal
- Physical therapy
- Terapiya na pantrabaho
- Pantulong na teknolohiya
- Mga serbisyo ng gawaing panlipunan
- Mga serbisyong pagpapayo
- Mga serbisyo ng nurse ng eskuwelahan
- Transportasyon papasok at pauwi sa eskuwelahan

Ibinibigay at binabayaran ang mga serbisyong ito ng Departamento ng Edukasyon ng California. Kasama ng mga doktor at guro ng iyong anak, puwede kang gumawa ng pasadyang plano na pinakamabuting makatutulong sa iyong anak.





## 6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema

---

May dalawang paraan ng pag-uulat at paglutas sa mga problema:

- Ang isang **reklamo** (o **hinaing**) ay kapag may problema ka sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. o sa isang provider, o sa pangangalagang pangkalusugan o paggamot na nakuha mo mula sa isang provider
- Ang isang **apela** ay kapag hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na baguhin ang iyong mga serbisyo o hindi saklawin ang mga ito

May karapatan kang maghain ng mga hinaing at apela sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. upang ipaalam sa amin ang iyong problema. Hindi nito inaalís ang anuman sa iyong mga legal na karapatan at remedyo. Hindi kami mandidiskrimina o gaganti laban sa iyo dahil sa pagrereklamo sa amin. Ang pagpapabatid ng iyong problema sa amin ay makakatulong sa amin upang mapahusay ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro.

Dapat ay lagi ka munang nakikipag-ugnayan sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. upang ipabatid sa amin ang iyong problema. Tumawag ka sa amin sa pagitan ng 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Sabihin sa amin ang tungkol sa iyong problema.

Kung ang iyong hinaing o apela ay hindi pa rin nalulutas makalipas ang 30 araw, o hindi ka nasisiyahan sa resulta, maaari kang tumawag sa California Department of Managed Health Care (DMHC) at hilingin sa kanila na suriin ang iyong reklamo o magsagawa ng isang Independent Medical Review. Maaari kang tumawag sa DMHC sa 1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891 o 711) o bisitahin ang website ng DMHC para sa karagdagang impormasyon: <https://www.dmhc.ca.gov>.

Makakatulong din ang Ombudsman ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal sa Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Managed Health Care, DHCS) ng California. Makakatulong ang mga ito kung mayroon kang mga problema sa pagsali, pagbabago o paglisan sa planong pangkalusugan. Makakatulong din sila kung lumipat ka at may problema sa paglilipat ng iyong Medi-Cal sa iyong bagong county. Maaari mong tawagan ang Ombudsman Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m. sa 1-888-452-8609.

Maaari ka ring maghain ng iyong hinaing sa tanggapan ng pagiging karapat-dapat sa iyong county tungkol sa iyong kwalipikasyon sa Medi-Cal. Kung hindi ka sigurado kung kanino ihahain ang iyong hinaing, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

Upang mag-ulat ng maling impormasyon tungkol sa iyong dagdag na segurong pangkalusugan, mangyaring tawagan ang Medi-Cal Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m. sa 1-800-541-5555.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

### Mga reklamo

Ang isang reklamo (o hinaing) ay kapag may problema ka o hindi ka masaya sa mga serbisyo na natanggap mo mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. o sa isang provider. Walang limitasyon ng oras sa paghahain ng reklamo. Maaari kang maghain ng isang reklamo sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. anumang oras sa pamamagitan ng telepono, sulat o online.

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa **1-866-270-5785 (TTY 711)** sa pagitan ng 7:00 a.m. at 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Ibigay ang numero ng iyong ID sa planong pangkalusugan, ang iyong pangalan at ang dahilan ng iyong reklamo.
- **Sa pamamagitan ng liham:** Tawagan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa **1-866-270-5785 (TTY 711)** at humiling na padalhan ka ng form. Kapag nakuha mo na ang form, punan ito. Tiyaking isama ang iyong pangalan, ang numero ng iyong ID sa planong pangkalusugan, at ang iyong dahilan sa pagrereklamo. Sabihin mo sa amin kung ano ang nangyari at kung paano kami makakatulong.

Ipadala ang form sa:

UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.  
Grievance and Appeals  
P.O. Box 31364  
Salt Lake City, UT 84131-0364

Ang tanggapan ng iyong doktor ay may mga available na form ng reklamo.

- **Online:** Bisitahin ang website ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Pumunta sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

Kung kailangan mo ng tulog sa paghahain ng iyong hinaing, makakatulong kami sa iyo. Mabibigyan ka namin ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**.

Sa loob ng 5 araw mula nang makuha ang iyong reklamo, padadalhan ka namin ng liham na magpapaalam sa iyo na natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, padadalhan ka namin ng isa pang liham na magsasabi sa iyo kung paano namin nalutas ang iyong problema. Kung tatawagan mo ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. tungkol sa isang hinaing na hindi tungkol sa pagsaklaw sa pangangalagang pangkalusugan, pangangailangang medikal, o eksperimental o iniimbestigahang paggamot, at nalutas ang iyong hinaing sa katapusan ng kasunod na araw ng negosyo, maaaring hindi ka na makakatanggap ng liham.

Kung nais mong gumawa kami ng pinabilis na pagpapasya dahil ang gugugulin na oras upang lutasin ang iyong reklamo ay magsasapanganib sa iyong buhay, kalusugan o kakayanang kumilos sa panganib, maaari kang humiling ng pinabilis (mabilis) na pagrepaso. Upang humiling ng pinabilis na rebyu, tawagan kami sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Sa loob ng 72 oras pagkatanggap namin ng reklamo mo, gagawa kami ng pasya kung paano hahawakan ang reklamo mo at kung mapapabilis namin ang paglutas sa reklamo mo. Kapag natiyak naming hindi namin mapapabilis ang paglutas sa reklamomo, ipapaalam namin sa iyo na resolbahin namin ang reklamo mo sa loob ng 30 araw.



Ang mga reklamo na nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi napapailalim sa proseso ng hinaing ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. o karapat-dapat para sa Independent Medical Review. Ang mga miyembro ay maaaring magsumite ng mga reklamo tungkol sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711) o pagpunta sa <https://www.medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Gayunpaman, ang mga reklamo na nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya na hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx ay maaaring maging karapat-dapat para sa isang Independent Medical Review. Ang toll-free na numero ng telepono ng DMHC ay 1-888-466-2219 at ang linya ng TTY ay 1-877-688-9891. Maaari mong makita ang form ng Independent Medical Review/Reklamo at mga tagubilin nang online sa website ng DMHC: <https://www.dmhc.ca.gov>.

## Mga Apela

Ang isang apela ay iba sa isang reklamo. Ang isang apela ay isang kahilingan sa aming rebyuhin at baguhin ang desisyong ginawa namin tungkol sa (mga)serbisyo mo. Kung pinadalhan ka namin ng isang liham ng Abiso ng Pagkilos o Notice of Action (NOA) na nagsasaad na tinatanggihan, inaantala, binabago o winawakasan namin ang isang serbisyo, at hindi ka sumasang-ayon sa aming pasya, maaari kang maghain sa amin ng isang apela. Maaari ring maghain ng apela sa amin ang iyong PCP o iba pang provider para sa iyo nang may nakasulat na pahintulot mo.

Dapat kang humiling ng apela sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng NOA na natanggap mo sa amin. Kung nagpasya kaming bawasan, suspendihin, o ihinto ang (mga)serbisyong nakukuha mo ngayon, puwede mong patuloy na tanggapin ang (mga)serbisyong iyon habang hinihintay na mapagpasyahan ang iyong apela. Tinatawag itong Nakabimbing Tulong sa Ibinayado Aid Paid Pending. Para makatanggap ng Aid Paid Pending, dapat kang humiling sa amin ng apela sa loob ng 10 araw mula sa petsa ng NOA o bago ang petsang sinabi naming ihihinto ang (mga)serbisyo mo, alinman ang mas matagal. Kapag humiling ka ng apela sa ilalim ng mga pangyayaring ito, magpapatuloy ang (mga)serbisyo.

Maaari kang maghain ng apela sa pamamagitan ng telepono, ng liham o ng online:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa **1-866-270-5785** (TTY **711**) sa pagitan ng 7:00 a.m. at 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Ibigay ang iyong pangalan, numero ng ID ng planong pangkalusugan at ang serbisyo na iniaapela mo.
- **Sa pamamagitan ng liham:** Tawagan ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa **1-866-270-5785** (TTY **711**) at humiling na padalhan ka ng form. Kapag nakuha mo na ang form, punan ito. Tiyaking isama ang iyong pangalan, numero ng ID ng planong pangkalusugan at ang serbisyo na iniaapela mo.

Ipadala ang form sa:

UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.  
Grievance and Appeals  
P.O. Box 31364  
Salt Lake City, UT 84131-0364

Ang tanggapan ng iyong doktor ay may mga available na form ng apela.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

---

- **Online:** Bisitahin ang website ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Pumunta sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

Kung kailangan mong tulong sa paghiling ng apela o sa Aid Paid Pending, matutulungan ka namin. Mabibigyan ka namin ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

Sa loob ng 5 araw mula nang makuha ang iyong apela, padadalhan ka namin ng liham na ipinapaalam sa iyong natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, sasabihin namin sa iyo ang aming desisyon sa apela at padadalhan ka ng Notice of Appeal Resolution (NAR) na sulat. Kung hindi ka namin binigyan ng aming desisyon sa apela sa loob ng 30 araw, puwede kang humiling ng Pagdinig ng Estado at IMR. Ngunit kung humiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at naganap na ang pagdinig, hindi ka na maaaring humiling ng IMR. Sa ganitong kaso, pinal ang pasya ng Pagdinig ng Estado.

Kung nais mo o ng iyong doktor na gumawa kami ng pinabilis na pagpapasya dahil ang gugugulin na oras upang lutasin ang iyong apela ay magsasapanganib sa iyong buhay, kalusugan o kakayanang kumilos sa panganib, maaari kang humiling ng pinabilis (mabilis) na pagrepaso. Upang humiling ng pinabilis na pagrepaso, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Gagawa kami ng pasya sa loob ng 72 oras mula sa pagkatanggap sa iyong apela.

## Ano ang gagawin kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon sa isang apela

Kung humiling ka ng isang apela at nakatanggap ng sulat na NAR na nagsasabing hindi namin binago ang aming desisyon, o hindi ka nakatanggap ng NAR na sulat at lampas nang 30 araw, puwede kang:

- Humingi ng **Pagdinig ng Estado** mula sa Department of Social Services ng California (CDSS), at rerepasuhin ng isang hukom ang iyong kaso
- Magsumite ng form ng Independent Medical Review/Reklamo sa Department of Managed Health Care (DMHC) upang suriin ang desisyon ng UnitedHealthcare Community Plan ng California, Inc. o humingi ng **Independent Medical Review (IMR)** mula sa DMHC. Sa panahon ng IMR ng DMHC at isang doktor sa labas na hindi bahagi ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang susuri sa iyong kaso. Ang toll-free na numero ng telepono ng DMHC ay 1-888-466-2219 at ang linya ng TTY ay 1-877-688-9891. Maaari mong makita ang form ng Independent Medical Review/Reklamo at mga tagubilin online sa website ng DMHC: <https://www.dmhc.ca.gov>.

Hindi mo kailangang magbayad para sa Pagdinig ng Estado o isang IMR.

Karapat-dapat ka para sa parehong Pagdinig ng Estado at isang IMR. Ngunit kung humiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at naganap na ang pagdinig, hindi ka na maaaring humiling ng IMR. Sa ganitong kaso, pinal ang pasya ng Pagdinig ng Kaso.

Ang mga seksyon sa ibaba ay may higit pang impormasyon sa kung paano humiling ng Pagdinig ng Estado o isang IMR.

86



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

Ang mga reklamo at apela na nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi pinangangasiwaan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Maaari kang magsumite ng mga reklamo at apela tungkol sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711). Gayunpaman, ang mga reklamo at apela na nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya na hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx ay maaaring maging karapat-dapat para sa isang Independent Medical Review.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon na nauugnay sa iyong benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx, maaari kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado. Ang mga desisyon sa benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi napapailalim sa proseso ng IMR sa DMHC.

## Mga Reklamo at Independent Medical Review (IMR) sa Department of Managed Health Care

Ang IMR ay kapag rerepasuhin ng isang doktor sa labas na hindi kaugnay sa iyong planong pangkalusugan ang iyong kaso. Kung gusto mo ng isang IMR, kailangan mo munang maghain ng isang apela sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Kung walang tugon mula sa iyong planong pangkalusugan sa loob ng 30 araw ng kalendaryo, o kung hindi ka nasisiyahan sa pasya ng iyong planong pangkalusugan, maaari kang humiling ng IMR. Kailangan mong humiling ng IMR sa loob ng 6 na buwan mula sa petsa sa abiso na nagsasabi sa iyo ng desisyon sa apela ngunit mayroon ka lamang 120 araw upang humiling ng isang Pagdinig ng Estado kaya kung gusto mo ng IMR at pagdinig ng Estado ihain ang iyong reklamo sa lalong madaling panahon. Tandaan, kung humiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at naganap na ang pagdinig, hindi ka na maaaring humiling ng IMR. Sa ganitong kaso, pinal ang pasya ng Pagdinig ng Kaso.

Maaari kang makakuha agad ng isang IMR nang hindi muna naghahain ng apela. Ito ay sa mga kaso kung saan ang iyong problema sa kalusugan ay agaran.

Kung ang iyong reklamo sa DMHC ay hindi kwalipikado para sa IMR, susuriin pa rin ng DMHC ang iyong reklamo upang matiyak na ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay gumawa ng tamang desisyon noong inapela mo ang pagtanggap nito ng mga serbisyo. Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay kailangang sumunod sa IMR ng DMHC at suriin ang mga desisyon.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).



## 6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

---

Narito kung paano humiling ng isang IMR. Ang terminong “hinaing” ay para sa mga “reklamo” at “apela”:

Ang California Department of Managed Health Care ay may pananagutan sa pamamahala ng mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung ikaw ay may karaingan laban sa iyong planong pangkalusugan, kailangan mo munang tawagan sa telepono ang iyong planong pangkalusugan sa **1-866-270-5785 (TTY 711)** at gamitin ang proseso ng karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago tumawag sa departamento. Ang paggamit sa pamamaraan ng karaingan na ito ay hindi humahadlang sa anumang potensyal na mga legal na karapatan o mga remedyo na maaari mong magamit. Kung kailangan mo ng tulong sa isang karaingan na kinasasangkutan ng isang emerhensiya, isang karaingan na hindi kasiya-siyang nalutas ng iyong planong pangkalusugan, o isang karaingan na nananatiling hindi nalulutas sa loob ng higit 30 araw, maaari mong tawagan ang departamento para sa tulong. Maaari ka ring maging karapat-dapat para sa isang Independienteng Medikal na Pagrepaso (IMR). Kung karapat-dapat ka para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng isang walang kinikilingang pagrepaso sa mga medikal na pagpapasyang ginawa ng isang planong pangkalusugan kaugnay ng medikal na pangangailangan sa isang iminumungkahing serbisyo o paggamot, mga pagpapasya ukol sa saklaw para sa mga paggamot na eksperimental o pansiyasat ang kalikasan, at mga gusot sa pagbabayad para sa emerhensiya o mga agarang medikal na serbisyo. Ang departamento ay mayroon ding toll-free na numero ng telepono (**1-888-466-2219**) at isang TDD na linya (**1-877-688-9891**) para sa mga may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng departamento <https://www.dmhc.ca.gov> ay may mga form para sa reklamo, mga form ng aplikasyon para sa IMR, at mga online na tagubilin.

## Mga Pagdinig ng Estado

Ang Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong kasama ang mga tao mula sa California Department of Social Services (CDSS). Tutulong ang isang hukom upang malutas ang iyong problema o sabihin sa iyo na gumawa kami ng tamang desisyon. May karapatan kang humingi ng Pagdinig ng Estado kung naghain ka ng apela sa amin at hindi ka pa rin masaya sa desisyon, o kung hindi ka nakatanggap ng desisyon sa iyong apela pagkatapos ng 30 araw.

Dapat kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw mula sa petsa ng aming NAR na sulat. Gayon man, kung binigyan ka namin ng Aid Paid Pending habang naka-apela ka, at gusto mong magpatuloy ito hanggang may desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado, dapat kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw ng aming NAR na sulat, o bago ang petsa kung kailan namin sinabing hihinto ang (mga)serbisyo mo, alinman ang mas matagal. Kung kailangan mo ng tulong para matiyak na magpapatuloy ang Aid Paid Pending hanggang may pinal desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado, kontakin ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa pagitan ng 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-866-270-5785**. Kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa TTY **711**. Ang iyong PCP ay maaaring humingi ng Pagdinig ng Estado para sa iyo nang may nakasulat na pahintulot mo.



## 6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

---

Puweda kang humingi ng Pagdinig ng Estado minsan nang hindi kinukumpleto ang proseso ng pag-apela mo.

Halimbawa, puwede kang humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi kailangang kumpletuhin ang proseso ng pag-apela mo, kung hindi ka namin nasabihan nang wasto o nasa oras tungkol sa (mga) serbisyo mo. Tinatawag itong Deemed Exhaustion. Narito ang ilang halimbawa ng Deemed Exhaustion:

- Hindi namin ibinigay sa iyo ang sulat na NOA sa gusto mong wika
- Nakagawa kami ng pagkakamaling umaapekto sa mga karapatan mo
- Hindi ka namin binigyan ng NOA na sulat
- Nakagawa kami ng pagkakamali sa aming NOA na sulat
- Hindi namin pinagpasyahan ang apela mo sa loob ng 30 araw. Nagpasya kaming agaran ang kaso mo, pero hindi kami tumugon sa apela mo sa loob ng 72 oras.

Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng telepono o ng liham.

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang CDSS Public Response Unit sa 1-800-952-5253 (TTY 1-800-952-8349 o 711).
- **Sa pamamagitan ng liham:** Punan ang ibinigay na form kasama ng abiso ng resolusyon sa iyong mga apela.

Ipadala ito sa:

California Department of Social Services  
State Hearings Division  
P.O. Box 944243, MS 09-17-37  
Sacramento, CA 94244-2430

Kung kailangan mo ng tulong sa paghingi ng Pagdinig ng Estado, matutulungan ka namin. Mabibigyan ka namin ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

Sa pagdinig, ipapaalam mo ang panig mo. Ipapaalam namin ang aming panig. Maaaring abutin nang hanggang 90 araw para pagpasyahan ng hukom ang kaso mo. Kailangang sundin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pasya ng hukom.

Kung gusto mong gumawa ang CDSS ng pinabilis na pagpapasya dahil ang gugugulin na oras para sa Pagdinig ng Estado ay magsasapanganib sa iyong buhay, kalusugan o kakayanang kumilos nang ganap sa panganib, maaaring tumawag ka o ang iyong PCP sa CDSS para humiling ng pinabilis (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Kailangang magpasya ang CDSS nang hindi lalampas sa 3 araw ng trabaho pagkatapos nitong makuha ang iyong kumpletong file ng kaso mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).  
Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado.  
Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).



# Pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso

Kung naghihinala ka na ang isang provider o isang tao na nakakakuha ng Medi-Cal ay gumawa ng pandaraya, pag-aaksaya o pang-aabuso, karapatan mong iulat ito sa pamamagitan ng pagtawag sa kumpidensyal na toll-free na numero na 1-800-822-6222 o pagsusumite ng isang reklamo online sa <https://www.dhcs.ca.gov/>.

Ang pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso ay kinabibilangan ng:

- Pamemeke sa medikal na mga talaan
- Pagrereseta ng higit na gamot kaysa sa medikal na kinakailangan
- Pagbibigay ng higit na pangangalagang pangkalusugan kaysa sa medikal na kinakailangan
- Paniningil para sa mga serbisyo na hindi naibigay
- Paniningil para sa mga propesyonal na serbisyo nang hindi isinagawa ng propesyonal ang serbisyo
- Pag-aalok ng libre o may diskwento na mga item at serbisyo sa mga miyembro sa pagsisikap na maimpluwensyahan kung sinong provider ang pipiliin ng miyembro
- Pagbabago ng pangunahing doktor ng miyembro nang walang kaalaman ng miyembro

Ang pandaraya, pag-aaksaya at pang-aabuso ng isang taong kumukuha ng mga benepisyo ay kinabibilangan ng pero hindi limitado sa:

- Pagpapahiram, pagbebenta o pagbibigay ng ID kard ng planong pangkalusugan o Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) sa ibang tao
- Pagkuha ng katulad o kaparehong mga paggamot o gamot mula sa higit sa isang provider
- Pagpunta sa emerhensiya room kapag hindi emerhensiya
- Paggamit ng numero ng Social Security o numero ng ID ng planong pangkalusugan ng ibang tao
- Ang pagkuha ng medikal at hindi medikal na pagsakay sa transportasyon para sa mga serbisyong hindi kaugnay ng pangangalaga ng kalusugan, paa sa mga serbisyong hindi saklaw ng Medi-Cal, o kung wala kang medikal na appointment o mga resetang kukuhanin

Para mag-ulat ng pandaraya, pagsasayang at pang-aabuso, isulat ang pangalan, address at numero ng ID ng taong gumawa ng panloloko, pag-aaksaya o pang-aabuso. Magbigay ng maraming impormasyon kung maaari tungkol sa tao, tulad ng numero ng telepono o espesyalidad kung isa itong provider. Ibigay ang mga petsa ng kaganapan at ang buod ng eksaktong nangyari.

Ipadala ang iyong ulat sa:

<https://www.uhc.com/fraud>

1-866-242-7727, TTY 711



# 7. Mga karapatan at responsibilidad

---

Bilang miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., may ilan kang karapatan at mga responsibilidad. Ipapaliwanag ng kabanatang ito ang mga karapatan at responsibilidad na ito. Kabilang din sa kabanatang ito ang mga legal na abiso na may karapatan ka nga bilang miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

## Ang iyong mga karapatan

Narito ang mga karapatan mo bilang miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.:

- Mabigyan ng paggalan at dignidad, nang may karapat-dapat na pagsasaalang-alang sa iyong karapatan sa pagkapribado at pangangailangang panatilihin ang pagkakompidensyal ng iyong impormasyong medikal
- Ang mabigyan ng impormasyon tungkol sa plano at mga serbisyo nito, kabilang ang mga sinasaklaw na serbisyo at ang mga karapatan at responsibilidad ng miyembro
- Ang gumawa ng mga rekomendasyon tungkol sa mga patakaran sa mga karapatan at responsibilidad ng miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.
- Ang makapamilya ng primary care provider sa loob ng network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.
- Ang magkaroon ng napapanahong pag-access sa mga provider ng network
- Ang makibahagi sa pagdedesiyon kaugnay sa iyong pangangalagang pangkalusugan, kasama na ang karapatan na tumanggi sa paggamot
- Ang magpahayag ng mga reklamo, alinman sa pasalita o pasulat, tungkol sa organisasyon o sa natanggap mong pangangalaga
- Ang makakuha ng koordinasyon ng pangangalaga
- Ang humiling ng apela sa mga desisyon na tanggihan, antalahin o limitahan ang mga serbisyo o benepisyo
- Ang makatanggap ng libreng mga serbisyo sa pag-interpret para sa iyong wika
- Ang makatanggap ng libreng legal na tulong sa inyong lokal na tanggapan ng legal aid o iba pang mga grupo
- Ang bumuo ng mga paunang direktiba
- Ang humiling ng Pagdinig ng Estado kung ang isang serbisyo o benepisyo ay tinanggihan at naghain ka na ng apela sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at hindi ka pa nasisiyahan sa desisyon, o kung hindi ka makakuha ng desisyon sa iyong apela pagkatapos ng 30 araw, kasama ang impormasyon sa mga pangyayari kung saan posible ang isang pinabilis na pagdinig



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 7 | Mga karapatan at responsibilidad

---

- Ang umalis sa pagkakatala sa UnitedHealthcare Community Plan ng California, Inc. at lumipat sa ibang plano sa kalusugan sa county kapag hiniling
- Ang magkaroon ng access sa mga serbisyo sa pagsang-ayon ng mga menor-de-edad
- Ang makatanggap ng mga nakasulat na materyales na nagbibigay-impormasyon sa miyembro sa mga alternatibong format (tulad ng braille, malalaking printa at audio na format) kung hiniling at sa napapanahon na paraan na akma para sa hinihiling na format at naaayon sa Welfare and Institutions Code Section 14182 (b)(12)
- Ang maging malaya mula sa anumang pagpipigil o pagbubukod na ginagamit bilang paraan ng panggigipit, pangdisiplina, pangkaghinaan o pagganti
- Ang makatanggap ng impormasyon sa makukuhang mga opsyon at alternatibo na paggamot, na ipinababatid sa paraang naaangkop sa iyong kondisyon at kakayahang umintindi, kahit ano pa ang halaga o saklaw
- Ang magkaroon ng access sa at makatanggap ng kopya ng iyong medikal na mga talaan, at humiling na maamendahan ang mga ito o maitama ang mga ito, tulad ng natukoy sa 45 Code of Federal Regulations §164.524 at 164.526
- Kalayaang isagawa ang mga karapatang ito nang walang masamang epekto sa pagtrato sa iyo ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., ng iyong mga provider o ng Estado
- Ang magkaroon ng access sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, mga Nagsasariling Sentro ng Paanakan, Kwalipikado sa Pederal na mga Sentro ng Kalusugan, mga Klinika para sa Kalusugan ng Indian, mga serbisyo ng komadrona, mga Rural na Sentrong Pangkalusugan, mga serbisyo para sa impeksyon na naipapasa sa sekswal na paraan at mga emerhensiya na serbisyo sa labas ng network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. alinsunod sa batas federal

## Ang iyong mga responsibilidad

Ang mga miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay may ganitong mga responsibilidad:

- Ang magbigay, sa abot ng makakaya, ng impormasyon na kailangan ng UnitedHealthcare at mga praktisyoner at provider upang alagaan ka
- Ang sundin ang mga plano at tagubilin para sa pangangalaga na napagkasunduan ninyo ng iyong mga provider
- Ang maunawaan ang iyong mga problema sa kalusugan at lumahok sa pagbuo ng pinagkasunduang mga layunin sa paggamot, sa antas na maaari



### Abiso ng hindi pagdidiskrimina

Ang diskriminasyon ay labag sa batas. Sinusunod ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga batas ng Estado at Federal sa mga karapatang sibil. Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay nandidiskrimina nang hindi naaayon sa batas, hindi nagbubukod ng mga tao o nangtatrato sa kanila nang naiiba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, lipi, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan na etnikong grupo, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kundisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan sa kasarian, o sekswal na oryentasyon.

Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay nagbibigay ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang matulungan silang makipag-ugnayan sa amin, gaya ng:
  - Kuwalipikadong mga interpreter ng sign language
  - Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking print, audio, mga accessible na elektronikong format, iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika para sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng:
  - Kuwalipikadong mga interpreter
  - Impormasyong nakasulat sa ibang wika

Kung kailangan mo ng mga serbisyong ito, kontakin ang UnitedHealthcare Community Plan sa pagitan ng 7:00 a.m. hangang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-866-270-5785**. O, kung hindi ka nakaririnig o nakapagsasalitang mabuti, pakitawagan ang TTY **711** para magamit ang California Relay Service.

### Paano maghain ng karaingan

Kung naniniwala kang nabigo ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na ibigay ang mga serbisyong ito o hindi makatarungang nandiskrimina sa ibang paraan sa batayan ng kasarian, lahi, kulay, relihiyon, lipi, bansang pinagmulan, pagkakakilanlang etnikong grupo, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kundisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlang kasarian o sekswal na oryentasyon, maaari kang maghain ng karaingan sa Tagakoordina ng mga Karapatang Sibil ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Maaari kang maghain ng karaingan sa pamamagitan ng telepono, nang nakasulat, nang personal, o elektronik na paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Kontakin kami sa pagitan ng 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-866-270-5785**. O, kung hindi ka nakaririnig o nakapagsasalitang mabuti, pakitawagan ang TTY **711** para magamit ang California Relay Service.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 7 | Mga karapatan at responsibilidad

---

- **Nang nakasulat:** Punan ang isang form ng reklamo o sumulat ng isang sulat at ipadala ito sa:  
Tagapag-ugnay ng mga Karapatang Sibil  
UnitedHealthcare Civil Rights Grievance  
P.O. Box 30608  
Salt Lake City, UT 84130
- **Nang personal:** Bisitahin ang opisina ng iyong doktor o UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at sabihin na gusto mong maghain ng karaingan.
- **Sa elektronik na paraan:** Bisitahin ang website ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa [myuhc.com/CommunityPlan](http://myuhc.com/CommunityPlan).

### Opisina ng mga Karapatang Sibil — California Department of Health Care Services

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa California Department of Health Care Services, Tanggapan ng mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, sulat, o elektronik:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa 916-440-7370. Kung hindi ka makapagsalita o makarinig ng maayos, mangyaring tumawag sa 711 (Telecommunications Relay Service).
- **Nang nakasulat:** Punan ang isang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:  
Deputy Director, Office of Civil Rights  
Department of Health Care Services  
Office of Civil Rights  
P.O. Box 997413, MS 0009  
Sacramento, CA 95899-7413  
Makakakuha ka ng mga form ng reklamo sa: [http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language\\_Access.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx).
- **Sa elektronik na paraan:** Magpadala ng email sa [CivilRights@dhcs.ca.gov](mailto:CivilRights@dhcs.ca.gov).



### Opisina ng mga Karapatang Sibil – U.S. Department of Health and Human Services

Kung naniniwala kang nadiskrimina ka sa batayan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o sex, puwede ka ring maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services, Opisina ng mga Karapatang Sibil sa pamamagitan telepono, nang nakasulat, o sa elektronik na paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa 1-800-368-1019. Kung hindi ka nakapagsasalita o nakakarinig na mabuti, pakitawagan ang TTY 1-800-537-7697 o 711 para magamit ang California Relay Service.
- **Nang nakasulat:** Punan ang isang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:  
U.S. Department of Health and Human Services  
200 Independence Avenue, SW  
Room 509F, HHH Building  
Washington, D.C. 20201  
Makakakuha ka ng mga form ng reklamo sa <https://www.hhs.gov/ocr/office/complaints/index.html>.
- **Sa elektronik na paraan:** Bumisita sa Office for Civil Rights Complaint Portal sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/cp>.

### Mga paraan para makalahok bilang isang miyembro


Gustong makabalita ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. mula sa iyo. Bawat taon, ilang beses kada taon, ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay may mga pagpupulong upang talakayin kung ano ang mahusay na gumagana at kung paano pa humusay ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Inaanyayahan ang mga miyembro na dumalo. Dumalo ka sa isang pagpupulong!

### Komite ng Pampublikong Patakaran

Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay may isang grupo na tinatawag na Komite ng Pampublikong Patakaran. Ang grupo na ito ay binubuo ng mga miyembro, provider at mga pinuno ng planong pangkalusugan. Maaari kang sumali sa grupo na ito kung gusto mo. Tinatalakay ng grupo ang tungkol sa pagpapahusay sa mga patakaran ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. at responsable sa pagtulong sa planong pangkalusugan na maglaan ng mga serbisyo na:

- Madaling maunawaan
- Magbibigay ng katiwasayan sa mga miyembro at kanilang mga pamilya
- Magbibigay-galang sa mga miyembro, provider, at komunidad

Dalawang (2) taon ang termino ng pagiging miyembro, at makakatanggap ka ng kabayaran para sa iyong oras. Ang komite ay nagpupulong tuwing tatlong (3) buwan sa loob ng 60-90 minuto. Kung kinakailangan, magbibigay ng transportasyon papunta at pauwi mula sa pagpupulong.

 Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](http://myuhc.com/CommunityPlan).

## 7 | Mga karapatan at responsibilidad

---

Kung gusto mong sumali sa grupo na ito, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). O magpadala ng email sa [uhcpolicycomm@uhc.com](mailto:uhcpolicycomm@uhc.com) at ipaalam sa amin na gusto mong lumahok.

### Komite ng Pagpapayo sa Komunidad

Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay may isang grupo na tinatawag na Komite ng Tagapayo sa Komunidad. Ang grupo na ito ay binubuo ng mga miyembro ng planong pangkalusugan, mga tagasuporta sa komunidad at tagapaglaan. Maaari kang sumali sa grupo na ito kung gusto mo. Sa mga pagpupulong, tinatalakay ng mga kalahok ang paraan ng paghahatid ng mga serbisyo at binibigyan kami ng puna sa mga serbisyong pangkultura at pangwika. Ito ay pagkakataon na magtanong at tugunan ang mga alalahanin sa iba't ibang mga tao. Ang mga pagpupulong ay gaganapin sa pinakamababa na tatlong beses bawat taon.

Kung gusto mong sumali sa grupo na ito, tumawag sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).

### Abiso ng mga gawain sa pagkapribado

Ang isang pahayag na naglalarawan sa mga patakaran at pamamaraan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. para sa pagtataguyod sa pagkakumpidensyal ng mga medikal na talaan ay nakahanda at maibibigay sa iyo kapag hiniling mo.


**ISINASAAD NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN ANG IYONG IMPORMASYONG MEDIKAL. ISINASAAD DITO KUNG PAANO MO MAA-ACCESS ANG IMPORMASYONG ITO. BASAHIN ITO NANG MABUTI.**

Magkakabisa sa Enero 1, 2019

Ayon sa batas, kailangan naming<sup>1</sup> protektahan ang pagkapribado ng iyong impormasyong pangkalusugan (“HI”). Kailangang ipadala namin sa inyo ang pabatid na ito. Sinasabi nito sa iyo ang tungkol sa kung:

- Paano namin maaaring gamitin ang iyong HI
- Kailan namin maaaring ibahagi sa iba ang iyong HI
- Ano ang mga karapatan mo para i-access ang iyong HI. Ayon sa batas, kailangan naming sundin ang mga tuntunin ng abisong ito.

Ang HI ay impormasyon tungkol sa iyong planong pangkalusugan o mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. May karapatan kaming palitan ang aming mga gawi sa pagkapribado para sa paghawak sa HI. Kapag binago namin ang mga ito, aabisuhan ka namin sa pamamagitan ng koreo o e-mail. Magpo-post din kami ng bagong abisop sa website na ito ([www.uhccommunityplan.com](http://www.uhccommunityplan.com)). Aabisuhan ka namin tungkol sa paglabag sa iyong HI. Kinokolekta namin at itinatago ang iyong HI para mapatakbo namin ang aming negosyo. Ang HI ay maaaring sa pananalita, nakasulat o elektronikong. Nililimitahan namin ang access ng empleyado at provider sa iyong HI. May mga inilagay kaming proteksyon para maprotektahan ang iyong HI.

96  Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](http://myuhc.com/CommunityPlan).



### Paano namin ginagamit o ibinabahagi ang iyong impormasyon

Kailangan naming gamitin at ibahagi ang iyong HI sa:

- Ikaw o ang legal na kinatawan mo
- Mga ahensiya ng pamahalaan

May karapatan kaming gamitin at ibahagi ang iyong HI para sa ilang layunin. Kailangang ito ay para sa iyong paggamot, para mabayaran ang iyong pangangalaga, at para mapatakbo ang aming negosyo. Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong HI ayon sa sumusunod.

- **Para sa Pagbabayad.** Maaari naming gamitin o ibahagi ang iyong HI para maiproseso ang mga bayad sa premium at mga paghahabol. Maaaring kasama rito ang mga pagkoordinang sa iyong mga benepisyong.
- **Para sa Paggamot o Pamamahala ng Pangangalaga.** Maaari naming ibahagi ang iyong HI sa mga provider upang matulungan sila sa iyong pangangalaga.
- **Para sa mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan.** Maaari kaming magmungkahi ng isang paraan ng pangangasiwa ng sakit o isang programang para sa kaayusan. Maaari naming pag-aralan ang mga data upang mapahusay ang aming mga serbisyo.
- **Para Masabihan Ka tungkol sa mga Programang Pangkalusugan o mga Produkto.** Maaari ka naming sabihan tungkol sa ibang mga paggamot, produkto at serbisyo. Ang mga aktibidad na ito ay maaaring limitahan ng batas.
- **Para sa mga Tagapagtaguyod ng Plano.** Maaari naming ibigay ang pagpapatala, pag-alis mula sa pagpapatala at buod ng HI sa iyong employer. Maaari namin silang bigyan ng ibang HI kung maayos nilang lilimitahan ang paggamit dito.
- **Para sa mga Layunin ng Pag-underwrite.** Maaari naming gamitin ang iyong HI para makagawa ng mga pasya sa pag-underwrite. Hindi namin gagamitin ang iyong genetic na HI para sa mga layuning pag-underwrite.
- **Para sa mga Paalala sa mga Benepisyong Pangangalaga.** Maaari naming gamitin ang iyong HI para padalhan ka ng mga paalala sa nakatakdang pagpapatingin at impormasyon tungkol sa iyong mga benepisyong pangkalusugan.

Maaari naming gamitin o ibahagi ang iyong HI ayon sa sumusunod:

- **Ayon sa Isinasaad ng Batas.**
- **Sa mga Tao na Kasama sa Pangangalaga sa Iyo.** Maaaring ito ay para sa isang miyembro ng pamilya sa isang emerhensiya. Maaaring mangyari ito kung hindi kayo makasang-ayon o makatutol. Kung hindi kayo makatutol, gagamitin namin ang aming pinakamahasag na paghuhusga. Kung pinapahintulutan, pagkatapos ninyong mamatay, maaari naming ibahagi ang HI sa mga miyembro ng pamilya o kaibigan na tumulong sa iyong pangangalaga.
- **Para sa mga Pampublikong Aktibidad sa Kalusugan.** Maaaring ito ay upang maiwasan ang mga outbreak.
- **Para sa Pag-uulat ng Pang-aabuso, Pagpapabaya, o Karahasan sa Tahanan.** Maaari lamang kaming magbahagi sa mga entidad na pinahihintulutan ng batas na kumuha sa HI na ito. Maaari itong isang ahensiyang panlipunan o nagbibigay serbisiyong pangproteksyon.
- **Para sa mga Aktibidad sa Pangangasiwa sa Kalusugan** sa isang ahensiyang pinahihintulutan ng batas na kumuha sa HI. Maaari itong para sa paglilisensiya, mga pag-audit at mga imbestigasyon kaugnay ng pandaraya at pang-aabuso.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**.  
Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado.  
Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 7 | Mga karapatan at responsibilidad

---

- **Para sa mga Pamamaraang Pang-Hukuman o Administratibo.** Para tumugon sa isang utos ng korte o subpoena.
- **Para sa Pagpapatupad ng Batas.** Para mahanap ang isang nawawalang tao o para mag-ulat ng isang krimen.
- **Para sa mga Banta sa Kalusugan o Kaligtasan.** Maaari itong para sa mga ahensiya ng pampublikong kalusugan o sa pagpapatupad ng batas. Ang isang halimbawa ay ang emerhensiya o sakuna.
- **Para sa mga Tungkulin ng Pamahalaan.** Maaari itong para sa paggamit ng militar o beterano, para sa pambansang seguridad, o para sa mga serbisyong kaugnay ng pagbibigay ng proteksyon.
- **Para sa Kompensasyon ng Manggagawa.** Para makasunod sa mga batas sa paggawa.
- **Para sa Pananaliksik.** Sa pag-aaral ng sakit o kapansanan.
- **Para Makapagbigay ng Impormasyon Tungkol sa mga Naiwan.** Maaari itong para sa isang koroner o medikal na tagasuri. Para sa pagtukoy ng namatay, pagtuklas sa sanhi ng pagkamatay, o ayon sa nakasaad sa batas. Maaari kaming magbigay ng HI sa mga direktor ng punerarya.
- **Para sa Pag-transplant ng Organ.** Para makakuha ng tulong, pagtatabi o pag-transplant ng mga organ, mga mata o tissue.
- **Para sa mga Institusyong Koreksiyonal o sa Pagpapatupad ng Batas.** Para sa mga taong nasa kustudiya: (1) upang magbigay ng pangangalagang pangkalusugan; (2) upang protektahan ang iyong kalusugan maging ang kalusugan ng iba; at (3) para sa seguridad ng institusyon.
- **Sa mga Kasapi Namin sa Negosyo kung kailangan para bigyan kayo ng mga serbisyo.** Ang aming mga kasamahan ay sumasang-ayon na protektahan ang inyong HI. Hindi sila pinahihintulutang gumamit ng HI maliban sa pinahihintulutan ng aming kontrata sa kanila.
- **Iba pang mga Restriksyon.** Maaaring higit pang limitahan ng mga batas ng pederal at estado ang aming paggamit ng HI na nakalista sa ibaba. Susundin namin ang mga mas mahigpit na batas na naaangkop.
  1. Pag-abuso ng Alak at Substansya
  2. Impormasyong Biometriko
  3. Pang-aabuso sa Bata o nasa Hustong Gulang o Pagpapabaya, kabilang ang Sekswal na Pag-atake
  4. Mga Nakakahawang Sakit
  5. Impormasyong Henetiko
  6. HIV/AIDS
  7. Kalusugan ng Pag-iisip
  8. Impormasyon ng Menor de edad
  9. Mga Reseta
  10. Kalusugang pangreproduktibo
  11. Mga Sakit na Naipapasa sa Pakikipagtalik

Gagamitin lamang namin ang iyong HI ayon sa nailarawan dito o ayon sa iyong nakasulat na pahintulot. Kukunin namin ang iyong nakasulat na pahintulot para makapagbahagi ng mga talang psychotherapy tungkol sa iyo. Kukunin namin ang iyong nakasulat na pahintulot para ibenta ang iyong HI sa ibang mga tao. Kukunin namin ang iyong nakasulat na pahintulot para gamitin ang iyong HI sa ilang mga pangpromosyon na liham. Kung papahintulutan mo kaming ibahagi ang iyong HI, maaaring ibahagi pa ito ng tatanggap. Maaari mong bawiin ang iyong pahintulot. Para malaman kung paano, tumawag sa numero ng telepono na nasa iyong ID kard.



### Ang iyong mga karapatan

Mayroon kang mga sumusunod na karapatan.

- **Ang hingin sa aming limitahan** ang paggamit o pagbabahagi para sa paggamot, pagbabayad, o mga operasyong may kaugnayan sa pangangalagang pangkalusugan. Maaari ninyong hilingin na limitahan ang pagbabahagi sa mga miyembro ng pamilya o sa iba pa. Maaari naming pahintulutan ang mga umaasa sa inyo na humingi ng mga limitasyon. **Susubukan namin na pagbigyan ang iyong mga kahilingan, ngunit hindi namin kailangan na gawin ito.**
- **Para humiling na makakuha ng kumpidensiyal na mga komunikasyon** sa ibang paraan o lugar. Halimbawa, magpadala sa isang P.O. box sa halip na sa inyong tahanan. Sasang-ayon kami sa iyong kahilingan kung ang isang pagsisiwalat ay maglalagay sa iyo sa panganib. Tumatanggap kami ng mga kahilingang pasalita. Maaari mong palitan ang iyong kahilingan. Kailangang ito ay nakasulat. Ipadala ito sa address sa ibaba.
- **Para tingnan o kumuha ng kopya** ng partikular na HI. Kailangang humiling ka sa pamamagitan ng sulat. Ipadala ito sa address sa ibaba. Kung pinananatili namin ang mga talaang ito sa elektronikong anyo, maaari kang humiling ng kopya. Mahihiling mong ipadala ang iyong talaan sa isang ikatlong partido. Maaari namin kayong padalhan ng isang buod. Maaari kaming maningil para sa mga kopya. Maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan. Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan, maaari mong iparepaso ang nasabing pagtanggap.
- **Para humiling ng pag-amyenda.** Kung sa palagay mo ay mali o kulang ang iyong HI, maaari mong hilingin na palitan ito. Kailangang humiling ka sa pamamagitan ng sulat. Kailangang ibigay mo ang mga dahilan para sa mga pagbabago. Ipadala ito sa address na nasa ibaba. Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan, maaari mong idagdag ang iyong hindi pagsang-ayon sa iyong HI.
- **Para makakuha ng pagtutuos** ng HI na ibinahagi sa anim na taon bago ang iyong paghiling. Hindi ito kinabibilangan ng anumang ibinahaging HI para sa mga sumusunod na dahilan: (i) Para sa paggamot, pagbabayad at mga operasyong para sa pangangalagang pangkalusugan; (ii) Sa iyo o kasama ang iyong pahintulot, (iii) Sa mga institusyong koreksiyonal o sa pagpapatupad ng batas. Hindi nito ililista ang mga pagsisiwalat na hindi iniaatas ng batas pederal na babantayan namin.
- **Para makakuha ng kopyang papel ng abisong ito.** Maaari kang humingi ng kopyang papel sa kahit anong oras. Maaari ka ring makakakuha ng kopya sa aming website sa ([www.uhccommunityplan.com](http://www.uhccommunityplan.com)).

### Paggamit ng iyong mga karapatan

- **Para Matawagan ang iyong Planong Pangkalusugan.** Tawagan ang numero ng telepono na nasa iyong ID kard. O maaari mong kontakin ang Call Center ng UnitedHealth Group sa **1-866-633-2446**, o TTY **711**.
- **Para Makapagsumite ng Nakasulat na Kahilingan.**  
Sumulat sa:  
UnitedHealthcare Privacy OfficeMN017-E300  
P.O. Box 1459 Minneapolis, MN 55440
- **Para Maghain ng Reklamo.** Kung sa iyong palagay ay nalabag ang mga karapatan mo sa pagkapribado, maaari kang magpadala ng reklamo sa address na nasa itaas.

Maaari mo ring abisuhan ang Kalihim ng Departamento ng U.S. sa Kalusugan at mga Serbisyo sa Tao. Hindi kami gagawa ng anumang aksyon laban sa iyo para sa paghahain mo ng reklamo.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).  
Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado.  
Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](http://myuhc.com/CommunityPlan).

## 7 | Mga karapatan at responsibilidad

---

<sup>1</sup> Ang Abisong ito ng Impormasyong Medikal sa mga Gawing may Kaugnayan sa Pagkapribado ay nalalapat sa mga sumusunod na planong pangkalusugan na kaanib ng UnitedHealth Group: AmeriChoice of New Jersey, Inc.; Arizona Physicians IPA, Inc.; Care Improvement Plus South Central Insurance Company; Care Improvement Plus of Texas Insurance Company; Care Improvement Plus Wisconsin Insurance; Health Plan of Nevada, Inc.; Optimum Choice, Inc.; Oxford Health Plans (NJ), Inc.; Physicians Health Choice of Texas LLC; Preferred Care Partners, Inc.; Rocky Mountain Health Maintenance Organization, Inc.; Symphonix Health Insurance, Inc.; UnitedHealthcare Benefits of Texas, Inc.; UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.; UnitedHealthcare Community Plan of Ohio, Inc.; UnitedHealthcare Community Plan of Texas, L.L.C.; UnitedHealthcare Community Plan, Inc.; UnitedHealthcare Insurance Company; UnitedHealthcare Insurance Company of River Valley; UnitedHealthcare of Alabama, Inc.; UnitedHealthcare of Florida, Inc.; UnitedHealthcare of Kentucky, Ltd.; UnitedHealthcare of Louisiana, Inc.; UnitedHealthcare of the Mid-Atlantic, Inc.; UnitedHealthcare of the Midlands, Inc.; UnitedHealthcare of the Midwest, Inc.; UnitedHealthcare of Mississippi, Inc.; UnitedHealthcare of New England, Inc.; UnitedHealthcare of New Mexico, Inc.; UnitedHealthcare of New York, Inc.; UnitedHealthcare of Pennsylvania, Inc.; UnitedHealthcare of Washington, Inc.; UnitedHealthcare of Wisconsin, Inc.; UnitedHealthcare Plan of the River Valley, Inc. Nakumpleto ang listahang ito ng mga planong pangkalusugan mula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng abisong ito. Para sa kasalukuyang listahan ng mga planong pangkalusugan na sumasailalim sa abisong ito, pumunta sa [www.uhc.com/privacy/entities-fn-v2-en](http://www.uhc.com/privacy/entities-fn-v2-en) o tawagan ang numero sa iyong ID kard ng iyong planong pangkalusugan.

### Abiso sa pagkapribado ng impormasyon sa pananalapi


**ISINASAAD NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT IBAHAGI ANG IYONG IMPORMASYONG PAMPINANSIYAL. REPASUHIN ITO NANG MABUTI.**

Magkakabisa sa Enero 1, 2019

Kami<sup>2</sup> ay magbibigay ng proteksyon sa iyong “personal na impormasyong pampinansiyal” (“FI”). Ang FI ay hindi impormasyong pangkalusugan. Ang FI ay tumutukoy sa iyo at karaniwang hindi pampubliko.

#### Ang impormasyong kinokolekta namin

- Kinukuha namin ang FI mula sa iyong mga aplikasyon o form. Maaaring ito ay pangalan, address, edad at numero ng Social Security
- Kinukuha namin ang FI mula sa iyong mga transaksyon sa amin o sa iba. Maaaring ito ay datos tungkol sa bayad na premium

100  Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](http://myuhc.com/CommunityPlan).

### **Pagbabahagi ng FI**

Ibabahagi lamang namin ang FI alinsunod sa pinapahintulutan ng batas.

Maaari naming ibahagi ang iyong FI para patakbuhin ang aming negosyo. Maaari naming ibahagi ang iyong FI sa aming mga Kaakibat. Hindi namin kailangan ang iyong pahintulot para gawin ito.

- Maaari naming ibahagi ang iyong FI para iproseso ang mga transaksyon
- Maaari naming ibahagi ang iyong FI para mapanatili ang iyong (mga) account
- Maaari naming ibahagi ang iyong FI para tumugon sa mga atas ng korte at mga legal na imbestigasyon
- Maaari naming ibahagi ang iyong FI sa mga kompanya na naghahanda ng aming mga materyales sa pagbebenta

### **Pagkakompidensyal at seguridad**

Nililimitahan namin ang access ng empleyado at provider sa iyong FI. May mga inilagay kaming proteksyon para maprotektahan ang iyong FI.

## **Abiso tungkol sa mga batas**

Maraming mga batas ang nalalapat sa Handbook ng Miyembro na ito. Maaaring makaapekto ang mga batas na ito sa iyong mga karapatan at responsibilidad kahit na hindi kasama o naipaliwanag ang mga batas sa handbook na ito. Ang mga pangunahing batas na nalalapat sa handbook na ito ay mga batas ng estado at pederal tungkol sa programang Medi-Cal. Maaaring mailapat din ang ibang mga batas ng pederal at estado.

## **Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang tagabayad sa huling pagkakataon, iba pang saklaw ng kalusugan at pagbawi sa tort**

Ang programang Medi-Cal ay sumusunod sa mga batas at regulasyon ng estado at pederal na nauugnay sa legal na pananagutan ng mga ikatlong partido para sa mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan sa mga miyembro. Gagawin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang lahat ng makatwirang paraan para matiyak na ang programang Medi-Cal ang tagapagbayad ng huling paraan.

Maaaring magkaroon ng ibang saklaw ng kalusugan (OHC) ang mga miyembro ng Medi-Cal, tinutukoy din bilang pribadong insurance ng kalusugan. Bilang kondisyon sa pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal, dapat kang mag-apply para sa at/o panatilihin anumang makukuhang OHC kung libre ito sa iyo.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).  
Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado.  
Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 7 | Mga karapatan at responsibilidad

---

Hinihingi ng federal at pang-estadong mga batas sa mga miyembro ng Medi-Cal na iulat sa OHC anumang pagbabago sa OHC. Kung hindi mo agad iulat ang OHC, maaaring kailanganin mong bayaran ulit ang DHCS para sa anumang benepisyong nabayaran nang mali. Isumite ang OHC mo nang online sa <http://dhcs.ca.gov/OHC>. Kung wala kang access sa internet, ang OHC ay puwedeng iulat sa plano ng kalusugan mo, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-541-5555 (TTY 1-800-430-7077 o 711; sa loob ng California), o 1-916-636-1980 (sa labas ng California). Ang DHCS ay may karapatan at responsibilidad na mangolekta para sa saklaw na mga serbisyo ng Medi-Cal kung saan hindi ang Medi-Cal ang unang tagapagbayad. Halimbawa, kung ikaw ay nasaktan sa isang aksidente ng sasakyan o sa trabaho, magbabayad muna ang insurance ng kotse o kompensasyon ng manggagawa, o ibabalik-bayad ng Medi-Cal.

Kung ikaw ay napinsala, at may ibang partidong mananagot para sa iyong pinsala, kailangang abisuhan mo o ng iyong legal na kinatawan ang DHCS sa loob ng 30 araw mula sa paghahain ng legal na aksyon o paghahabol. Isumite ang iyong notipikasyon sa online:

- Personal Injury Program sa <http://dhcs.ca.gov/PI>
- Workers Compensation Recovery Program sa <http://dhcs.ca.gov/WC>

Para sa higit pang kaalaman, tumawag sa 1-916-445-9891.


## Abiso tungkol sa pagbawi ng ari-arian

Ang programang Medi-Cal ay kailangang maningil ng bayad mula sa mga ari-arian ng partikular na namatay na mga miyembro ng Medi-Cal mula sa mga ibinayad, kabilang ang mga premium ng pinamamahalaang pangangalaga para sa mga serbisyo ng pasilidad ng pangangalaga, mga serbisyon nakabase sa tahanan at komunidad, at mga serbisyon kaugnay sa ospital at nakaresetang gamot na ibinigay sa namatay na miyembro ng Medi-Cal sa o pagkatapos ng ika-55 kaarawan ng miyembro. Kung walang naiwan na ari-arian ang namatay na miyembro o walang ari-arian noong namatay, walang masingil.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa pagbawi sa estate, pumunta sa <http://dhcs.ca.gov/er>. O tumawag sa 1-916-650-0490 o kumuha ng legal na payo.

## Abiso ng Pagkilos

Padadalhan ka ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ng isang liham ng Abiso ng Pagkilos o Notice of Action (NOA) anumang oras na tanggihan, antalahin, ihinto o baguhin ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang isang kahilingan para sa mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng plano, maaari kang maghain anumang oras ng apela sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Tingnan ang seksyon ng Mga Apela sa ibaba para sa mahalagang impormasyon sa paghahain ng iyong apela. Kapag nagpadala sa iyo ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ng isang NOA ipapaalam nito sa iyo ang lahat ng karapatan na mayroon ka kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon na aming ginawa.

102  Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](http://myuhc.com/CommunityPlan).



# 8. Mahahalagang numero at mga salitang aalamin

---

## Mahahalagang numero ng telepono

UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.  
Mga Serbisyo sa Miyembro **1-866-270-5785** (TTY **711**)

Medi-Cal Rx sa **1-800-977-2273** (TTY **1-800-977-2273** at pindutin ang **5** or **711**)

## Mga salitang aalamin

**Aktibong paghilab:** Ang panahon na ang isang babae ay nasa tatlong yugto ng panganganak at alinman sa hindi ligtas na ililipat sa tamang oras sa ibang ospital bago ang panganganak o makakapinsala ang paglilipat sa kalusugan at kaligtasan ng babae o ng hindi pa naisisilang na sanggol.

**Acute:** Isang medikal na kondisyon na biglaan, nangangailangan ng mabilis na medikal na atensyon at hindi tumatagal nang mahabang panahon.

**Amerikanong Indian:** Isang indibidwal, tinukoy sa title 25 ng mga seksyon ng U.S.C. na 1603(c), 1603(f), 1679(b) o na natukoy na karapat-dapat, bilang isang Indian, alinsunod sa 42 C.F.R. 136.12 o Title V ng Batas sa Pagpapahusay sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian, upang makatanggap ng mga serbisyong pangkalusugan mula sa mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa Indian (Serbisyo sa Kalusugan ng Indian, isang Tribo ng Indian, Organisasyon ng Tribo, o Organisasyon ng Urban Indian-I/T/U) o sa pamamagitan ng referral sa ilalim ng Kinontratang Mga Serbisyong Pangkalusugan.

**Apela:** Isang kahilingan ng miyembro sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na repasuhin at baguhin ang isang desisyon na ginawa tungkol sa pagsaklaw para sa hiniling na serbisyo.

**Mga Benepisyo:** Mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan at mga gamot na saklaw sa ilalim ng planong pangkalusugan na ito.

**Mga Serbisyo sa mga Bata ng California (California Children's Services o CCS):** Isang programa na nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga bata na hanggang 21 ang edad na may mga partikular na sakit at mga problema sa kalusugan.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).  
Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).



## 8 | Mahahalagang numero at salitang aalamin

---

**Kalusugan at Pag-iwas sa Kapansanan ng California (California Health and Disability Prevention o CHDP):** Isang pampublikong programa sa kalusugan na nagbabalik ng gastos sa mga pampubliko o pribadong tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga maagang pagtatasa ng kalusugan upang matukoy o maiwasan ang sakit at mga kapansanan sa mga bata at kabataan. Tinutulungan ng programa ang mga bata at kabataan na magkaroon ng access sa regular na pangangalagang pangkalusugan. Maaaring magbigay ang iyong PCP ng mga serbisyong CHDP.

**Tagapangasiwa ng kaso:** Mga rehistradong nurse o mga social worker na makakatulong sa iyong maunawaan ang mga malalalang problema sa kalusugan at makapag-aayos ng pangangalaga sa iyong mga provider.

**Sertipikadong Komadronang Nurse (Certified Nurse Midwife o CNM):** Isang indibidwal na lisensyado bilang Rehistradong Nurse at sertipikado bilang komadronang nurse ng Lupon ng Rehinstradong Pangangalaga ng California o California Board of Registered Nursing. Ang isang sertipikadong komadronang nurse ay pinapayagan na umasikaso sa mga kaso ng normal na panganganak.

**Chiropractor:** Isang provider na gumagamot sa gulugod sa pamamagitan ng manu-manong pagmamaniplula.

**Hindi gumagaling na kondisyon:** Isang sakit o iba pang medikal na problema na hindi maaaring ganap na magamot o lumalala sa paglipas ng panahon o kailangang gamutin upang hindi lumala.

**Klinika:** Isang pasilidad na maaaring piliin ng mga miyembro bilang primary care provider (PCP). Maaaring ito ay alinman Federally Qualified Health Center (FQHC), klinika ng komunidad, Rural Health Clinic (RHC), Indian Health Care Provider (IHCP) o iba pang pasilidad ng pangunahing pangangalaga.


**Community-based adult services (CBAS):** Outpatient, mga serbisyong batay sa pasilidad para sa dalubhasang pangangalaga, mga serbisyong panlipunan, mga therapy, personal na pangangalaga, pagsasanay at suporta sa pamilya at tagapaglaan ng pangangalaga, mga serbisyong pangnutrisyon, transportasyon, at iba pang mga serbisyo na para sa mga miyembro na kwalipikado.

**Mga reklamo:** Ang pasalita o nakasulat na pagpapahayag ng isang miyembro ng kanyang kawalan ng kasiyahan tungkol sa isang provider ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., o sa kalidad ng ibinigay na mga serbisyo. Ang reklamo ay pareho sa isang hinaing.

**Pagpapatuloy ng pangangalaga:** Ang kakayanan ng miyembro sa isang plano na patuloy na kumuha ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa kanilang kasalukuyang provider nang hanggang 12 buwan, kung sumang-ayon ang provider at ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

**Contract Drugs List (CDL):** Ang naaprubahang listahan ng gamot para sa Medi-Cal Rx kung saan maaaring mag-order ang iyong doktor ng mga saklaw na gamot na kailangan mo.

**Coordination of Benefits (COB):** Ang proseso ng pagtukoy sa kung aling saklaw ng seguro (Medi-Cal, Medicare, komersyal na tagaseguro o iba pa) ang may mga responsibilidad sa pangunahing paggamot at pagbayad para sa mga miyembro na may higit sa isang uri ng saklaw sa segurong pangkalusugan.

104  Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

**Copayment:** Ang babayaran mo, karaniwang sa panahon ng serbisyo, bilang dagdag sa bayad ng tagaseguro.

**Saklaw (sinasaklaw na mga serbisyo):** Ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinigay sa mga miyembro ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., na sumasailalim sa mga tuntunin, kondisyon, limitasyon at pagbubukod ng kontrata ng Medi-Cal at ayon sa nakalista sa Ebidensya ng Pagsaklaw (EOC) na ito at anumang mga pag-amyenda.

**DHCS:** Ang Departamento ng California sa mga Serbisyo ng Pangangalagang Pangkalusugan (California Department of Health Care Services o DHCS). Ito ang tanggapan ng Estado na nangangasiwa sa programang Medi-Cal.

**Pag-alis sa pagkakatala:** Ang paghinto sa paggamit sa planong pangkalusugan na ito dahil hindi ka na kwalipikado o lumipat ka sa isang bagong planong pangkalusugan. Kailangan mong punan ang isang form na nagsasaad na ayaw mo nang gamitin ang planong pangkalusugan na ito o tawagan ang HCO at umalis sa pagkakatala sa pamamagitan ng telepono.

**DMHC:** Ang Departamento ng California sa Pinangangasiwaang Pangangalagang Pangkalusugan. Ito ang tanggapan ng Estado na sumusubaybay sa mga plano ng pinamamahalaang pangangalagang pangkalusugan.

**Matibay na Kagamitang Medikal (Durable Medical Equipment o DME):** Kagamitan na medikal na kinakailangan at hiningi ng iyong doktor o ng ibang provider. Nagpapasya ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. kung bibili ba o magrerenta ng DME. Ang mga bayad sa renta ay hindi dapat mas mataas sa halaga ng pagbili. Sinasaklaw ang pagkumpuni ng medikal na kagamitan.

**Maaga at pana-panahong pagsasala, dayagnosis at paggamot (EPSDT):** Ang mga serbisyo ng EPSDT ay benepisyo para sa mga miyembro ng Medi-Cal na mas mababa sa 21 ang edad upang mapanatili silang malusog. Dapat makakuha ang mga miyembro ng tamang pagpapatingin sa kalusugan para sa kanilang edad at akmang mga pagsasala para malaman ang mga problema sa kalusugan at gamutin ang mga karamdaman nang maaga gayon din ang anumang paggamot na aalagaan o tulungan ang mga kondisyong maaaring matagpuan sa mga pagpapatingin.

**Emerhensiyang medikal na kundisyon:** Isang medikal o mental na kundisyon na may napakalalang mga sintomas, tulad ng aktibong paghilab (tingnan sa itaas ang kahulugan) o matinding kirot, na sa matalinong kaalaman sa kalusugan at medisina ng karaniwang tao ay makatwirang paniniwalaan na ang hindi pagkakaroon ng agarang medikal na pangangalaga ay maaaring:

- Maglagay sa kalusugan mo o sa kalusugan ng iyong hindi pa naisisilang na sanggol sa malubhang peligro
- Magdulot ng pinsala sa paggana ng katawan
- Maging dahilan para hindi gumana nang tama ang isang bahagi o organo ng katawan

**Pangangalaga sa emerhensiyang room:** Isang eksaminasyon na isasagawa ng doktor (o kawani sa ilalim ng direksyon ng isang doktor ayon sa pinahihintulutan ng batas) upang matukoy kung umiiral ang isang emerhensiyang medikal na kondisyon. Mga medikal na kinakailangang serbisyo na kailangan upang klinikal na mapahupa ka sa loob ng mga kakayanan ng pasilidad.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**.  
Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado.  
Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 8 | Mahahalagang numero at salitang aalamin

---

**Transportasyong para sa medikal na emerhensiya:** Ang transportasyon ay isang ambulansya o pang-emerhensiya na sasakyan patungo sa isang emerhensiya room upang tumanggap ng emerhensiya ng pangangalagang medikal.

**Nagpapatala:** Isang taong miyembro ng isang planong pangkalusugan at tumatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano.

**Establisadong pasyente:** Isang pasyenteng mayroon nang relasyon sa provider at nakita na ang provider na iyon sa loob ng partikular na panahong itinatag ng Plano.

**Mga serbisyong nakabukod:** Mga serbisyong hindi saklaw ng California Medi-Cal Program.

**Eksperimental na paggamot:** Mga gamot, kagamitan, pamamaraan o serbisyong nasa yugto ng pagtesting sa laboratoryo at/o mga pag-aaral sa hayop bago ang pagtesting sa mga tao. Ang eksperimental na mga serbisyo ay hindi sumasailalim sa klinikal na imbestigasyon.

**Mga serbisyong para sa pagpapalano ng pamilya:** Mga serbisyong para sa pagpigil o pag-antala ng pagbubuntis.

**Kwalipikado sa Pederal na Sentro ng Kalusugan (Federally Qualified Health Center o FQHC):** Isang sentro ng kalusugan sa isang lugar na kakaunti ang mga tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari kang makakuha ng pangunahin at pang-iwas sa sakit na pangangalaga sa isang FQHC.

**Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal:** Minsan hindi sinasaklaw ng iyong Medi-Cal na plano ang mga serbisyo ngunit maaari mo pa ring makuha ang mga ito sa pamamagitan ng Medi-Cal FFS, tulad ng maraming serbisyo sa parmasya sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal Rx.


**Follow-up na pangangalaga:** Regular na pangangalaga ng doktor upang suriin ang progreso ng pasyente pagkatapos ng pagkakaospital o sa panahon ng kurso ng paggamot.

**Pormularyo:** Isang listahan ng mga gamot o item na nakakatugon sa partikular na pamantayan at aprubado para sa mga miyembro.

**Panloloko:** Isang isinadyang gawain para manlinlang o maling kumatawan na ginawa ng isang tao na nakakaalam na ang panlilinlang ay maaaring magresulta sa ilang hindi awtorisadong benepisyo para sa tao o sa iba pa.

**Freestanding na mga Sentro ng Panganganak (Freestanding Birth Centers o FBCs):** Mga pasilidad ng kalusugan kung saan iplananong maganap ang panganganak mula sa tirahan ng buntis na babae na lisensyado o kung hindi man ay aprubado ng estado upang magbigay ng prenatal na paghilab at panganganak o postpartum na pangangalaga at iba pang mga serbisyong ambulatoryo na kasama sa plano. Ang mga pasilidad na ito ay hindi ospital.

**Hinaing:** Isang pasalita o pasulat na pahayag ng miyembro ng kanyang kawalan ng kasiyahan tungkol sa isang provider ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc., isang provider, o ibinigay na mga serbisyo. Ang reklamo ay isang halimbawa ng isang hinaing.

106  Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

**Mga serbisyo ng habilitasyon at mga aparato:** Mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan na tumutulong sa iyong panatilihin, matutunan o mapahusay ang mga kakayanan at pagkilos para sa pang-araw-araw na pamumuhay.

**Mga Opsyon sa Pangangalaga ng Kalusugan (HCO):** Ang programa na maaaring magtala sa iyo o mag-alis mula sa pagkakatala sa iyo mula sa planong pangkalusugan.

**Mga tagapaglaan ng planong pangkalusugan:** Mga doktor at espesyalista tulad ng mga nag-oopera, mga doktor na gumagamot ng kanser o mga doktor na gumagamot sa mga espesyal na bahagi ng katawan, nakikipagtulungan sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. o nasa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Ang mga provider sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay kailangang may lisensya upang makapagtrabaho sa California at makapagbigay sa iyo ng serbisyo na sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

Karaniwang kailangan mo ng isang rekomendasyon mula sa iyong PCP para makapunta sa isang espesyalista. Ang iyong PCP ay kailangang kumuha ng paunang pag-apruba mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. bago ka makakuha ng pangangalaga mula sa espesyalista.

**Hindi** mo kailangan ng rekomendasyon mula sa iyong PCP para sa ilang uri ng serbisyo, tulad ng pagpapalano ng pamilya, pangangalagang emerhensiya, pangangalaga ng OB/GYN o mga sensitibong serbisyo.

**Segurong pangkalusugan:** Saklaw sa seguro na nagbabayad para sa mga medikal na gastos at mga gastos sa operasyon sa pamamagitan ng muling pagbabayad sa nakaseguro para sa mga nagastos sa sakit o pinsala o direktang pagbabayad sa tagapaglaan ng pangangalaga.

**Pangangala sa kalusugan sa tahanan:** Dalubhasang pangangalaga at ibang mga serbisyo na ibinibigay sa tahanan.

**Mga tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan sa tahanan:** Mga provider na nagbibigay sa iyo ng dalubhasang pangangalaga at ibang mga serbisyo sa tahanan.


**Hospisyo:** Pangangalaga para mabawasan ang mga kawalan ng ginhawang pisikal, emosyonal, sosyal at espiritual para sa miyembrong may nataningang sakit. Magagamit ang pangangalaga sa hospisyo kung ang miyembro ay inaasahang mabubuhay nang 6 na buwan o mas mababa.

**Ospital:** Isang lugar kung saan ka makakakuha ng inpatient at outpatieng na pangangalaga mula sa mga doktor at nurse.

**Pagkakaospital:** Pagka-admit sa isang ospital para sa paggamot bilang isang inpatient.

**Pangangalaga ng outpatient sa ospital:** Pangangalagang medikal o operasyon na isinagawa sa isang ospital nang walang pag-admit bilang isang inpatient.

**Indian Health Care Provider (IHCP):** Isang klinika ng kalusugan na pinamamahalaan ng Indian Health Service (IHS) o ng isang Tribo ng Indian, Organisasyon ng Tribo, o Organisasyon ng Urban Indian.

 Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 8 | Mahahalagang numero at salitang aalamin

---

**Pangangalaga na inpatient:** Kapag kailangan mong manatili magdamag sa isang ospital o ibang lugar para sa medikal na pangangalaga na kailangan mo.

**Sinisiyasat na paggamot:** Isang gamot na panggamot, biolohikal na produkto o device na matagumpay na nakumpleto ang unang yugto ng klinikal na pagsisiyasat na aprubado ng FDA per hindi aprubado para sa pangkalahatang gamit ng FDA at nananatiling sumasailalim sa pagsisiyasat sa isang klinikal na pagsisiyasat na aprubado ng FDA.

**Pangmatagalang pangangalaga:** Pangangalaga sa isang pasilidad na mas matagal sa buwan ng pagka-admit.

**Plano sa pinangangasiwaang pangangalaga:** Isang plano ng Medi-Cal na gumagamit lamang ng mga partikular na doktor, espesyalista, klinika, parmasya, at ospital para sa mga tumatanggap ng Medi-Cal na nakatala sa plano na ito. Ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ay isang plano ng pinangangasiwaang pangangalaga.

**Medi-Cal Rx:** Isang serbisyo sa benepisyong parmasya ng Medi-Cal na kilala bilang “Medi-Cal Rx” na nagbibigay ng mga benepisyong at serbisyo sa parmasya, kabilang ang mga nakaresetang gamot at ilang mga medikal na supply sa lahat ng benepisyaryong ng Medi-Cal.


**Medikal na tahanan:** Isang modelo ng pangangalaga na maglalaan ng mas mahusay na kalidad ng pangangalaga, magpapahusay sa sariling pangangasiwa ng mga miyembro sa kanilang sariling pangangalaga at para mabawasan ang maiiwasang mga gastos sa paglipas ng panahon.

**Medikal na transportasyon:** Ang transportasyon kapag hindi ka makakarating sa isang saklaw na medikal na appointment at/o para kunin ang mga reseta sa pamamagitan ng kotse, bus, tren o taxi. Binabayaran ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang pinakamababang gastos sa transportasyon para sa mga medikal mong pangangailangan kapag kailangan mo ng sasakyan para sa appointment mo.

**Medikal na kinakailangan (o Medikal na Kailangan):** Ang medikal na kinakailangang pangangalaga ay mga mahalagang serbisyo na makatwiran at nakakaprotekta ng buhay. Ang pangangalaga na ito ay kinakailangan upang mahadlangan ang pagkakasakit ng mga pasyente nang malubha o pagkakaroon ng kapansanan. Binabawasan ng pangangalagang ito ang malubhang kirot sa pamamagitan ng paggamot sa sakit, karamdaman o pinsala. Para sa mga miyembro na mas mababa ang edad sa 21, ang mga serbisyon ng Medi-Cal ay kinabibilangan ng pangangalaga na medikal na kinakailangan upang ayusin o tulungan ang isang pisikal o mental na karamdaman o kondisyon, kabilang ang karamdaman sa paggamit ng substance, tulad ng nakasaad sa Seksyon 1396d(r) ng Title 42 ng United States Code.

**Medicare:** Ang programa ng federal na seguro ng kalusugan para sa mga taong edad 65 o mas matanda, ilang mga mas batang tao na may mga kapansanan, at mga taong may nasa huling yugto na sakit sa bato (permanenteng pagpalya ng bato na nangangailangan ng dialysis o pag-transplant, tinatawag minsan na ESRD).

**Miyembro:** Sinumang karapat-dapat na miyembro ng Medi-Cal na nakatala sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na kwalipikadong makatanggap ng mga sinasaklaw na serbisyo.

108  Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

**Tagapaglaan ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip:** Mga lisensyadong indibidwal na nagbibigay ng serbisyo sa kalusugan ng isip at kalusugan ng pag-uugali sa mga pasyente.

**Mga serbisyo ng komadrona:** Prenatal, intrapartum, at postpartum na pangangalaga, kabilang ang pangangalaga sa pagpapalano ng pamilya para sa ina at agarang pangangalaga sa bagong silang, na ibinibigay ng sertipikadong mga komadronang nurse (CNM) at mga lisensyadong komadrona (LM).

**Network:** Isang grupo ng mga doktor, klinika, ospital at iba pang mga provider na nakipagkontrata sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. upang magbigay ng pangangalaga.

**Tagapaglaan ng serbisyo sa network (o providern na nasa loob ng network):** Pumunta sa “Kalahok na provider.”

**Mga hindi sakop na serbisyo:** Isang serbisyo na hindi sinasaklaw ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

**Wala sa pormularyo na gamot:** Isang gamot na hindi nakalista sa pormularyo ng gamot.

**Transportasyong hindi medikal:** Ang transportasyon kapag naglalakbay patungo at mula sa isang appointment para sa isang saklaw na serbisyo ng Medi-Cal na pinahintulutan ng iyong provider at kapag kumukuha ng mga reseta at medikal na suplay.

**Hindi kalahok na provider:** Isang provider na wala sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

**Iba pang saklaw sa kalusugan (OHC):** Ang iba pang saklaw sa kalusugan (OHC) ay tumutukoy sa pribadong mga segurong pangkalusugan at tagapagbayad ng serbisyo bukod sa Medi-Cal. Ang mga serbisyo ay maaaring kabilangan ng medikal, dental, paningin, parmasya at/o mga suplementong plano ng Medicare (Bahagi C at D).

**Orthotic na aparato:** Isang aparato na ginagamit bilang suporta o brace na nakalagay sa labas ng katawan upang suportahan o maitama ang hindi malalang pinsala o may sakit na bahagi ng katawan at medikal na kinakailangan para sa medikal na paggaling ng miyembro.

**Mga serbisyo sa labas ng lugar:** Mga serbisyo habang ang isang miyembro ay nasa saanmang lugar sa labas ng sineserbisyuhang lugar.

**Mga provider sa labas ng network:** Isang provider na wala sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).  
Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang  
7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado.  
Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
[myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).



## 8 | Mahahalagang numero at salitang aalamin

---

**Pangangalaga sa outpatient:** Kapag hindi mo kailangang manatili sa gabi sa isang ospital o iba pang lugar para sa medikal na pangangalaga na kailangan mo.

**Mga pang-outpatient na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip:** Mga outpatient na serbisyo para sa mga miyembro na may banayad hanggang katamtaman na kondisyon sa kalusugan ng isip kabilang ang:

- Pang-indibidwal o pang-grupong pagsusuri sa kalusugan ng pag-iisip at paggamot (psychotherapy)
- Sikolohikal na pagsusuri kapag klinikal na kinakailangan upang suriin ang kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyong pang-outpatient para sa mga layuning pagsubaybay sa terapiya ng gamot
- Psychiatric na konsultasyon
- Pagsusuri sa laboratoryo na pang-outpatient, mga supply at mga suplemento

**Palliative na pangangalaga:** Pangangalaga para mabawasan ang mga kawalan ng ginhawa sa pisikal, emosyon at espiritual para sa miyembrong may seryosong sakit. Hindi kinakailangan ng pangangalagang palliative na ang miyembro ay mayroong taning sa buhay na 6 buwan o mas maikli.


**Kalahok na ospital:** Isang lisensyadong ospital na nakipagkontrata sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. upang magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro sa panahon na nakakatanggap ang miyembro ng pangangalaga. Ang mga sinasaklaw na serbisyo na maaaring ialok ng ilang kalahok na ospital sa mga miyembro ay nililimitahan ng pagrepaso ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa paggamit at mga patakaran sa pagtiyak sa kalidad o ng kontrata ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. sa ospital.

**Kalahok na provider (o kalahok na doktor):** Isang doktor o ospital o iba pang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensyadong pasilidad ng kalusugan, kabilang ang mga sub-acute na pasilidad na may kontrata sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. upang magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro sa panahon na nakakatanggap ang miyembro ng pangangalaga.

**Mga serbisyo ng doktor:** Mga serbisyong ibinigay ng taong lisensyado sa ilalim ng batas ng estado upang magsanay sa medisina o osteopathy, hindi kabilang ang mga serbisyong iniaalok ng mga doktor habang naka-admit ka sa ospital na sinisingil sa bill ng ospital.

**Plano:** Pumunta sa “Pinangangasiwaang plano ng pangangalaga.”

**Mga serbisyong post-stabilization:** Saklaw ang mga serbisyong nauugnay sa isang emerhensiya na kundisyong medikal na ibinibigay matapos ang isang miyembro ay maitatag upang mapanatili ang matatag na kondisyon. Ang mga serbisyong pangangalaga sa post-stabilization ay saklaw at binabayaran. Ang mga ospital na nasa labas ng network ay maaaring kailanganin ng paunang pag-apruba.

110  Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).



**Paunang pag-apruba (o paunang pahintulot):** Ang iyong PCP ay kailangang kumuha ng pag-apruba

mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. bago ka makakuha ng mga partikular na serbisyo. Aaprubahan lamang ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyong kailangan mo. Hindi aaprubahan ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. ang mga serbisyo ng mga hindi kalahok na provider kung naniniwala ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. na makakakuha ka ng kapareho o higit na naaangkop na mga serbisyo sa pamamagatan ng mga provider ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Ang isang rekomendasyon ay hindi isang pag-apruba. Kailangang kumuha ka ng pag-apruba mula sa UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

**Saklaw ng inireresetang gamot:** Pagkakasaklaw para sa mga gamot na inireseta ng isang provider.

**Mga inireresetang gamot:** Isang gamot na kailangan ng kautusan ayon sa batas na mula sa isang lisensiyadong provider para maibigay.

**Pangunahing pangangalaga:** Pumunta sa “Kalakarang pangangalaga.”

**Primary care provider (PCP):** Ang lisensiyadong provider mo para sa karamihan ng iyong pangangalagang pangkalusugan. Tutulong ang iyong PCP sa pagkuha ng pangangalagang kailangan mo. Ang ilang pangangalaga ay kailangang maaprubahan muna, maliban kung:

- Mayroon kang emerhensiya
- Kailangan mo ng pangangalaga ng OB/GYN
- Kailangan mo ng mga sensitibong serbisyo
- Kailangan mo ng mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya/pamigil sa pagbubuntis

Ang iyong PCP ay maaaring isang:

- Pangunahing tagapag-alagang doktor
- Internist
- Pediatrician
- Pampamilyang practitioner
- OB/GYN
- Indian Health Care Provider (IHCP)
- Federally Qualified Health Center (FQHC)
- Rural na Klinikang Pangkalusugan (Rural Health Clinic o RHC)
- Nurse na practitioner
- Assistant ng doktor
- Klinika



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

## 8 | Mahahalagang numero at salitang aalamin

---

**Paunang pag-apruba (paunang pahintulot):** Isang pormal na proseso na nangangailangan ng tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan upang makakuha ng pag-apruba para maibigay ang partikular na mga serbisyo o mga pamamaraan.

**Prosthetic na aparato:** Isang artipisyal na aparato na nakakabit sa katawan upang palitan ang nawawalang bahagi ng katawan.

**Direktoryo ng Provider:** Isang listahan ng mga provider sa network ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.

**Sikayatrikong emerhensiya ng medikal na kundisyon:** Isang problema sa isip kung saan ang mga sintomas ay seryoso o malubha para magdulot ng agarang panganib sa iyong sarili o sa iba o hindi ka kaagad makapagbigay o makagamit ng pagkain, tirahan o damit dahil sa problema sa pag-iisip.

**Mga serbisyo sa pampublikong kalusugan:** Mga serbisyo sa kalusugan na nakatuon sa kabuuang populasyon. Kinabibilangan ito ng, kasama sa iba pa, pag-aanalisa ng sitwasyon ng kalusugan, pagsusubaybay sa kalusugan, pagtataguyod ng kalusugan, mga serbisyong pang-iwas sa sakit, pagkokontrol ng nakakahawang sakit, pagpoprotekta at paglilinis sa kapaligiran, kahandaan at pagtugon sa sakuna, at kalusugan sa trabaho.

**Kwalipikadong provider:** Doktor na kwalipikado sa larangan ng pagsasanay na naaangkop upang gamutin ang iyong kondisyon.

**Reconstructive na operasyon:** Operasyon upang itama o ayusin ang mga hindi normal na istruktura ng katawan para mapahusay ang paggana o makalikha ng normal na itsura sa lawak na posible. Ang mga hindi normal na istruktura ng katawan ay iyong mga dulot ng depekto sa pagkapanganak, mga abnormalidad habang lumalaki, trauma, impeksyon, mga tumor, o sakit.

**Referral:** Kapag sinabi ng iyong PCP na maaari kang kumuha ng pangangalaga mula sa ibang provider. Ang ilang sinasaklaw na mga serbisyo sa pangangalaga ay nangangailangan ng referral at paunang pag-apruba (paunang pahintulot).


**Mga serbisyo at aparato para sa terapiya rehabilitasyon at habilitasyon:** Ang benepisyo na ito ay may kasamang mga serbisyo at aparato upang matulungan ang mga taong may pinsala, kapansanan o hindi gumagaling-galing na kondisyon upang makamit o mabawi ang mga kasanayan sa pag-iisip at pisikal.

**Kalakarang pangangalaga:** Mga medikal na kinakailangang serbisyo at pang-iwas sa sakit na pangangalaga, mga well child na pagpapatingin, o pangangalaga tulad ng rutinang follow-up na pangangalaga. Ang layunin ng karaniwang pangangalaga ay upang pigilan ang mga problemang pangkalusugan.

**Rural na Klinikang Pangkalusugan (Rural Health Clinic o RHC):** Isang sentro ng kalusugan sa isang lugar na kakaunti ang mga tagapaglaan ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari kang makakuha ng pangunahin at pang-iwas sa sakit na pangangalaga sa isang RHC.

**Mga sensitibong serbisyo:** Mga serbisyo para sa pagplano ng pamilya, mga impeksyon na naipapasa sa pakikipagtalik (STIs), HIV/AIDS, sekswal na pagsasamantala at mga pagpapalaglag.

**Seryosong sakit:** Isang sakit o kondisyon na kailangang gamutin at maaaring humantong sa kamatayan.

112  Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785 (TTY 711)**. Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

**Sineserbisyuhang lugar:** Ang heograpikong lugar na pinaglilingkuran ng UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. Kinabibilangan ito ng County ng San Diego.

**Dalubhasang pangangalaga:** Mga sinasaklaw na serbisyo na ibinibigay ng mga lisensyadong nurse, mga technician at/o mga therapist sa panahon ng pananatili sa pasilidad ng dalubhasang pangangalaga o sa tahanan ng miyembro.

**Pasilidad ng Dalubhasang Pangangalagay:** Isang lugar na nagbibigay ng 24 oras sa isang araw na pangangalaga na maaari lamang ibigay ng mga nagsanay na propesyonal.

**Espesyalista (o espesyalistang doktor):** Isang doktor na gumagamot sa ilang uri ng problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ang isang orthopedic ang taga-opera na gumagamot sa mga nabaling buto; ang isang allergist ay gumagamot ng mga allergy; at ang isang cardiologist ay gumagamot sa mga problema sa puso. Sa karamihan ng kaso, kailangan mo ng rekomendasyon mula sa iyong PCP para makapunta sa isang espesyalista.

**Mga espesyalidad na serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip:** Ang mga serbisyo para sa mga miyembro na may mga pangangailangan para sa serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na mas mataas na antas ng pinsala kaysa sa banayad hanggang katamtaman.

**Sakit na may taning:** Isang medikal na kondisyon na hindi na maibabalik at karaniwang humahantong sa kamatayan sa loob ng isang taon o mas mababa kung susundin ng sakit ang karaniwang kurso nito.

**Triage (o pagsasala):** Ang pagsusuri sa iyong kalusugan ng isang doktor o nurse na nagsanay para sa layuning matukoy ang pagiging kagyat ng pangangailangan mo para sa pangangalaga.

**Agarang pangangalaga (o agarang mga serbisyo):** Mga serbisyong ibinibigay para gamutin ang sakit, pinsala o kondisyong hindi emerhensiya na nangangailangan ng medikal na pangangalaga. Makakakuha ka ng agarang pangangalaga mula sa provider na nasa labas ng network, kung ang mga provider ng network ay pansamantalang hindi available o hindi ma-access.



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).  
Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang  
7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado.  
Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
[myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).



# Narito kami para sa iyo

---

Tandaan, lagi kaming handang sagutin ang anumang mga tanong na maaaring mayroon ka. Tumawag lang sa mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**) 7:00 a.m.–7:00 p.m. PST, Lunes–Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Maaari mo ring bisitahin ang aming website sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc.  
4365 Executive Drive, Suite 500  
San Diego, CA 92121

[myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan)

**1-866-270-5785** (TTY **711**)

**United  
Healthcare  
Community Plan**

114



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**). Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang 7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

**Talaan ng mga nilalaman**



Tawagan ang mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-866-270-5785** (TTY **711**).  
Narito ang UnitedHealthcare Community Plan of California, Inc. 7:00 a.m. hanggang  
7:00 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes, maliban sa mga pista opisyal ng Estado.  
Libre ang tawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
[myuhc.com/CommunityPlan](https://myuhc.com/CommunityPlan).

